2026
ABR - HUN

Vol 102, No 2
Pansabadong Mga Aralin sa Biblia
Sangay ng Nakatatanda



# Mga Mahahalagang Aral ng Propesiya

Pagsaliksik sa ministeryo
nina Daniel at Juan bilang propeta

# Mga Nilalaman

1. Pagpapakilala sa Propesiya ........ 5
2. Ang Sugo ng Dios sa mga Hari ........ 10
3. Ang mga Kaharian sa Darating na Panahon ay Inihayag ........ 15
4. Ang Unang Pangitain ni Daniel ........ 20
5. Ang Pagkakasunod-sunod ng mga Kaharian ........ 26
6. Ang Pangitain ay Ipinaliwanag ........ 31
7. Ang Natatatakang Aklat ay Muling Binuksan ........ 36
8. Ang Propeta ng Patmos ........ 41
9. Ang Dragon, ang Babae, at ang Nalabi ........ 46
10. Ang Hayop at ang Tanda ........ 52
11. Ang Tatlong Anghel ........ 57
12. Ang Pang-huling Panawagan ........ 62
13. Ang Inihulang Katapusan ........ 67

*Pansabadong mga Aralin sa Biblia*, isang programang pang-araw araw na pag-aaral, ay nakabatay lamangsa Bibliya at Espiritu ng Hula na walang karagdagang mga pagpapaliwanag. Ang mga sipi ay mas maiklihangga't maaari upang makapagbigay ng buod, direktang mga kaisipan. Ang mga panaklong [ ] ay ginagamit sa ilang mga sitwasyon upang magbigay-linaw, wastong pagkakaugnay ng kahulugan, at maalwangpagbabasa. Ang karagdagang pag-aaral sa mga sinipinh babasahin ay mariing iminumungkahi.

**Illustrations and Cover**: Italian Church, Côte D'Ivoire Mission, Prague Church, H. Cibalde

Copyright © 2026 by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019, USA. Telephone: 1-540-362-1800 • Web: www.sdarm.org • E-mail: info@sdarm.org

*Sabbath Bible Lessons* (USPS 005-118), Vol. 102, No. 2, Abril - Hun 2026. Published quarterly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department. Printed, and distributed by Reformation Herald Publishing Association, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019–5048, U.S.A. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022–9993.

**U.S.A. and Canada**
Contact: Telephone 1-540-366-9400 • Website: www.reformationherald.com • E-mail: info@reformationherald.org

Annual subscriptions in U.S.A.: U.S. $22.00. Large print $33.00. International $21.00 plus shipping. Large print international $31.00 plus shipping. Single copies $6.00. Large print $9.00. Please send subscription requests and payments (in U.S. currency only) to the address below. Prices subject to change without notice.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019–0240.

**Australia**
Contact: Telephone 61-2-9627-7553 • Website: www.sdarm.org.au • E-mail: info@sdarm.org.au
Annual subscriptions in Australia and New Zealand: AU $34.00 (individual copies $8.50). Other countries, AU $34.00 plus shipping. Please send subscription requests and payments (in Australian currency) to the address: Sabbath Bible Lessons, P.O. Box 132, Riverstone NSW 2765, Australia.

**South Africa**
Contact: Telephone 27-011-336-7064 • Website: www.sdarmsa.org.za • E-mail: admin@sdarmsa.org.za

Annual subscriptions in South Africa: R120-00 (single copies R35-00). Please send subscription requests and payments to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O Box 7950, Johannesburg 2000, South Africa.

# Paunang Salita

Ang Biblia ay isinulat at iningatan ng Dios bilang isang kinasihang gabay na aklat para sa atin. Ang mga kasaysayang nilalaman nito ay nagpapakita ng hindi mabilang na mga aral para sa ating mga personal na buhay at sa mga panahong ating ginagalawan. Ang talaang ito ng pagkilos ng Dios sa kasaysayan ng mga bansa at ng Kaniyang bayan ay nagpapasigla sa atin at nagbibigay-katiyakan sa atin ng Kaniyang pag-ibig. At ang pinakamahalagang patotoo nito—ay ang kasaysayan ng buhay at mensahe ni Hesus—ang pumupukaw sa pag-ibig sa ating puso para sa Dios, "sapagkat siya ang unang umibig sa atin" (1 Juan 4:19).

Isa sa mga kamangha-manghang katangian ng ating Dios na matatagpuan sa Biblia ay ang Kanyang kaalaman sa hinaharap—nakikita Niya "ang wakas mula sa pasimula" (Isaias 46:10). Ito ay nagbibigay-daan sa Kaniya upang gamitin ang Kaniyang walang hanggang kapangyarihan upang isakatuparan ang "lahat ng mga bagay . . . na nagkakalakip para sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios" (Roma 8:28). Hindi lamang ito, kundi sa ilang pagkakataon ay pinipili Niyang ihayag sa Kaniyang bayan ang "mga bagay na nararapat mangyaring madali" (Pahayag 1:1). Ito ay nagbibigay sa atin ng matibay na pananalig sa Kaniyang pag-ibig at sa Kaniyang probidensya, at isa sa mga patunay na ang Bibliya ay tunay na kinasihan ng Dios. Ang katotohanan na ang propesiya ay patuloy na natutupad ayon sa mga pahina ng kasaysayan at ang paglalahad ng mga kasalukuyang kaganapan ay nagpapakita na ang salita ng Dios ay higit pa sa imbensyon ng tao.

Ang propesiya ay napakahalaga sa mga anak ng Dios. Ang Kaniyang pagpapala ay ipinapahayag sa "bumabasa, at sa nangakikinig sa mga salita ng hula, at tumutupad sa mga bagay na nangasusulat doon" (Pahayag 1:3).

Sa mga isinulat ng mga propeta, dalawa ang namumukod-tangi na naglalaman ng detalyado at sistematikong mga hula ng mga balangkas ng kasaysayan. Sina Daniel at Juan ay pinagkatiwalaan ng mga natatanging mensaheng ito, at ang kanilang mga aklat, ang *Daniel and The Revelation*, ang siyang pagtutuonan ng edisyon ngayong quarter ng *Pansabadong mga Aralin sa Biblia.*

Sa susunod na tatlong buwan, pag-aaralan ng mga mag-aaral sa Sabbath School ang mga kasaysayan nina Daniel at Juan, at ang ilan sa mahahalagang bahagi ng mga propesiya na kanilang naitala. Ang mga ito ay naglalatag ng balangkas para sa pag-unawa sa *Advent message* at sa mga espirituwal at ukol sa pang-gobyernong pagkilos ng nakaraan at kasalukuyan.

Bagama't hindi matatalakay ang bawat bahagi ng parehong aklat ngayong kwarter, hinihikayat ang mga mag-aaral na gumawa ng mas malalim na pag-aaral sa kabuuan ng nilalaman, kasama ang kanilang kaugnayan at mga ugnayan sa iba pang bahagi ng Biblia.

Isa sa mga pinakamahusay na mapagkukunan na magagamit ng kapwa mga mag-aaral at mga guro ng Sabbath School sa pag-unawa sa mga detalye ng mga propesiyang ito ay ang klasikong aklat ni Uriah Smith, *Thoughts on Daniel and the Revelation*. Lubos namin itong inirerekomenda bilang pantulong sa pag-aaral sa buong kwarter na ito.

Dalangin namin na pagpalain kayo sa pamamagitan ng inyong pag-aaral ng mga propesiyang ito, sapagkat tunay ngang "ang panahon ay malapit na" (Pahayag 1:3).

*Ang General Conference Sabbath School Department*

# Handog sa Unang Sabbath

**Abril 4, 2026**



## Headquarters para sa Italian Field

Ang Italy, isang magandang bansa na matatagpuan sa puso ng Mediterranean Sea, ay tanyag sa buong mundo dahil sa sinaunang kasaysayan, walang kapantay na sining, masarap na pagkain, at nakamamanghang tanawin. Bukod sa pagiging isa sa mga nangungunang destinasyon ng turista sa mundo, isa rin itong mahalagang pinagkukunan ng produkto sa industriya at agrikultura. Sa mahigit 60 milyong mamamayan, ginagarantiyahan ng Italy ang kalayaan sa relihiyon sa pamamagitan ng Konstitusyon nito. Gayunpaman, ang Katolisismo ay nananatiling pangunahing pananampalataya na may 74% ng populasyon, na sinusundan ng mga Kristiyanong hindi Katoliko sa 9.3%, at—dahil sa kasalukuyang daloy ng paglipat-lipat ng mga tao—ang lumalaking presensya ng Islam na kasalukuyang nasa 3.6%. Sinusundan ito ng iba pang mga maliliit na relihiyon, at ang ateismo at agnostisismo ay tumataas din.

Ang mensahe ng *SDA Reform Movement* ay unang ipinangaral sa Italy noong 1926, ngunit noong 1939/40 lamang inorganisa ang mga unang grupo ng mga Repormador. Simula noong dekada 1990, sa pagdating ng ilang mga misyonero mula sa Timog Amerika, Portugal at pagkatapos ay Romania, ang gawain ay lumago kasabay ng pagtatatag ng iba pang mga grupo sa iba't ibang bahagi ng bansa. Simula noon, ang mensahe ay naipahayag nang may pagtitiyaga at naitatag sa iba't ibang lugar sa loob ng lupain; ngayon tayo ay mayroon ng mahigit 130 na mga kaanib na nakakalat sa 6 na iglesia, dalawang grupo, at mga *isolated* na mga kaanib.

Sa kasalukuyan, mayroon lamang kaming isang *church building*, na matatagpuan sa dulong hilagang-silangan ng bansa, sa lungsod ng Trieste. Gayunpaman, nakikita namin ang agarang pangangailangan para sa isang estratehikong lugar upang magsilbing haligi ng lakas at espirituwal na paglago para sa bayan.

Ang lugar na ito ang magiging headquarters ng Field – at ang sentralisadong lokasyon nito ay magbibigay-daan sa maraming kapatid na makalahok sa mga nakaplanong gawain, tulad ng *missionary training* sa mga kabataan sa pamamagitan ng mga seminar, mga programang pangmusika, mga *missionary projects* na nakatuon sa pangkalusugan, at mga pagtuturo sa *plant-based* na pagluluto. Naniniwala kami na ang lugar na ito ay magiging mahalaga sa pagsulong ng gawain ng Panginoon sa Italy, kaya inaanyayahan namin ang ating mga kapatid na lalaki, at mga kapatid na babae, at mga kaibigan mula sa buong sanlibutan na suportahan ng sagana ang planong ito sa pamamagitan ng kanilang mga handog.

Sa pamamagitan ng biyaya ni Hesus at sa inyong pakikipagtulungan, makakamit natin ang layuning ito, mapapalakas ang gawain para sa ebanghelio sa bansang ito, at madadala ang mensahe ng kaligtasan sa mas marami pang kaluluwa. Nawa ay pagpalain kayo ng Panginoon at gantimpalaan kayo nang sagana!

*Ang inyong mga kapatid mula sa Italian Field*

# Pagpapakilala sa Propesiya

**SAULUHING TALATA:** "At kami ay mayroong lalong panatag na salita ng hula; na mabuti ang inyong ginagawa kung ito'y inyong sinusundan, na gaya ng sa isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim, hanggang sa pagbubukang liwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso" (2 Pedro 1:19)

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 593–602.

"Ang kasaysayan at propesiya ay nagpapatunay na ang Dios ng buong kalupaan ay naghahayag ng mga lihim sa pamamagitan ng Kaniyang mga piniling tagapagdala ng liwanag sa sanglibutan."—*Bible Training School,* December 1, 1912.

## 1. ANG WALANG-HANGGANANG ISIPAN — Lin, Mar 29

a. Ano ang tanging Dios lamang ang may kakayanang makita? Isaias 46:9, 10.

"Ang AKO NGA ay nangangahulugang isang walang hanggang presensya; ang Dios ay pareho sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Nakikita Niya ang pinakamalayong mga pangyayari sa nakaraang kasaysayan, at ang pinaka-malayong hinaharap nang may kasinglinaw na pananaw tulad ng nakikita natin sa mga bagay na nagaganap araw-araw."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 1, p. 1099.

b. Ano ang ginagawa ng ating Panginoon sa kaalamang ito? Daniel 2:20–22.

"Sa itaas ng mga kaguluhan ng sanlibutan [ang Dios] ay nakaluklok sa trono; ang lahat ng bagay ay lantad sa Kaniyang banal na pagsusuri; at mula sa Kaniyang dakila at walang hanggang kapayapaan ay Kaniyang isinasaayos ang pinakamabuti na nakikita ng Kaniyang probidensya."—*The Ministry of Healing,* p. 417.

"Sa mga talaan ng kasaysayan ng tao, ang paglago ng mga bansa, ang pag-angat at pagbagsak ng mga kaharian, ay tila umaasa sa kagustuhan at kahusayan ng tao; ang paghubog ng mga pangyayari ay tila, sa malaking antas, ay natutukoy ng kanyang kapangyarihan, ambisyon, o kapritso. Subali't sa salita ng Dios, ang tabing ay nahahawi, at ating nakikita, sa itaas, sa likod, at sa lahat ng pagkilos at pagsalungat ng hangarin at kapangyarihan at mga pagnanasa ng tao, ang mga ahensya ng Maawain sa Lahat, ay tahimik, matiyagang isinasagawa ang mga payo ng Kaniyang sariling kalooban."—*Prophets and Kings,* pp. 499, 500.

## 2. MGA LIHIM NA IPINAHAYAG

Lun, Mar 30

a. Ano ang ginagawa ng Dios kapag handa nang isakatuparan ang Kaniyang kalooban sa lupa? Amos 3:7; Pahayag 1:1.

"'Ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi Kaniyang ihahayag ang Kaniyang lihim sa Kaniyang mga lingkod na mga propeta.' Habang 'ang mga lihim na bagay ay nauukol sa Panginoon nating Dios,' 'ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mga anak magpakailanman.' Amos 3:7; Deuteronomio 29:29. Ang Dios ay ibinigay ang mga bagay na ito sa atin, at ang Kaniyang pagpapala ay sasama sa sinumang mag-aaral nang magalang at may pananalangin sa mga banal na kasulatan ng mga propesiya."—*The Desire of Ages,* p. 234.

b. Bakit pinadadalhan tayo ng Dios ng gayong mga mensahe? 1 Juan 3:1; Juan 1:12; Colosas 1:25–28.

"Ang Biblia ay isang nakakamanghang aklat. Ito ay isang kasaysayan na nagbubukas sa atin ng mga nagdaang mga siglo. Kung wala ang Biblia, maiiwan sana tayo sa mga haka-haka at alamat tungkol sa mga pangyayari sa mga nakalipas na panahon. Ito ay isang propesiya na naghahayag ng hinaharap. Ang salita ng Dios na naglalahad sa atin ng plano ng kaligtasan, na nagtuturo sa paraan kung paano natin matatakasan ang walang hanggang kamatayan at makakamit ang buhay na walang hanggan. Sa dami ng mga aklat na bumabaha sa sanlibutan, gaano man ito kahalaga, ang Biblia ang Aklat ng mga aklat, na pinakakarapat-dapat sa ating pag-aaral at pagpapahalaga. Nagbibigay ito hindi lamang ng kasaysayan ng sanlibutang ito kundi ng paglalarawan din ng sanlibutang darating. Naglalaman ito ng mga tagubilin tungkol sa mga nakakamanghang bagay ng daigdig, inihahayag nito sa ating pag-unawa ang katangian ng Gumawa ng langit at lupa. Dito matatagpuan ang paghahayag ng Dios sa tao."—*The Signs of the Times,* January 30, 1893.

c. Ano ang pinakamahalagang kaalaman na dapat nating pagsikapan? Jeremias 9:23, 24; Juan 17:3; Efeso 3:17–19.

"Sa salita ng Dios, ang isipan ay nakakahanap ng paksa para sa pinakamalalim na pagninilay, ang pinakamataas na mithiin. Dito ay maaari tayong makipag-ugnayan sa mga patriarka at propeta, at makinig sa tinig ng Walang Hanggan habang Siya ay nakikipag-usap sa mga tao. Dito natin namamasdan ang Kamahalan ng langit nang Siya ay nagpakababa upang maging ating kahalili at tagapanagot upang harapin nang mag-isa ang mga kapangyarihan ng kadiliman at makamit ang tagumpay para sa ating kapakanan. Ang magalang na pagmumuni-muni sa mga gayong temang tulad ng mga ito ay tiyak na magpapalambot, magpapadalisay, at magpaparangal sa puso, at, kasabay nito, ay magkakaroon ng bagong kalakasan at sigla ang ating isipan."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 25.

## 3. PAG-UNAWA SA SALITA

Mar, Mar 31

a. **Anong tulong ang kinakailangan natin upang maunawaan ang Kasulatan, kabilang na ang propesiya? Juan 16:7–13.**

"Nilalayon ng Dios na, kahit sa buhay na ito, ang katotohanan ay patuloy na mahayag sa Kaniyang bayan. Mayroon lamang iisang paraan kung paano makakamit ang kaalamang ito. Makakamit natin ang pag-unawa sa salita ng Dios sa pamamagitan lamang ng pagliliwanag ng Espiritung iyon na siyang nagbigay ng salita."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 703.

"Kailanman ay hindi dapat pag-aralan ang Biblia nang walang pananalangin. Bago buksan ang mga pahina nito, dapat nating hingin ang pagliliwanag ng Banal na Espiritu, at ito ay ipagkakaloob. Nang lumapit si Nathanael kay Jesus, sinabi ng Tagapagligtas, 'Narito ang isang tunay na Israelita, na sa kaniya'y walang daya!' Sinabi ni Nathanael, 'Saan mo ako nakilala?' Si Jesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, 'Bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng igos, ay nakita kita.' Juan 1:47, 48. At nakikita rin tayo ni Jesus sa mga lihim na lugar ng pananalangin kung hahanapin natin Siya para sa liwanag upang malaman natin kung ano ang katotohanan. Ang mga anghel mula sa kaharian ng liwanag ay makakasama ng mga taong may mapagpapakumbabang pusong naghahanap ng banal na patnubay."—*Steps to Christ,* p. 91.

b. **Bakit mahalagang huwag basta sundin ang sarili nating mga opinyon kapag nag-aaral ng propesiya? 2 Pedro 1:19–21.**

"Sa iyong pag-aaral ng salita, dapat iwan sa pintuan ng pagsisiyasat ang inyong dating mga opinyon at ang inyong mga minana at nilinang na palagay. Hindi ninyo kailanman matatagpuan ang katotohanan kung pag-aaralan ninyo ang mga Kasulatan upang ipagtanggol ang inyong sariling mga ideya. Iwanan ang mga ito sa pintuan, at pumasok nang may nagsisising puso upang pakinggan ang sasabihin sa inyo ng Panginoon. Habang ang mapagpakumbabang naghahanap ng katotohanan ay nakaupo sa paanan ni Kristo, at natututo sa Kaniya, ang salita ay nagbibigay sa kaniya ng pang-unawa. Subali't sa mga masyadong matalino sa kanilang sariling pag-iisip upang pag-aralan ang Biblia, sinasabi ni Kristo, Dapat kayong maging maamo at mapagpakumbaba sa puso kung nais ninyong maging pantas tungo sa kaligtasan.

Huwag basahin ang salita ayon sa liwanag ng mga dating opinyon; kundi, nang may isipang walang maling palagay, saliksikin ito nang maingat at may pananalangin. Kung, habang inyong binabasa, ay dumating ang pag-unawa, at makita ninyong ang inyong mga pinaka-iingatang mga opinyon ay hindi naaayon sa salita, huwag subukang iangkop ang salita na umayon sa mga opinyong ito. Gawing angkop ang inyong mga opinyon sa salita. Huwag hayaang ang inyong dating pinaniniwalaan o ginagawa ang magkontrol ng inyong pang-unawa. Buksan ang mga mata ng inyong isipan upang makita ang mga kamangha-manghang bagay mula sa kautusan. Tuklasin kung ano ang nasusulat, at pagkatapos ay itatag ang inyong mga paa sa Batong walang hanggan."—*Messages to Young People,* p. 260.

## 4. BILIN AT BILIN

Miy, Abr 1

a. **Paano ibinabahagi ng Dios ang Kanyang salita, at paano natin ito dapat pag-aralan? Isaias 28:9, 10.**

"Ang ebidensya ng katotohanan ng salita ng Dios ay nasa salita mismo. Ang Banal na Kasulatan ang susi na nagbubukas ng banal na kasulatan. Ang malalim na kahulugan ng mga katotohanan ng salita ng Dios ay inilalahad sa ating mga isipan sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu."—Testimonies for the Church, vol, 8, p. 157.

"Walang sinumang may espiritu ng pagpapahalaga sa mga turo nito ang makakabasa ng kahit isang talata mula sa Biblia nang hindi nakakakuha mula rito ng ilang kapaki-pakinabang na kaisipan. Subali't ang pinakamahalagang turo ng Biblia ay hindi makukuha sa pamamagitan ng paminsan-minsan o putol-putol na pag-aaral. Ang dakilang sistema ng katotohanan nito ay hindi gaanong naipapahayag upang madaling mauunawaan ng padalus-dalos o walang ingat na nagbabasa. Marami sa mga kayamanan nito ay nakatago sa ilalim, at matutuklasan lamang sa pamamagitan ng masigasig na pananaliksik at patuloy na pagsisikap. Ang mga katotohanan na bumubuo sa malaking kabuuan ay dapat saliksikin at tipunin, 'dito'y kaunti, doo'y kaunti.' Isaias 28:10.

"Kapag sa gayong paraan sinasaliksik at pinagsasama-sama, matutuklasan na ang mga ito ay ganap na umaakma sa isa't isa. Ang bawat Ebanghelyo ay kapunuan sa iba pa, ang bawat propesiya ay paliwanag sa isa pa, ang bawat katotohanan ay paglago ng iba pang katotohanan. Ang mga simbolo ng ekonomiya ng Judio ay ginawang malinaw ng ebanghelyo. Ang bawat prinsipyo sa salita ng Dios ay may kanyang lugar, ang bawat katotohanan ay may kaugnayan. At ang kabuuang balangkas, sa disenyo at pagsasakatuparan, ay nagpapatotoo sa Gumawa nito. Ang gayong balangkas ay hindi kayang isipin ng sinuman kundi ng tanging Isang Walang Hanggan ang maaaring makalikha o makakagawa."—Education, pp. 123, 124.

b. **Bakit ang bawat talata ng Biblia ay mahalaga? Mateo 4:4, Lucas 24:27.**

"Hindi natin dapat tanggapin ang patotoo ng sinumang tao tungkol sa itinuturo ng mga Kasulatan, kundi dapat nating pag-aralan ang mga salita ng Dios para sa ating sarili. . . . Ang isipan ay lalawak kung gagamitin ito sa pagsaliksik ng pagkakaugnay ng mga paksa sa Biblia, pinaghahambing ang kasulatan sa kasulatan at ng mga espirituwal na bagay sa espirituwal. . . .

"Hindi tayo magkakamit ng karunungan nang walang masusing pagtutuon at may mapanalangining pag-aaral. Ang ilang bahagi ng Kasulatan ay tunay ngang napakalinaw na upang hindi maunawaan, subali't may iba na ang kahulugan ay hindi agad makikita sa unang tingin. Ang Kasulatan ay dapat ihambing sa kasulatan. Dapat mayroong maingat na pagsasaliksik at mapanalangining pagninilay. At ang ganitong pag-aaral ay lubos na gagantimpalaan. Kung paanong ang minero ay nakakatuklas ng mga ugat ng mahalagang metal na nakatago sa ilalim ng lupa, gayundin ang sinumang matiyagang nagsasaliksik sa salita ng Dios na parang nakatagong kayamanan ay makakatagpo ng mga katotohanang may pinakamalaking halaga, na nakatago mula sa paningin ng hindi maingat na naghahanap. Ang mga salita ng inspirasyon, na pinagninilayan sa puso, ay magiging parang mga batis na dumadaloy mula sa bukal ng buhay."—Steps to Christ, pp. 89–91.

## 5. PAG-AARAL NA MAY KARUNUNGAN — Huw, Abr 2

a. Paano nakakaapekto ang ating ugali at ang ating mga pagpapasya sa kakayahan nating maunawaan ang kahulugan ng mga propesiya? Daniel 12:10; 2 Timoteo 3:1–8.

“Ang espiritu na ating dala sa pagsisiyasat sa mga Kasulatan ang siyang tutukoy ng katangian ng katuwang na nasa ating tabi. Ang mga anghel mula sa kaharian ng liwanag ay makakasama ng mga taong may pagpapakumbaba ng pusong naghahanap ng banal na patnubay. Subali’t kung ang Biblia ay bubuksan nang may kawalan ng paggalang, na may saloobin ng pagtitiwala sa sarili, kung ang puso ay puno ng maling palagay, si Satanas ang nasa ating tabi, at ang mga malinaw na pahayag ng salita ng Dios ay kanyang babaluktutin.” —*Testimonies to Ministers,* p. 108.

“Marami ang inaakay ni Satanas na maniwala na ang ilang mga bahagi ng propesiya ng mga sulat ni Daniel at ni Juan na tagapagpahayag ay hindi kayang mauunawaan. Subali’t ang pangako ay malinaw na may natatanging pagpapalang sasama sa pag-aaral ng mga propesiyang ito.” —*Prophets and Kings,* p. 547.

b. Ipaliwanag ang kahalagahan ng personal na aplikasyon ng katotohanan. Pahayag 22:7; Mateo 7:24–27; Juan 7:17.

“Ang mga maamo ay pinapatnubayan ng Panginoon, dahil sila ay madaling turuan, handang matuto. Mayroon silang taos-pusong pagnanais na malaman at sundin ang kalooban ng Dios. Ang pangako ng Tagapagligtas ay, ‘Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo.’ Juan 7:17. At ipinahayag Niya sa pamamagitan ni apostol Santiago, ‘Nguni’t kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya.’ Santiago 1:5. Subali’t ang Kaniyang pangako ay para lamang sa mga handang sumunod sa Panginoon nang lubusan.” —*Patriarchs and Prophets,* p. 384.

“Kung nais ninyong malaman ang hiwaga ng kabanalan, dapat ninyong sundin ang malinaw na salita ng katotohanan —may damdamin man o wala, may emosyon man o wala. Ang pagsunod ay dapat ibigay mula sa pagkadama ng kahalagahan ng prinsipyo, at ang tama ay dapat gawin sa lahat ng pagkakataon.” —*Fundamentals of Christian Education,* p. 125.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Abr 3

1. Sa larangan ng kaalaman, paano ng Dios ipinapakita ang pagkakaiba ng Kaniyang sarili mula sa lahat ng iba pang nilalang?
2. Ano ang ipinapahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng mga isinulat ng mga propeta, at bakit?
3. Kapag binubuksan natin ang Salita ng Dios, anong tulong ang dapat nating hingin sa panalangin?
4. Anong uri ng pagsisikap ang handa ko dapat italaga sa pag-aaral ng Biblia?
5. Handa ba akong iangkop sa aking buhay ang anomang aking matutuklasan sa Salita ng Dios?

# Ang Sugo ng Dios sa mga Hari

**SAULUHING TALATA:**"Tungkol nga sa apat na binatang ito, pinagkalooban sila ng Dios ng kaalaman at katalinuhan sa lahat ng turo at karunungan: at si Daniel ay may pagkaunawa sa lahat na pangitain at mga panaginip." (Daniel 1:17).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Prophets and Kings,* pp. 479–490.

"Ang buhay ni Daniel at ng kaniyang mga kasama ay isang pagpapakita ng Kaniyang gagawin para sa mga taong nagpapasakop sa Kaniya at buong pusong naghahangad na maisakatuparan ang Kaniyang layunin."—*Prophets and Kings,* p. 490.

## 1. MGA BIHAG SA BABILONIA

Lin, Abr 5

a. Paano napunta si Daniel sa Babilonia? Daniel 1:1–7.

b. Ano ang naging resulta ng desisyon ni Daniel tungkol sa pagkain mula sa hapag ng hari? Daniel 1:8–16.

"[Isang] bahagi ng inialay sa mga dios-diosan, ng mga pagkaing mula sa hapag ng hari ay itinuturing na banal sa idolatriya; at ang sinumang makikibahagi rito ay ituturing na nagbibigay-pugay sa mga dios ng Babilonia. Subali't ang katapatan kay Jehova ang pumigil kay Daniel at sa kaniyang mga kasama na makibahagi sa ganoong pagsamba. . . .

"Ni hindi rin sila nangahas na hayaan ang panganib na dulot ng karangyaan at kalayawan na magpahina sa pisikal, mental, at espirituwal na paglago."—Prophets and Kings, pp. 481, 482.

"Nang si Daniel at ang kaniyang mga kasama ay sinubok, inilagay nila ang kanilang mga sarili nang lubos sa panig ng katuwiran at katotohanan. Hindi sila kumilos nang pabigla-bigla, kundi nang may katalinuhan. Napagpasyahan nila na dahil ang karne ay hindi bumubuo sa kanilang pagkain noon, ni hindi rin ito dapat maging bahagi ng kanilang pagkain sa hinaharap. At dahil ipinagbawal ang paggamit ng alak sa lahat ng naglilingkod sa Dios, nagpasya silang hindi makibahagi nito."—In Heavenly Places, p. 261.

c. Ilarawan ang eksperimento at ang pagsusuri ng hari. Daniel 1:17–21.

## 2. PAGSUBOK SA PAMAMAGITAN NG APOY — Lun, Abr 6

a. Sa ilalim ng banta ng kamatayan, paano sinubok ang mga Hebreo patungkol sa kanilang katapatan sa ikalawang utos? Daniel 3:1–15.

---

"Hindi lahat ay lumuhod sa idolatrosong simbolo ng kapangyarihan ng tao. Sa gitna ng karamihang sumasamba ay may tatlong lalaki na matatag na nagpasya na hindi nila lalapastanganin ang Dios ng langit. Ang kanilang Dios ay Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon; Hindi sila yuyukod sa iba."—Prophets and Kings, p. 506.

b. Paano nila napanatili ang kanilang pananampalataya at pagsunod? Daniel 3:16–18; Isaias 43:1, 2.

---

"Walang saysay ang mga pagbabanta ng hari. Hindi niya maibaling ang mga lalaki sa kanilang katapatan sa Pinuno ng buong kalangitan. Mula sa kasaysayan ng kanilang mga ama, natutunan nila na ang pagsuway sa Dios ay nagdudulot ng kahihiyan, kapahamakan, at kamatayan; at ang pagkatakot sa Panginoon ang simula ng karunungan, ang pundasyon ng lahat ng tunay na kasaganaan. Mahinahon nilang hinarap ang hurno, at sinabi, 'O Nabucodonosor, kami ay hindi kailangang magsisagot sa iyo sa bagay na ito.' Narito [kung ito ang iyong pasya], ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin sa mabangis na hurnong nagniningas, at ililigtas Niya kami mula sa iyong kamay, O hari.' Lalong tumibay ang kanilang pananampalataya nang ipahayag nila na ang Dios ay maluluwalhati sa pamamagitan ng pagliligtas sa kanila, at taglay ang matagumpay na katiyakang nagmumula sa lubos na pagtitiwala sa Dios, ay idinagdag nila, 'Nguni't kung hindi, talastasin mo, Oh hari, na hindi kami mangaglilingkod sa iyong mga dios, ni magsisisamba man sa larawang ginto na iyong itinayo.'" —Ibid., pp. 507, 508.

c. Paano ang Dios naluwalhati sa pagliligtas sa kanila? Daniel 3:19, 20, 24–28.

---

"Mula sa kaniyang trono ay tumingin ang hari, umaasang makita ang mga lalaking sumuway sa kaniya na lubos na natupok. Ngunit ang kanyang pagkadama ng tagumpay ay biglang nagbago. . . . Sa anyo ng ikaapat na kasama sa gitna ng apoy, nakilala ng hari ang Anak ng Dios. . . .

"At ngayon, ang kaniyang sariling kadakilaan at dangal ay nakalimutan, si Nabucodonosor ay bumaba mula sa kaniyang trono. . . .

"Nang magkagayo'y lumabas sina Sadrach, Mesach, at Abednego sa harap ng napakaraming tao, na ipinakitang hindi sila nasaktan. . . . Nakalimutan ang malakingginintuang imahen, na itinayo nang may gayong karingalan. Sa harapan ng buhay na Dios, ang mga tao ay natakot at nanginig.—Ibid., pp. 509, 510.

## 3. ANG PAGMAMATAAS AT PAGPAPAKUMBABA — Mar, Abr 7

a. Paano ang Dios nakipag-usap kay Nabucodonosor na hari? Daniel 4:4–7.

"Hindi nakapagtataka na ang matagumpay na hari, na puspos ng ambisyon at pagmamataas, ay natuksong lumihis sa landas ng pagpapakumbaba, na siyang tanging daan patungo sa tunay na kadakilaan. . . . Subali't sa Kaniyang awa, binigyan ng Dios ang hari ng isa pang panaginip, upang babalaan siya tungkol sa kaniyang panganib at sa bitag na nagbabanta para sa kanyang pagbagsak."—Prophets and Kings, p. 515.

b. Nang si Daniel ay tinawag sa huli upang ipaliwanag ang panaginip, ano ang kaniyang payo sa hari? Daniel 4:20–27.

"Para kay Daniel, ang kahulugan ng panaginip ay malinaw, at ang kahalagahan nito ay ikinagulat niya. . . . Nunawaan ng propeta na sa kaniya ay iniatang ng Dios ang solemneng tungkulin na ipahayag kay Nabucodonosor ang hatol na malapit nang dumating sa kaniya dahil sa kanyang kapalaluan at kayabangan."—Ibid., p. 517.

"Matapos matapat na maipaliwanag ang panaginip, hinimok ni Daniel ang palalong hari na magsisi at manumbalik sa Dios, upang sa pamamagitan ng paggawa ng tama ay maiwasan niya ang nagbabantang kapahamakan."—Ibid., p. 518.

c. Napilitang matuto sa pamamagitan ng isang mahirap at mapagpakumbabang karanasan, paano naakay ang hari upang luwalhatiin ang Dios sa pamamagitan ng ministeryo ni Daniel? Daniel 4:34–37.

"Sa loob ng pitong taon, si Nabucodonosor ay naging kamangha-mangha sa lahat ng kanyang mga nasasakupan; sa loob ng pitong taon ay pinakumbaba siya sa harap ng buong sanlibutan. Pagkatapos ay naibalik ang kanyang katinuan at, tumingala nang may pagpapakumbaba sa Dios ng langit, kinilala niya ang banal na kamay sa kanyang pagtutuwid. Sa isang pampublikong pagpapahayag, kinilala niya ang kanyang pagkakasala at ang dakilang habag ng Dios sa kanyang muling pagpapanumbalik. . . .

"Ang dating mapagmataas na hari ay naging isang mapagpakumbabang anak ng Dios; ang malupit, mapang-abusong pinuno, ay naging isang matalino at mahabaging hari. Siya na lumaban at lumapastangan sa Dios ng langit, ngayon ay kinikilala ang kapangyarihan ng Kataas-taasan at masigasig na sinisikap na itaguyod ang pagkatakot kay Jehova at ang kaligayahan ng kanyang mga nasasakupan....

"Ang layunin ng Dios na ang pinakadakilang kaharian sa sanlibutan ay magpakita ng Kaniyang kapurihan ay natupad na ngayon. Ang pampublikong pagpapahayag na ito, kung saan kinilala ni Nebuchadnezzar ang awa, kabutihan, at kapamahalaan ng Dios, ang huling gawa ng kanyang buhay na naitala sa banal na kasaysayan."—Ibid., pp. 520, 521.

## 4. ANG NAKASULAT SA PADER

Miy, Abr 8

a. Anong nakakamanghang pangyayari ang biglang nagpahinto kay Belsasar, apo ni Nebuchadnezzar, sa kanyang mapanglapastanganang pagsuway sa Dios ng langit? Daniel 5:1–6.

---

"Sa kanyang kabataan siya ay binigyan ng isang bahagi ng kapangyarihan ng hari, si Belsasar ay nagmalaki sa kanyang kapangyarihan at nagmataas ang kanyang puso laban sa Dios ng langit. Marami siyang naging pagkakataon upang malaman ang banal na kalooban at maunawaan ang kanyang responsibilidad na sumunod dito. Nalalaman niya ang tungkol sa pagpapatapon sa kanyang lolo, sa pamamagitan ng utos ng Dios, mula sa lipunan ng mga tao; at pamilyar siya sa pagbabalik-loob at nakakamanghang pagpapanumbalik ni Nabucodonosor. Ngunit hinayaan ni Belsasar ang pag-ibig sa kalayawan at pagluwalhati sa sarili na burahin ang mga aral na hindi niya dapat nakalimutan."—Prophets and Kings, pp. 522, 523.

b. Paano muling dinala si Daniel upang ihatid ang mensahe ng Dios sa isang haring pagano? Daniel 5:8–16.

---

---

"Ang propeta ay una nang ipinaalala kay Belsasar ang mga bagay na nalalaman na niya, ngunit hindi nakapagturo sa kanya ng aral ng pagpapakumbaba na maaaring makapagliligtas sa kanya. Binanggit niya ang kasalanan at pagbagsak ni Nabucodonosor, at ang pakikitungo ng Panginoon sa kanya—ang kapangyarihan at kaluwalhatiang ipinagkaloob sa kanya, ang banal na paghatol dahil sa kanyang kapalaluan, at ang kasunod na pagkilala niya sa kapangyarihan at awa ng Dios ng Israel; at pagkatapos, sa matapang at mariing mga pananalita ay sinaway niya si Belsasar dahil sa kanyang matinding kasamaan."—Ibid., p. 529.

c. Paano natupad ang interpretasyon ni Daniel nang gabing iyon? Daniel 5:17, 25–31.

"Habang nasa bulwagan pa rin ng kapistahan, napapaligiran ng mga taong nakatakda na ang kanilang kapahamakan, ipinaalam sa hari ng isang sugo na 'ang kanyang lungsod ay nasakop na sa lahat ng sulok' ng kaaway laban sa mga kagamitang inaakala niyang lubos siyang ligtas. . . . Kahit habang siya at ang kanyang mga mahal na panauhin ay umiinom mula sa mga sagradong sisidlan ni Jehova, at pinupuri ang kanilang mga dios na pilak at ginto, ang mga Medo at Persiano, ay inilihis ang Eufrates sa daluyan nito, ay naglakad papasok sa gitna ng lungsod na walang bantay. Ang hukbo ni Ciro ngayon ay nakatayo sa ilalim ng mga muog ng palasyo; ang lungsod ay napuno ng mga kawal ng kaaway, 'na parang mga uod' (talata 14); at ang kanilang mga sigaw ng tagumpay ay maririnig sa ibabaw ng mga daing ng mga nagulat na nagpipistahan."—Ibid., p. 531.

## 5. SA YUNGIB NG MGA LEON — Huw, Abr 9

a. Bakit ang katapatan ni Daniel sa Dios ay nagresulta sa pag-uusig? Daniel 6:1–5.

"Ang mga karangalang ibinibigay kay Daniel ay pumukaw sa inggit ng mga pangunahing pinuno sa kaharian, at naghanap sila ng dahilan upang makapagsumbong laban sa kanya. . . .
"Ang walang kapintasang pag-uugali ni Daniel ay lalong nag-udyok ng matinding pagka-inggit ng kanyang mga kaaway. . . .
"Dahil dito, ang mga pangulo at mga prinsipe, na matapos mag-usap, ay bumuo ng isang pakana kung saan umaasa silang maisakatuparan ang kapahamakan ng propeta."—Prophets and Kings, pp. 539, 540.

b. Ano ang nangyari dahil hindi natinag si Daniel sa kaniyang paninindigan? Daniel 6:11–17.

"Bagama't alam na alam niya ang kahihinatnan ng kanyang katapatan sa Dios, ang kanyang espiritu ay hindi nanghina. Sa harap ng mga taong nagbabalak ng kanyang kapahamakan, hindi niya hinayaang magmukhang naputol ang kanyang pakikipag-ugnayan sa Langit. Sa lahat ng pagkakataon kung saan ang hari ay may karapatang mag-utos, si Daniel ay sumusunod; ngunit hindi siya mapipilit ng hari o ng kanyang utos na lumihis mula sa kaniyang katapatan sa Hari ng mga hari."—Ibid., p. 542.

c. Paano muling niluwalhati ang Dios sa pamamagitan ng Kaniyang lingkod? Daniel 6:19–23, 27.

"Ang Dios ay hindi pinigilan ang mga kaaway ni Daniel sa pagtapon sa kanya sa yungib ng mga leon; pinapayagan Niya ang masasamang anghel at masasamang tao hanggang sa ngayon na maisakatuparan ang kanilang layunin; ngunit ito ay upang lalong maipakita ang pagliligtas sa Kaniyang lingkod, at mas maging ganap ang pagkatalo ng mga kaaway ng katotohanan at katuwiran. 'Tunay na pupurihin Ka ng poot ng tao' (Awit 76:10), ang patotoo ng salmista. Sa pamamagitan ng katapangan ng isang taong ito na piniling sumunod sa tama kaysa sa patakaran, si Satanas ay matatalo, at ang pangalan ng Dios ay dapat dakilain at parangalan."—Ibid., pp. 543, 544.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Abr 10

1. Paano natin maaaring tularan ang matalinong pagpapasya ng apat na Hebreo sa kasalukuyan?
2. Paano nakakatulong ang pagdanas ng mga pagsubok upang tayo ay mapatatag at mabuksan ang pinto para maging isang patotoo sa sanlibutan?
3. Anong mga aral ang natutunan ni Haring Nabucodonosor na humantong sa kanyang pagbabalik-loob?
4. Ano ang matututunan ng mga pinuno ngayon mula sa huling gabi ni Belsasar sa Babilonia?
5. Paano mapapatibay ng kuwento ni Daniel ang bayan ng Dios na dumaranas ng pag-uusig?

# Ang mga Kaharian sa Darating na Panahon ay Inihayag

**SAULUHING TALATA:** "At kaniyang binabago ang mga panahon at mga kapanahunan; siya'y nagaalis ng mga hari, at naglalagay ng mga hari; siya'y nagbibigay ng karunungan sa marunong at ng kaalaman sa makakaalam ng unawa" (Daniel 2:21).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Prophets and Kings,* pp. 491–502.

"Ang lakas ng mga bansa, gayon din ng sa bawat isa, ay hindi nakasalalay sa mga pagkakataon o kakayahan na tila ginagawa silang matatag; hindi ito matatagpuan sa kanilang ipinagmamalaking kadakilaan. Ito ay nasusukat sa pamamagitan ng katapatan kung paano nila tinutupad ang layunin ng Dios."—*Prophets and Kings,* p. 502.

## 1. ISANG NAKAKAMANGHANG PANAGINIP Lin, Abr 12

a. Ano ang iniutos ni Haring Nebuchadnezzar matapos magising mula sa isang nakakabagabag na panaginip? Daniel 2:1, 2.

b. Paano tumugon ang mga tagapayo ng hari sa kanyang hindi pangkaraniwang kahilingan? Daniel 2:3–7.

"Batid ng hari na kung kaya nilang maipaliwanag ang kahulugan, kaya rin nilang sabihin ang panaginip. Ang Panginoon sa Kaniyang probidensya ay ibinigay kay Nebuchadnezzar ang panaginip na ito, at hinayaang makalimutan ang mga detalye, habang ang nakakatakot na impresyon ay nananatili sa kaniyang isipan, upang maihayag ang mga pagpapanggap ng mga pantas ng Babilonia."—*The Sanctified Life,* p. 34.

c. Sa kabila ng kanilang mga ipinagmamalaki na may kaugnayan sa mundo ng mga espiritu at sa kabilang buhay, ano ang inamin ng mga pantas na ito ng Babilonia? Daniel 2:8–11.

"Sa takot sa mga kahihinatnan ng kanilang pagkabigo, sinikap ng mga salamangkero na ipakita sa hari na ang kanyang kahilingan ay hindi makatwiran at ang kanyang pagsubok ay lampas na sa hangganan na naipag-utos kailanman sa sinumang tao."—*Prophets and Kings,* p. 492.

## 2. SI DANIEL AY NAMAGITAN

Lun, Abr 13

a. Paano tumugon ang hari sa pagkabigo ng mga pantas na ipahayag at ipaliwanag ang kanyang panaginip, at sa anong paraan pumasok si Daniel sa pangyayari? Daniel 2:12–16.

“Kabilang sa mga hinahanap ng mga opisyal na naghahanda upang isakatuparan ang kondisyon ng utos ng hari, ay si Daniel at ang kanyang mga kaibigan. Nang sabihin na ayon sa utos ay dapat din silang mamatay, ay nagtanong si Daniel kay Arioc na ‘may payo at karunungan,’ sa punong kawal ng hari, ‘Bakit ang pasiya ay totoong madalian mula sa hari?’ Si Arioch ay isinalaysay sa kanya ang kalituhan ng hari sa kanyang hindi pangkaraniwang panaginip, at ang kanyang kabiguang makuha ang tulong mula sa mga taong lubos niyang pinagkakatiwalaan. Nang marinig ito, si Daniel, na isinapanganib ang kanyang buhay, ay naglakas-loob na humarap sa hari at nakiusap na bigyan siya ng panahon, upang manalangin sa kaniyang Dios na ipahayag sa kanya ang panaginip at ang kahulugan nito.

“Sa kahilingang ito ay pumayag ang hari. ‘Nang magkagayo’y naparoon si Daniel sa kaniyang bahay, at ipinaalam ang bagay kay Ananias, kay Misael, at kay Azarias, na kaniyang mga kasama.’ Magkakasama silang humiling ng karunungan mula sa Pinagmumulan ng liwanag at kaalaman. Matibay ang kanilang pananampalataya sapagkat batid nilang ang Dios ang naglagay sa kanila kung saan sila naroroon, upang gampanan ang Kaniyang gawain at tuparin ang mga hinihingi ng tungkulin.”—*Prophets and Kings,* p. 493.

b. Ano ang matututunan natin mula sa kung paano nanalangin si Daniel at ang kaniyang mga kasama sa pagkakataong ito? Daniel 2:17–23.

“Sa mga panahon ng kalituhan at panganib, [si Daniel at ang kaniyang mga kasama] ay palaging dumudulog sa [Dios] para sa patnubay at proteksyon, at Siya ay napatunayang laging handang tumulong. Ngayon, na may pusong nagpapakumbaba, muli nilang ibinigay ang kanilang mga sarili sa Hukom ng kalupaan, na nagsusumamo na ipagkaloob Niya sa kanila ang pagliligtas sa panahong ito ng kanilang natatanging pangangailangan. At hindi nawalan ng kabuluhan ang kanilang panalangin. Ang Dios na kanilang pinararangalan, ngayon ay Siya ring nagparangal sa kanila. Ang Espiritu ng Panginoon ay sumakanila, at kay Daniel, ‘sa isang pangitain sa gabi,’ ay ipinahayag ang panaginip ng hari at ang kahulugan nito.”—Ibid., pp. 493, 494.

“Ang paghingi ng awa ng Dios ng [Ang apat na Hebreo] ay hindi nawalan nang kabuluhan. Kaya’t tinipon ni Daniel ang kanyang mga kasama, at nagpasalamat sa Dios sapagkat ang kanilang mga panalangin ay dininig at sinagot, at sila ay naghandog sa Dios ng papuri at pasasalamat, na lubos na kalugod-lugod sa Pinuno ng buong kalangitan. [Sinipi si Daniel 2:20–22]. Si Daniel at ang kanyang mga kasama ay nagdaos ng pagpupuri, at ang buong kalangitan ay nakiisa sa kanila sa pasasalamat.”—*The Youth’s Instructor,* November 22, 1894.

## 3. ISANG KAKAIBANG IMAHEN

Mar, Abr 14

a. Paano kinausap ni Daniel si Nabucodonosor tungkol sa pagpapahayag ng kaniyang panaginip? Daniel 2:24–30.

"Masdan ang bihag na Judio, payapa at panatag, sa harapan ng hari ng pinakamakapangyarihang imperyo sa sanlibutan. Sa kaniyang unang mga salita, tinanggihan niya ang karangalan para sa kaniyang sarili at itinanghal ang Dios bilang pinagmumulan ng lahat ng karunungan. Sa balisang tanong ng hari, 'Maipaaaninaw mo baga sa akin ang panaginip na aking nakita, at ang kahulugan niyaon?' siya ay sumagot: 'Ang lihim na itinatanong ng hari ay hindi maipaaaninaw sa hari kahit ng mga pantas na tao, ng mga enkantador, ng mga mahiko man, o ng mga manghuhula man. Nguni't may isang Dios sa langit na naghahayag ng mga lihim, at siyang nagpapaaninaw sa haring Nabucodonosor kung ano ang mangyayari sa mga huling araw.'"—*Prophets and Kings,* pp. 494–497.

"Ang bihag na Judio ay nakatayo sa harap ng hari ng pinakamakapangyarihang imperyo na sinisikatan ng araw. Sa kabila ng kanyang kayamanan at kaluwalhatian, si Nebuchadnezzar ay nasa matinding pagkabalisa ng isipan, ngunit ang batang bihag ay payapa at masaya sa kaniyang Dios. Noon sana, kung sakali, ang isang pagkakataon para kay Daniel upang itaas ang kanyang sarili—upang itanghal ang kanyang sariling kabutihan at nakahihigit na karunungan. Ngunit ang kanyang unang ginawa ay tanggihan ang lahat ng karangalan para sa kanyang sarili, at itaas ang Dios bilang Pinagmumulan ng karunungan."—*The Youth's Instructor,* September 1, 1903.

b. Ilarawan ang larawang nakita ng hari sa kanyang panaginip. Daniel 2:31–33.

"Nakikinig nang may taimtim na pagninilay-nilay habang ang bawat detalye ay muling inilalahad, ang hari ay kinilala ito bilang ang panaginip na labis niyang ikinabahala; at handa siyang tanggapin nang may pagsang-ayon ang kahulugan nito."—Ibid.

"Ang Hari ng mga hari ay handa ng ipahayag ang dakilang katotohanan sa hari ng Babilonia. Ang Dios ay ihahayag na Siya ay may kapangyarihan sa mga kaharian ng sanlibutan, kapangyarihang magluklok at mag-alis ng mga hari sa trono. Ang isipan ni Nabucodonosor ay dapat mapukaw, kung maaari, sa pagkadama ng kanyang pananagutan sa Langit. Ang mga kaganapan sa darating na panahon, na umaabot hanggang sa katapusan ng panahon, ay ipapakita sa harap niya."—*Prophets and Kings,* p. 498.

c. Ano ang nangyari sa larawan habang tinitingnan ito ng hari? Daniel 2:34, 35.

## 4. ANG PANAGINIP AY IPINALIWANAG — Miy, Abr 15

a. Ano ang kahulugan ng ulong gawa sa ginto? Daniel 2:36–38.

"Sa ilalim ni Haring Nabucodonosor, ang Babilonia ang pinakamayaman at pinakamakapangyarihang kaharian sa sanlibutan. Ang kayamanan at karilagan nito ay bahagyang nailarawan ng Banal na Kasulatan."—*The Youth's Instructor,* September 29, 1903.

b. Anong mga imperyo ang tinutukoy ng mga sumusunod na mga metal? Daniel 2:39, 40.

"Ipinakita ng propesiya ang pag-angat at pag-unlad ng mga dakilang imperyo ng sanlibutan—ang Babilonia, Medo-Persia, Gresya, at Roma."—*Prophets and Kings,* p. 535.

"Si Daniel... ay ipinahayag kay Nabucodonosor na ang kanyang kaharian ay mapapalitan. Ang kanyang kadakilaan at kapangyarihan sa mundo ng Dios ay may takdang panahon, at ang ikalawang kaharian ang lilitaw, na magkakaroon din ng panahon ng pagsubok kung itataas nito ang iisang Pinuno, ang tanging tunay na Dios. Kung hindi ito gagawin, ang kaluwalhatian nito ay maglalaho, at ang ikatlong kaharian ang papalit dito. Patutunayan sa pamamagitan ng pagsunod o pagsuway, ito rin ay lilipas; at ang pang-apat, na kasingtibay ng bakal, ay magpapasuko sa mga bansa sa sanlibutan. Ang mga hulang ito ng Isang Walang Hanggan, na naitala sa mga pahina ng propesiya at mahahanap sa mga pahina ng kasaysayan, ay ibinigay upang ipakita na ang Dios ang namumunong kapangyarihan sa mga gawain ng sanlibutang ito. Binabago Niya ang mga panahon at mga kapanahunan, nag-aalis Siya ng mga hari at nagtatalaga ng mga hari, upang matupad ang Kaniyang sariling layunin."—*The Youth's Instructor,* September 29, 1903.

"Ang Babilonia ay naglaho dahil sa panahon ng kanyang kasaganaan ay nakalimutan niya ang Dios, at itinuring ang kaluwalhatian ng kaniyang kasaganaan sa tagumpay ng tao.

"Ang kaharian ng Medo-Persia ay dinalaw ng poot ng langit dahil sa kahariang ito, ang kautusan ng Dios ay niyurakan ng kanilang mga paa. Ang pagkatakot sa Panginoon ay walang puwang sa puso ng mga tao. Ang nangingibabaw na impluwensya sa Medo-Persia ay kasamaan, kalapastanganan, at kabulukan.

"Ang mga sumunod na kaharian ay naging lalong naging hamak at napakasama. Sila ay lumala dahil tinalikuran nila ang kanilang katapatan sa Dios. Sa kanilang pagkalimot sa Kaniya, sila ay lalong nalugmok sa pamantayan ng kahalagahan ng moralidad."—Ibid., September 22, 1903.

c. Paano ang mga kaharian na inilalarawan ng mga paa at mga daliri ng paa naging kakaiba? Daniel 2:41–43.

""Ang ating kinatatayuan sa larawan ni Nabucodonosor ay inilalarawan ng mga daliri ng paa, nasa isang hati-hating estado, at gawa sa isang marupok na materyal, na hindi kailanman mabubuklod na magkakasama."—*Testimonies for the Church,* vol. 1, p. 361.

## 5. ANG KAHARIAN NG DIOS AY MANANATILI MAGPAKAILANMAN — Huw, Abr 16

a. Anong kaharian ang dudurog sa buong sistema ng mga pandaigdigang kapangyarihan? Daniel 2:44, 45.

“Ang panaginip tungkol sa malaking larawan, na nagbukas sa harap ni Nabucodonosor ng mga pangyayaring aabot hanggang sa katapusan ng panahon, ay ibinigay upang maunawaan niya ang bahaging gagampanan niya sa kasaysayan ng sanlibutan, at ang kaugnayan na dapat panatilihin ng kanyang kaharian sa kaharian ng langit. Sa pagpapaliwanag ng panaginip, malinaw siyang tinuruan tungkol sa pagtatatag ng walang hanggang kaharian ng Dios.”—*Prophets and Kings,* p. 503.

b. Kailan magsisimula ang paghahari ng kaharian ng Dios sa kaluwalhatian?-John 18:36; Matthew 25:31–34; 26:64; Pahayag 6:15–17.

“Ang ating kaharian ay hindi sa sanlibutang ito. Tayo ay naghihintay sa ating Panginoon mula sa langit na darating sa lupa upang ibagsak ang lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan, at itatag ang Kanyang walang hanggang kaharian. . . . Ang propesiya ay ipinapakita na ang dakilang araw ng Dios ay malapit na. Ito ay dumarating na mabilis.”—*Testimonies for the Church,* vol. 1, pp. 360, 361.

c. Paano tumugon ang hari sa matagumpay sa paghahayag ni Daniel ng kanyang panaginip? Daniel 2:46–49.

“Ang paglalahad ni Daniel sa panaginip na ito ay nagresulta sa pagkakaloob ng hari ng karangalan at pagpapahalaga sa kaniya at sa kaniyang mga kasama. . . . Ang tatlong kasama ni Daniel ay ginawang mga tagapayo, hukom, at pinuno sa lupain. Ang mga lalaking ito ay hindi nagmamataas sa kayabangan, kundi nakita at nagalak sila na ang Dios ay kinikilala nang higit sa lahat ng mga pinuno sa kalupaan, at ang Kaniyang kaharian ay naitinanghal nang higit sa lahat ng mga kaharian sa lupa.”—*The Youth’s Instructor,* September 8, 1903.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Abr 17

1. 1. Ano ang natuklasan ni Haring Nabucodonosor tungkol sa kanyang mga pinagkakatiwalaang mga pantas na tao?
2. Ano ang kahalagahan tungkol sa katunayan na naitala ang panalangin ni Daniel ng pagpapasalamat ngunit hindi ang kaniyang panalangin ng kahilingan?
3. Sa kabila ng pagiging pinakamatalinong tao sa Babilonia, anong katangian ang taglay ni Daniel?
4. Ilarawan ang mga katangian ng mga kahariang inilalarawan ng iba’t-ibang mga metal.
5. Kailan matutupad ang bahagi ng panaginip tungkol sa bato?

SABBATH, ABRIL 25, 2026 **LEKSIYON 4**

# Ang Unang Pangitain ni Daniel

**SAULUHING TALATA:** "Ako'y tumingin, at ang sungay ding yaon ay nakipagdigma sa mga banal, at nanaig laban sa kanila; Hanggang sa ang Matanda sa mga araw ay dumating, at ang kahatulan ay ibinigay sa mga banal, ng Kataastaasan; at ang panaho'y dumating na inari ng mga banal ang kaharian." (Daniel 7:21, 22).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 479–491; *Early Writings,* pp. 54–56.

"Habang tayo ay papalapit sa pagtatapos ng kasaysayan ng sanlibutang ito, ang mga propesiya na naitala ni Daniel ay humihingi ng ating natatanging pagtutuon, sapagkat ito'y nauugnay sa mismong panahon na ating kinalalagyan."—*Prophets and Kings,* p. 547.

## 1. APAT NA HANGIN, APAT NA HAYOP

Lin, Abr 19

a. Kailan natanggap ni Daniel ang kanyang unang propesiyang pangitain, at paano siya tumugon dito? Daniel 7:1, 15, 16 (unang bahagi).

"Ilang panahon bago ang pagbagsak ng Babilonia, habang si Daniel ay nagninilay-nilay sa mga propesiyang ito at humihingi sa Dios ng pag-unawa tungkol sa mga panahon, siya ay binigyan ng sunod-sunod na mga pangitain tungkol sa pagbangon at pagbagsak ng mga kaharian. Sa unang pangitain, gaya ng nakatala sa ikapitong kabanata ng aklat ni Daniel, may interpretasyon na ibinigay; ngunit hindi lahat ay nilinaw sa propeta."—*Prophets and Kings,* p. 553.

b. Ano ang kinakatawanan ng mga natural na elementong nakita? Daniel 7:2; Pahayag 17:15; Jeremias 25:31–33.

c. Paano ipinaliwanag ng anghel ang kahulugan ng apat na malalaking hayop na lumitaw? Daniel 7:3, 16 (huling bahagi), 17.

"Ang mga dakilang kaharian na namumuno sa sanlibutan ay ipinakita kay propeta Daniel bilang mga hayop na mababangis."—*The Great Controversy,* pp. 439, 440.

## 2. ANG MGA SUMUNOD NA KAHARIAN

Lun, Abr 20

a. Ano ang una sa apat na hayop, at anong kaharian ang kinakatawanan nito? Daniel 7:4; Jeremias 50:17; Habakuk 1:6–8.

"Ang [Babilonia] ay hindi natupad ang layunin ng Dios; at nang dumating ang Kaniyang panahon, ang kahariang ito ng kapalaluan at kapangyarihan, na pinamumunuan ng mga taong may pinakamataas na katalinuhan, ay gumuho, nagkadurog-durog, at nawalan ng lakas. Ipinahayag ni Kristo, 'Kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.' Ang mga tanyag na pinuno ng Babilonia ay hindi kumilala na sila ay dapat umasa sa Dios. Inakala nilang sila ang lumikha ng lahat ng kanilang karingalan at kadakilaan. Ngunit nang magsalita ang Dios, sila ay naging parang damong natutuyo, at bulaklak nalalanta. Ang salita at kalooban ng Dios lamang ang mananatili magpakailanman."—*The Youth's Instructor,* September 29, 1903.

b. Paano ang pangalawang hayop inilarawan, at anong kaharian ang kinakatawanan nito? Daniel 7:5.

"Bawat bansang lumitaw sa kasaysayan ay pinahintulutang magkaroon ng kanilang lugar sa lupa, upang makita kung matutupad nito ang layunin ng 'Isang Bantay at Isang Banal.' Ipinakita ng propesiya ang pag-angat at pagbagsak ng mga dakilang kaharian sa sanlibutan—ang Babilonia, Medo-Persia, Gresya, at Roma. Sa bawat isa sa mga ito, tulad ng mga bansang may mas mababang kapangyarihan, ay nauulit ang kasaysayan. Bawat isa ay nagkaroon ng sariling panahon ng pagsubok, bawat isa ay nabigo, ang kaluwalhatian nito ay kumupas, ang kapangyarihan nito ay nawala, at ang lugar nito ay sinakop ng iba.

"Bagaman tinanggihan ng mga bansa ang mga prinsipyo ng Dios, at sa pagtangging ito ay nagdulot ng kanilang sariling pagkawasak, maliwanag pa rin na ang banal at nangingibabaw na layunin ay gumagawa sa lahat ng kanilang mga pagkilos."—*Education,* pp. 176, 177.

c. Anong mga naiibang elemento ang naglarawan sa ikatlong hayop, na kumakatawan sa imperyo ng Gresya?  Daniel 7:6.

"Kung ang ilang kahariang ito ay pinanatili ang pagkatakot sa Panginoon, bibigyan sana sila ng karunungan at kapangyarihan, na siyang magbubuklod sa kanila at magpapanatili sa kanila na maging matatag." Ngunit ang mga pinuno ng mga kaharian ng sanlibutan ay kinikilala lamang ang Dios na kanilang kalakasan kapag sila ay pinahihirapan at naguguluhan. . . . Sila ay napipilitang lumapit sa mga taong ang mga isipan ay naliliwanagan ng makalangit na liwanag, upang ipaliwanag ang mga hiwagang hindi nila maunawaan."—*The Youth's Instructor,* September 29, 1903.

## 3. ANG ROMA, ANG IKAAPAT NA KAHARIAN Mar, Abr 21

a. Ano ang dahilan kung bakit ang ikaapat na hayop ay mahirap ilarawan sa karaniwang pananalita?Daniel 7:7.

“Ang Banal na Espiritu ay inilarawan ang mga kaharian sa sanlibutan sa ilalim ng simbolo ng mababangis na hayop na nananakmal; ngunit si Kristo ay ‘ang Kordero ng Dios, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.’ Juan 1:29. Sa Kaniyang pamamahala ay walang paggamit ng malupit na puwersa upang pilitin ang konsensya.”—*Christ’s Object Lessons,* p. 77.

“Ang krus ay iniuugnay sa kapangyarihan ng Roma. Ito ang gamit para sa pinakamalupit at nakakahiyang uri ng kamatayan. Ang pinakamatinding kriminal ay inuutusang pasanin ang krus patungo sa lugar kung saan isasagawa ang parusang kamatayan; at madalas habang ito ay ipinapatong sa kanilang mga balikat, sila ay lumalaban nang may buong tapang, hanggang sa sila ay madaig, at ang gamit na iyon ng pagpapahirap ay itinatali sa kanila.”—*The Desire of Ages,* pp. 416, 417.

b. Ano ang nakita sa mga sungay ng ikaapat na hayop? Daniel 7:8.

“Noong ikaanim na siglo, ang kapapahan ay matibay na naitatag. Ang luklukan ng kapangyarihan nito ay itinatag sa lungsod ng imperyo, at ang obispo ng Roma ay idineklara na pinuno ng buong iglesia. Ang Paganismo ay nagbigay ng lugar sa kapapahan. Ibinigay ng dragon sa hayop ang ‘kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at ang dakilang kapamahalaan.’ Pahayag 13:2. At dito nagsimula ang 1260 na taon ng pang-uusig ng papa na inihula sa mga propesiya ni Daniel at ng Pahayag. Daniel 7:25; Pahayag 13:5–7. Ang mga kristiano ay napilitang pumili kung isusuko ang kanilang katapatan at tanggapin ang mga tradisyon at pagsamba ng papa, o isasakripisyo ang kanilang buhay sa mga bilangguan o magdadanas ng kamatayan sa pamamagitan ng pagpapahirap, susunugin ng buhay, o pupugutan ng ulo. Ngayon ay natupad ang mga salita ni Jesus: ‘Datapuwa’t kayo’y ibibigay ng kahit mga magulang, at mga kapatid, at mga kamaganak, at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang iba sa inyo. At kayo’y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa Aking pangalan..’ Lucas 21:16, 17. Ang pag-uusig ay nag-umpisa sa mga matapat nang may matinding poot kaysa dati, at ang sanlibutan ay naging isang malawak na larangan ng digmaan. Sa loob ng daan-daang taon, ang iglesia ni Cristo ay nakahanap ng kanlungan sa pag-iisa at kadiliman. Ganito ang sabi ng propeta: ‘At tumakas ang babae sa ilang, na doon siya’y ipinaghanda ng Dios ng isang dako, upang doon siya ampuning isang libo dalawang daan at anim na pung araw.’ Pahayag 12:6.”—*The Great Controversy,* pp. 54, 55.

c. Ano ang nais malaman ni Daniel matapos makita ang pangitain? Daniel 7:19, 20.

## 4. ANG MALIIT NA SUNGAY

Miy, Abr 22

a. Ano ang ipinaliwanag ng anghel tungkol sa nakakakilabot na ikaapat na hayop, na naglalarawan sa Imperyo ng Roma? Daniel 7:23.

b. Ano ang ipinahayag tungkol sa maliit na sungay? Daniel 7:24.

"Ang malawak na imperyo ng Roma ay nagkapira-piraso, at mula sa mga guho nito ay lumitaw ang malakas na makapangyarihang iyon, ang Iglesia ng Katoliko Romano. Ang iglesiang ito ay ipinagmamalaki ang kanyang hindi nagkakamaling kapamahalaan at ang kanyang minanang relihiyon. Ngunit ang relihiyong ito ay isang nakakapangilabot sa lahat ng nakakaalam ng mga lihim ng hiwaga ng kasamaan. Pinapanatili ng mga pari ng iglesiang ito ang kanilang kapamahalaan sa pamamagitan ng pagpagpapanatili sa mga tao sa kamangmangan tungkol sa kalooban ng Dios, na inihayag sa mga Banal na Kasulatan."—*The Youth's Instructor,* September 22, 1903.

c. Kanino ibubuhos ang galit ng kapangyarihan ng maliit na sungay? Daniel 7:21, 25.

"Ang pag-angat ng Iglesia ng Roma sa kapangyarihan ay naging simula ng Madilim na kapanahunan. Habang lumalakas ang kanyang kapangyarihan, lalong lumalalim ang kadiliman. Ang pananampalataya ay inilipat mula kay Kristo, ang tunay na pundasyon, patungo sa papa ng Roma. Sa halip na magtiwala sa Anak ng Dios para sa kapatawaran ng mga kasalanan at para sa walang hanggang kaligtasan, ang mga tao ay nagtitiwala sa papa, at sa mga pari at mga obispo na kanyang pinagkalooban ng kapamahalaan. Itinuro sa kanila na ang papa ang kanilang tagapamagitan sa lupa at walang sinuman ang maaaring lumapit sa Dios maliban sa pamamagitan niya; at, higit pa rito, siya ay itinuturing na kahalili ng Dios sa kanila kaya dapat sundin nang walang alinlangan. Ang paglihis mula sa kanyang mga kahilingan ay sapat na dahilan upang ipataw ang pinakamabigat na parusa sa mga katawan at kaluluwa ng mga nagkasala. Dahil dito, ang mga isipan ng mga tao ay napalayo mula sa Dios tungo sa mga taong nagkakamali, nagkakasala, at malupit na mga tao, o higit pa, sa prinsipe ng kadiliman mismo, na gumamit ng kanyang kapangyarihan sa pamamagitan nila. Ang kasalanan ay nagkukubli sa anyo ng kabanalan. Kapag ang mga Kasulatan ay pinipigilan, at ang tao ay itinuturing ang kanyang sarili bilang pinakamataas, ang makikita lamang natin ay pandaraya, panlilinlang, at nakakapagpababang kasamaan. Kasabay ng pagtataas ng mga batas at mga tradisyon ng tao ay nahayag ang kasamaan na palaging bunga ng pagsasantabi sa kautusan ng Dios.

"Iyon ang mga araw ng panganib para sa iglesia ni Cristo. Ang mga matapat na tagapagdala ng pamantayan ay talagang kakaunti lamang. Bagama't ang katotohanan ay hindi naiwang walang mga saksi, ngunit kung minsan ay tila ang kamalian at pamahiin ay lubos na nananaig, at ang tunay na relihiyon ay mawawala sa lupa. Ang ebanghelyo ay naisantabi, ngunit ang iba't-ibang uri ng relihiyon ay dumami, at ang mga tao ay nabibigatan sa mga matinding paghihigpit."—*The Great Controversy,* p. 55.

## 5. ANG PAGHATOL

Huw, Abr 23

a. Ano ang mangyayari upang wakasan ang kapangyarihan ng maliit na sungay? Daniel 7:26.

"Ang apatnapu't dalawang buwan [ng Pahayag. 13:5] ay kapareho ng ' isang panahon, at mga panahon at kalahati ng isang panahon,' tatlong taon at kalahati, o 1260 na mga araw, ng Daniel 7—ang panahon kung kailan pahihirapan ng kapangyarihan ng papa ang bayan ng Dios. Ang panahong ito... ay nagsimula sa pananaig ng kapangyarihan ng papa, noong 538 A.D., at nagtapos noong 1798. Noong panahong iyon, ang papa ay ginawang bihag ng hukbo ng Pranses, ang kapangyarihan ng papa ay tumanggap ng nakamamatay na sugat, at ang hula ay natupad, 'Ang nagdadala sa pagkabihag, ay dadalhin din sa pagkabihag.'"—*The Great Controversy,* p. 439.

b. Paano ang pamamaraan ng paghatol inilarawan? Daniel 7:9, 10, 13.

"Ang pagparito ni Cristo na inilalarawan dito ay hindi ang Kaniyang pangalawang pagparito sa lupa. Siya ay naparoon sa Matanda sa mga Araw sa langit upang tumanggap ng kapangyarihan at kaluwalhatian at isang kaharian, na ibibigay sa Kaniya sa pagtatapos ng Kaniyang gawain bilang tagapamagitan."—Ibid., p. 480.

c. Ano ang magiging resulta ng paghuhukom? Daniel 7:11, 14, 18, 22, 26, 27.

---

"Ang dakilang plano ng pagtubos ay nagresulta sa ganap na pagbabalik ng sanlibutan sa biyaya ng Dios. Lahat ng nawala dahil sa kasalanan ay naipanumbalik. Hindi lamang ang tao kundi ang kalupaan ay tinubos, upang maging walang hanggang tahanan ng mga masunurin. Sa loob ng anim na libong taon, si Satanas ay nagpupumilit na mapanatili ang pagmamay-ari ng kalupaan. Ngayon, ang orihinal na layunin ng Dios sa paglikha nito ay natupad na. 'Nguni't ang mga banal ng Kataastaasan ay magsisitanggap ng kaharian, at aariin ang kaharian magpakailan man, sa makatuwid baga'y magpakakailan-kailan man.' Daniel 7:18."—*Patriarchs and Prophets,* p. 342.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Abr 24

1. Ilarawan ang apat na hayop na nakita ni Daniel na umaahon mula sa dagat.
2. Banggitin ang mga imperyong kinakatawanan ng mga hayop, at paano ang kanilang mga katangian natupad.
3. Ano ang nagbigay ng pagkakaiba sa kapangyarihan ng maliit na sungay mula sa iba pang mga kapangyarihang ipinakita?
4. Ano ang tinutukoy na "dakilang" mga salita ng kapangyarihan ng maliit na sungay?
5. Kanino igagawad ng kahatulan ang kapamahalaan ng kalupaan, at kailan?

# Handog sa Unang Sabbath

**Mayo 2, 2026**



**para sa mga Mission sa buong Mundo**

Sa ika-24 na Delegation Session ng General Conference, maraming bagong Mission na kamakailan lamang nabuksan ang kinakatawanan doon. Buong puso kaming nagagalak sa pag-lago na ito sa layunin ng pangkasalukuyang katotohanan, at umaasa na mas marami pang ganitong mga Grupo ang mabubuksan, sapagka't ang buong mundo ay maliliwanagan ng kaluwalhatian ng Dios.

Maraming paraan upang makipagtulungan sa kamangha-manghang gawaing ito ng pagliligtas ng kaluluwa sa mga bagong lugar. "Sapagka't, Ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay mangaliligtas. Paano nga silang magsisitawag doon sa hindi nila sinampalatayanan? at paano silang magsisisampalataya sa kaniya na hindi nila napakinggan? at paano silang mangakikinig na walang tagapangaral? At paano silang magsisipangaral, kung hindi sila nga sinugo?" (Roma 10:13–15, unang bahagi). Parehong ang mga manggagawa at ang mga nagbibigay ng pondo sa gawain ay nagsasakripisyo sa kanilang sarili sa iba't ibang mga paraan upang iligtas ang nawawalang tupa.

"Kung nalalaman lamang ng lahat sa ating hanay kung gaano kahirap ng mga nakaraang taon na itatag ang gawain sa mga lugar na ngayo'y naging mahahalagang sentro, mauunawaan sana nila na kinakailangan ng lakas ng loob upang harapin ang isang sitwasyong walang kasiguraduhan at ipahayag, nang nakataas ang mga kamay sa langit: 'Hindi tayo mabibigo o panghihinaan ng loob.' Ang mga hindi pa nakakapagsimula sa bago at mahirap na mga bukirin ay hindi nauunawaan ang mga hamon ng pagsisimula ng gawain. Kung mauunawaan lamang nila ang pagkilos ng Dios, hindi lamang sila magagalak dahil sa kung ano ang nagawa na, kundi makakakita rin sila ng dahilan upang magalak sa hinaharap ng gawain.

"Mga kapatid, walang dahilan upang panghinaan ng kalooban. Ang mabuting binhi ay inihahasik na. Ang Dios ang mag-iingat dito, upang sumibol at magbunga ng saganang ani. Alalahanin na marami sa mga gawain para sa pagliligtas ng kaluluwa, sa simula pa lamang, ay isinulong sa gitna ng matitinding kahirapan."—*Testimonies for the Church,* vol. 7, p. 242.

"Ang bawat dolyar na nasa ating kamay ay sa Panginoon. Sa halip na gumastos ng mga bagay para sa mga hindi kinakailangang mga bagay, dapat natin itong ilaan sa pagtugon sa mga panawagan ng gawaing misyonero.

"Habang ang mga bagong bukirin ay nabubuksan, ang mga pangangailangan ng pondo ay patuloy na tumataas."—*Historical Sketches,* p. 293.

Kaya't, ngayong Handog sa Unang Sabbath ay titipunin para sa mga Mission sa buong Mundo, isang mahalagang pondo na lubhang kinakailangan ngayon. Pagpalain nawa ng Panginoon ang bawat nagbibigay upang magbigay nang may kagalakan nang may pagtanggi sa sarili at pananampalataya—at gantimpalaan ang bawat isa.

*Ang inyong mga kapatid mula sa General Conference*

SABBATH, MAYO 2, 2026

LEKSIYON 5

# Ang Pagkakasunod-sunod ng mga Kaharian

**SAULUHING TALATA:** ""At ang pangitain sa mga hapon at mga umaga na nasaysay ay tunay: nguni't ilihim mo ang pangitain; sapagka't ukol sa maraming araw na darating" (Daniel 8:26).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 423–432.

"Ang bawat bansa . . . ay nagkaroon ng kani-kaniyang panahon ng pagsubok; bawat isa ay nabigo, ang kaluwalhatian nito ay kumupas, at ang kapangyarihan nito ay nawala."—*Prophets and Kings,* p. 535.

## 1. ANG LALAKING TUPA AY NAGING MAKAPANGYARIHAN

Lin, Abr 26

a. **Malapit sa pagtatapos ng paghahari ng Babilonia, ano ang nakita ni Daniel? Daniel 8:1, 2.**

b. **Ilarawan ang ugali ng unang hayop na lumitaw at naging makapangyarihan. Daniel 8:3, 4.**

c. **Paano ipinaliwanag ng anghel ang tungkol sa tupang lalaki na nakita ni Daniel? Daniel 8:19, 20.**

"Sa pangitain ng propeta [ang Dios] ay nakikitang ibinabagsak ang isang makapangyarihang pinuno, at nagtalaga ng iba pa. Siya ay inihahayag bilang hari ng sansinukob, na malapit nang magtatag ng Kaniyang walang hanggang kaharian—ang Matanda sa mga araw, ang buhay na Dios, ang Pinagmumulan ng lahat ng karunungan, ang Tagapamahala ng kasalukuyan, ang Tagapaghayag ng hinaharap."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 4, p. 1166.

"Mula sa pagbangon at pagbagsak ng mga bansa na malinaw na ipinakita sa mga aklat ni Daniel at ng Pahayag, kinakailangan nating matutunan kung gaano kawalang-halaga ang panlabas at makamundong kaluwalhatian. Ang Babilonia, kasama ang lahat ng kapangyarihan at karingalan nito, na ang katulad nito ay hindi pa nasaksihan ng ating mundo mula pa noon—kapangyarihan at karingalan na sa mga tao noong panahong iyon ay tila matatag at mananatili—ay tuluyang naglaho! Tulad ng 'bulaklak ng damo,' ito ay nalanta. Gayon naglaho ang kaharian ng Medo-Persia, at ang mga kaharian ng Grecia at Roma. At gayon din maglalaho ang lahat ng walang Dios bilang pundasyon nito."—*Prophets and Kings,* p. 548.

## 2. ANG LALAKING KAMBING “AY NAGMALAKING MAINAM” Lun, Abr 27

a. Anong bagong kapangyarihan ang lumitaw upang hamunin ang Medo-Persia? Daniel 8:5, 21.

b. Ilarawan ang mabangis na kapangyarihan ng hari ng bagong imperyong ito. Daniel 8:6, 7.

“Ang kapangyarihang ginagamit ng bawat pinuno sa lupa ay nagmumula sa Langit; at sa paggamit niya ng kapangyarihang ipinagkaloob sa kanya, ang kanyang tagumpay ay nakasalalay. Sa bawat isa ang salita ng banal na Tagapagbantay ay, ‘Aking bibigkisan ka, bagaman hindi mo ako nakilala..’ Isaias 45:5. At sa bawat isa ang mga salitang sinabi kay Nabucodonosor noong unang panahon ay nagsisilbing aral ng buhay: ‘Lansagin mo ng katuwiran ang iyong mga kasalanan, at ng pagpapakita ng kaawaan sa dukha ang iyong katampalasanan; baka sakaling ikatibay ng iyong katiwasayan.’ Daniel 4:27. “Upang maunawaan ang mga bagay na ito — upang maunawaan na ‘Ang katuwiran ay nagbubunyi ng bansa;’ na ‘ang luklukan ay natatatag sa pamamagitan ng katuwiran’ at ‘inaalalayan ng kagandahang-loob’ (Kawikaan 14:34; 16:12; 20:28); upang makilala ang pagsasakatuparan ng mga prinsipyong ito sa pagpapakita ng Kaniyang kapangyarihan na ‘nagaalis ng mga hari, at naglalagay ng mga hari’ (Daniel 2:21) —ay upang maunawaan ang pilosopiya ng kasaysayan.

“Sa salita lamang ng Dios ito malinaw na inilalahad. Dito ipinapakita na ang lakas ng mga bansa, gayon din ng sa bawat isa, ay hindi nakasalalay sa mga pagkakataon o kakayahan na tila ginagawa silang matatag; hindi ito matatagpuan sa kanilang ipinagmamalaking kadakilaan. Ito ay nasusukat sa pamamagitan ng katapatan kung paano nila tinutupad ang layunin ng Dios.”—*Education,* pp. 174, 175.

c. Ano ang nangyari sa imperyo ng Grecia nang ito ay naging napaka-makapangyarihan sa tugatog ng pamumuno ni Alexander the Great? Daniel 8:8, 22.

“‘Siyang makupad sa pagkagalit ,’ sabi ng pantas, ‘ay mas mabuti kaysa sa makapangyarihan; at siyang nagpupuno sa kaniyang diwa ay maigi kay sa sumasakop ng isang bayan’. Ang lalaki o babae na nakakapanatili ng balanse ng isipan sa harap ng tuksong magpakabuyo sa pagnanasa ay higit na mataas ang katayuan sa paningin ng Dios at ng mga anghel sa langit kaysa sa pinaka-tanyag na heneral na namuno kailanman sa isang hukbo sa labanan at sa tagumpay. Sabi ng isang tanyag na emperador sa kanyang huling sandali, ‘Sa lahat ng aking mga tagumpay isa lamang ang nagbibigay sa akin ng kaaliwan ngayon, at iyon ang tagumpay ko laban sa aking sariling magulong ugali.’ Sina Alexander at Caesar ay natuklasan na mas madaling sakupin ang mundo kaysa supilin ang kanilang mga sarili. Matapos sakupin ang maraming mga bansa, sila ay bumagsak—isa sa kanila ang ‘biktima ng kawalan ng pagpipigil, ang isa naman ay ng labis na ambisyon.’”—*Child Guidance,* pp. 95, 96.

## 3. "DUMAKILANG TOTOO"

Mar, Abr 28

a. Anong bagong kapangyarihan ang inilalarawan na sumakop sa nahati-hating imperyo ng Grecia? Daniel 8:9, 23.

b. Ilarawan ang mga pagkilos ng Roma—kapwa ng pagano at papa—na nakita ni Daniel sa pangitain. Daniel 8:10–12, 24.

"Ang kapapahan ay naging pinunong malupit  sa buong mundo. Ang mga hari at emperador ay yumukod sa mga utos ng Romanong papa. Ang mga kapalaran ng mga tao, kapwa para sa kasalukuyan at para sa walang hanggan, ay tila nasa ilalim ng kanyang pagkontrol. . . . Subali't 'ang katanghalian ng kapapahan ay ang hatinggabi ng sanlibutan. . . .' Sa loob ng maraming siglo, ang Europa ay walang nagawang pag-lago sa karunungan, sining, o sibilisasyon. Isang moral at intelektwal na pagkaparalisa ang bumagsak sa Sangkakristiyanuhan."—*The Great Controversy,* p. 60.

"Tulad ng inihula ng propesiya, ang kapangyarihan ng papa ay iwinaksi ang katotohanan sa lupa. Ang kautusan ng Dios ay niyurakan sa alikabok, habang ang mga tradisyon at kaugalian ng mga tao ay itinampok. Ang mga iglesiang nasa ilalim ng pamamahala ng papa ay napilitang igalang ang Linggo bilang isang banal na araw. Sa gitna ng umiiral na pagkakamali at pamahiin, marami, maging sa tunay na bayan ng Dios, ang nalito nang husto kaya't habang ipinangingilin nila ang Sabbath, ay umiwas din sila sa paggawa tuwing Linggo. Subali't hindi dito nasiyahan sa mga pinuno ng papa. Hiniling nila hindi lamang na pakabanalin ang Linggo, kundi lapastanganin din ang Sabbath; at tinuligsa nila sa pinakamatinding pananalita ang mga nangangahas na ipakita ang paggalang dito. Tanging sa pagtakas lamang mula sa kapangyarihan ng Roma maaaring sundin ng sinuman ang kautusan ng Dios nang mapayapa."—Ibid., p. 65.

c. Sa kabila ng mga tusong pamamaraan nito, paano ang kapangyarihang ito matatapos? Daniel 8:25.

---

"Sa gitna ng kadiliman na bumabalot sa kalupaan sa mahabang panahon ng pagngingibabaw ng kapangyarihan ng papa, ang liwanag ng katotohanan ay hindi lubusang mapapatay. Sa bawat panahon ay may mga saksi para sa Dios—mga taong pinahahalagahan ang pananampalataya kay Cristo bilang tanging tagapamagitan sa pagitan ng Dios at ng tao, na itinuring ang Biblia bilang tanging panuntunan ng buhay, at siyang nagpabanal sa tunay na Sabbath. Kung gaano kalaki ang pagkaka-utang ng mundo sa mga taong ito, ay hindi kailanman mauunawaan ng mga susunod na henerasyon. Sila ay tinawag na mga taong lumihis sa katotohanan ng Dios, ang kanilang mga motibo ay pinagdududahan, ang kanilang mga pagkatao ay sinisiraan, ang kanilang mga isinulat ay pinigilan, pinasisinungalingan, o sinisira. Gayunpaman, sila ay nanindigan nang matatag, at sa bawat panahon ay pinangangalagaan ang kanilang pananampalataya sa kadalisayan nito, bilang isang sagradong pamana para sa mga susunod na henerasyong darating."—Ibid., p. 61.

## 4. ANG 2300 NA MGA ARAW

Miy, Abr 29

a. Anong pag-uusap ang narinig ni Daniel tungkol sa lawak ng panahong saklaw ng mga pangyayari sa pangitain, at ano ang magaganap sa katapusan ng panahong iyon? Daniel 8:13, 14.

b. Anong kaganapang katuparan ang inihula sa paglilinis ng santuwario, gaya ng inilalarawan sa seremonyal na batas, at inihula sa pangitain ni Daniel? Levitico 23:27–32; 16:33, 34.

"Sa simbolong sistema, na anino ng pagiging-hain at pagkasaserdote ni Cristo, ang paglilinis ng santuwario ang huling paglilingkod na isinasagawa ng pangulong saserdote sa taunang paglilingkod. Ito ang panghuling gawain ng pagbabayad-sala—ang pag-aalis o pagpawi ng kasalanan sa Israel. Inilalarawan nito ang panghuling gawain sa ministeryo ng ating Dakilang Saserdote sa langit, sa pag-aalis o pagpawi ng mga kasalanan ng Kaniyang bayan, na nakatala sa mga talaan ng langit."—*The Great Controversy,* p. 352.

"Noong unang panahon, ang mga kasalanan ng bayan sa pamamagitan ng pananampalataya ay ipinapatong sa handog para sa kasalanan at sa pamamagitan ng dugo nito ay inililipat, bilang simbolo, sa makalupang santuwario, gayundin sa bagong tipan, ang mga kasalanan ng nagsisisi sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilalagay kay Cristo at inililipat, sa katunayan, sa makalangit na santuwario. At kung paanong ang simbolo ng paglilinis ng makalupang santuwario ay naisasagawa sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga kasalanang nagpaparumi dito, gayundin ang aktwal na paglilinis ng makalangit na santuario ay isasagawa sa pamamagitan ng pag-aalis, o pagpawi, ng mga kasalanang nakatala roon. Subali't bago ito maisakatuparan, kinakailangang suriin ang mga aklat ng talaan upang matukoy kung sino, sa pamamagitan ng pagsisisi sa kasalanan at pananampalataya kay Cristo, ang may karapatan sa mga kapakinabangan ng Kaniyang pagbabayad-sala. Kaya't ang paglilinis ng santuwario ay nangangailangan ng isang gawain ng pagsisiyasat—isang gawain ng paghuhukom. Ang gawaing ito ay dapat isagawa bago ang pagdating ni Cristo upang tubusin ang Kanyang bayan; sapagkat pagdating Niya, ang Kaniyang gantimpala ay nasa Kaniya upang ibigay sa bawat isa ayon sa kaniyang mga gawa. Pahayag 22:12."—Ibid., pp. 421, 422.

c. Ano ang ipinahayag ng anghel tungkol sa propesiya ng 2300 na mga araw? Daniel 8:26 (ihambing ang talata 14, margin).

## 5. ANG PANGITAING BAHAGYANG NAUNAWAAN — Huw, Abr 30

a. Ano ang iniatas sa anghel na si Gabriel na gawin para kay Daniel? Daniel 8:15–18.

---

"Si Gabriel, ang anghel na kasunod sa ranggo ng Anak ng Dios, ang dumating na dala ang banal na mensahe kay Daniel. Si Gabriel, 'Ang Kaniyang anghel,' ang isinugo ni Kristo upang buksan ang darating na panahon sa iniibig na si Juan; at isang pagpapala ang ipinapahayag sa mga bumabasa, at nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon. Pahayag 1:3."—*The Desire of Ages,* p. 234.

b. Sa kabila ng malinaw na paliwanag na ibinigay para sa maraming iba pang mga detalye, ano ang naging reaksyon ni Daniel matapos marinig ang tungkol sa propesiya ng panahon ng 2300 na mga araw? Daniel 8:27.

"Sa pamamagitan ng isa pang pangitain, karagdagang liwanag ang ibinigay sa mga pangyayari sa darating na panahon; at sa pagtatapos ng pangitaing ito ay narinig ni Daniel ang 'isang banal na nagsalita; at ibang banal ay nagsabi sa isang yaon na nagsalita, Hanggang kailan magtatagal ang pangitain?' Daniel 8:13. Ang sagot na ibinigay, 'Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuario.' (talata 14), ay nagdulot sa kanya ng matinding pagkalito. Sinikap niyang maunawaan ang kahulugan ng pangitain. Hindi niya maintindihan ang kaugnayan ng pitumpung taong pagkabihag, na inihula ni Jeremias, sa dalawampu't tatlong daang taon na sa pangitain ay narinig niya ang panauhing makalangit na nagpahayag na magaganap bago ang paglilinis ng santuario ng Dios. Ang anghel na si Gabriel ay binigyan siya ng bahagyang paliwanag; ngunit nang marinig ng propeta ang mga salitang, 'Ang pangitain . . . ay ukol sa maraming araw na darating,' siya ay nanglupaypay. 'Akong si Daniel ay nanglupaypay,' itinala niya ang kanyang karanasan, 'at nagkasakit nang ilang araw; nang magkagayon ako'y nagbangon, at ginawa ko ang mga gawain ng hari: at ako'y natigilan sa pangitain, nguni't walang nakakaunawa.' Mga Talata 26, 27."—*Prophets and Kings,* p. 554.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Mayo 1

1. Anong mga motibo ang kadalasang nagtutulak sa mga pananakop ng mga kapangyarihan sa lupa?
2. Anong hindi naitama na depekto sa ugali ang nagdulot ng pagkabali ng kapansin-pansing sungay ng kambing?
3. Paano ang mga yugto ng pagano at papa sa Roma nagkaroon ng pagkakatulad sa isa't-isa?
4. Ano ang magaganap sa pagtatapos ng 2,300 na mga araw?
5. Aling bahagi ng pangitain ang hindi pa rin maunawaan ni Daniel nang siya ay nanglupaypay?

SABBATH, MAYO 9, 2026

LEKSIYON 6

# Ang Pangitain ay Ipinaliwanag

**SAULUHING TALATA:** "Iyo ngang talastasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem sa pinahiran na prinsipe, magiging pitong sanglinggo, at anim na pu't dalawang sanglinggo: ito'y matatayo uli, na may lansangan at kuta, sa makatuwid baga'y sa mga panahong mabagabag." (Daniel 9:25).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 409–422.

"Ang anghel ay ipinadala kay Daniel para sa tiyak na layunin na ipaliwanag sa kanya ang puntong hindi niya naunawaan sa pangitain ng ikawalong kabanata, ang pahayag na may kaugnayan sa panahon."—*The Great Controversy,* p. 326.

## 1. PAGBABASA UPANG MAUNAWAAN

Lin, Mayo 3

a. Sa panahon ng pagsakop ng mga Medo at Persiano sa Babilonia, ano ang pinag-aaralan ni Daniel? Daniel 9:1, 2.

"Habang ang mga nanatiling matapat sa Dios sa gitna ng Babilonia ay nagsisikap sa Panginoon at nag-aaral ng mga propesiya na humuhula sa kanilang kaligtasan, ang Dios ay inihahanda ang mga puso ng mga hari upang magpakita ng biyaya sa Kaniyang nagsisising bayan."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 4, p. 1172.

b. Ipaliwanag ang kahalagahan ng propesiya na binabasa ni Daniel. Jeremias 25:8–14.

c. Ano ang ipinag-utos ng propesiya ni Jeremias na gawin ng bayan ng Dios? Jeremias 29:10–14.

"Ang mga isinulat ni Jeremias ay abot-kamay [ng mga tapon], at sa mga ito ay malinaw na nakasaad ang haba ng panahon na lilipas bago maibalik ang Israel mula sa Babilonia. . . . Ang biyaya ay ipapakita sa mga nalabi ng Juda, bilang tugon sa taimtim na panalangin."—*Prophets and Kings,* p. 552.

## 2. ANG PANALANGIN NI DANIEL

Lun, Mayo 4

a. Ano ang ginawa ni Daniel bilang tugon sa kanyang nabasa? Daniel 9:3.

"Taglay ang pananampalatayang nakabatay sa tiyak na salita ng hula, si Daniel ay nanalangin sa Panginoon para sa mabilis na katuparan ng mga pangakong ito. Ipinanalangin niya na mapanatili ang karangalan ng Dios. Sa kanyang pagsusumamo, lubos niyang iniugnay ang kanyang sarili kasama ng mga nagkulang sa banal na layunin, na inaamin ang kanilang mga kasalanan bilang kanyang mga kasalanan."—*Prophets and Kings*, pp. 554, 555.

b. Matapos basahin ang panalangin ni Daniel, anong mga pahayag ang maaari mong gawin tungkol sa kung paano niya ipinakumbaba ang kanyang sarili at nagsumamo sa Dios? Daniel 9:4–19.

---

"Bagama't matagal nang naglilingkod si Daniel sa Dios, at ipinahayag ng langit 'na minamahal na mainam,' ngunit ngayon siya ay humarap sa Dios bilang isang makasalanan, na ipinagsusumamo ang malaking pangangailangan ng bayang kanyang minamahal."—Ibid., p. 555.

c. Ano ang bagay na lubos na ikinababahala ni Daniel? Daniel 9:16, 17.

"Sa loob ng halos pitumpung taon, ang Israel ay nasa pagkabihag. Ang lupang pinili ng Dios para sa Kaniyang sariling pag-aari ay ibinigay sa mga kamay ng mga pagano. Ang minamahal na lungsod, na tumanggap ng liwanag ng langit, na minsang naging kagalakan ng buong sanlibutan, ngayon ay hinamak at ibinaba. Ang templong naglalaman ng kaban ng tipan ng Dios at ang mga kerubin ng kaluwalhatian na nagtatakip sa luklukan ng awa, ay nawasak. Ang mismong kinaroroonan nito ay nilapastangan ng mga hindi banal na paa. Ang mga matapat na tao na nakakaalam ng dating kaluwalhatian ay napuno ng matinding dalamhati sa pagkawasak ng banal na bahay na nagpakilala sa Israel bilang piniling bayan ng Dios. Ang mga taong ito ay naging mga saksi sa mga pagsaway ng Dios dahil sa mga kasalanan ng Kaniyang bayan. Sila ay naging mga saksi sa katuparan ng salitang ito. Sila rin ay naging mga saksi sa mga pangako ng Kaniyang biyaya kung ang Israel ay babalik sa Dios, at mamumuhay nang maingat sa harap Niya. Ang mga matatanda at may uban na mga manlalakbay ay umahon sa Jerusalem upang manalangin sa gitna ng mga guho nito. Hinalikan nila ang mga bato nito, at binasa ang mga ito ng kanilang mga luha, habang sila ay nananawagan sa Panginoon na kaawaan ang Sion, at balutin siya ng kaluwalhatian ng Kaniyang katuwiran. Alam ni Daniel na ang itinakdang panahon para sa pagkabihag ng Israel ay malapit nang matapos; ngunit hindi niya inisip na dahil nangako ang Dios na ililigtas sila, ay wala na silang bahaging dapat gagampanan. Sa pag-aayuno at pagsisisi, hinanap niya ang Panginoon, ipinahayag ang kanyang sariling mga kasalanan at ang mga kasalanan ng bayan."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 4, p. 1172.

## 3. ANG MAKALANGIT NA PANAUHIN

Mar, Mayo 5

a. Paano nahinto ang panalangin ni Daniel? Daniel 9:20, 21.

---

"Ang langit ay yumukod upang pakinggan ang taimtim na pagsusumamo ng propeta. Bago pa man niya matapos ang kanyang panalangin para sa kapatawaran at pagpapanumbalik, ang makapangyarihang si Gabriel ay muling nagpakita sa kanya."—*Prophets and Kings,* p. 556.

"Si Gabriel, ang anghel na pangalawa sa Anak ng Dios, ang dumating dala ang banal na mensahe kay Daniel. . . . ang Dios ay ibinigay ang mga bagay na ito sa atin, at ang Kaniyang pagpapala ay sasama sa magalang at taimtim na nag-aaral ng mga banal na kasulatan."—*The Desire of Ages,* p. 234.

b. Ano ang layunin ng pagdalaw ni Gabriel, at paano ito nauugnay sa pangitain sa Kabanata 8? Daniel 9:22, 23.

"Si [Gabriel] ay tinawag ang kanyang pansin sa pangitaing nakita niya bago ang pagbagsak ng Babilonia at ang pagkamatay ni Belsasar."—*Prophets and Kings*, p. 556.

"Ang Dios ay inutusan ang Kaniyang sugo: 'ipaaninaw mo sa taong ito ang pangitain.' Ang atas na iyon ay dapat matupad. Bilang pagsunod dito, ang anghel, pagkaraan ng ilang panahon, ay bumalik kay Daniel, na nagsasabing: 'Ako'y lumabas ngayon upang bigyan ka ng karunungan at kaunawaan;' 'kaya't gunitain mo ang bagay, at unawain mo ang pangitain.' Daniel 8:27, 16; 9:22, 23, 25–27. May isang mahalagang punto sa pangitain ng kabanata 8 na hindi naipaliwanag, ang mga ito ay ang, may kaugnayan sa panahon—ang panahon ng 2300 na mga araw; kaya't, ang anghel, sa pagpapatuloy ng kanyang paliwanag, ay tumuon sa paksa ng panahon."—*The Great Controversy,* p. 325.

c. Anong panahon ang itinakda para sa bansang Judio, at ano ang nakatakdang matupad sa panahong iyon? Daniel 9:24.

---

"Ang pangunahing tema ng pangangaral ni Cristo ay, 'Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Dios: kayo'y mangagsisi, at magsisampalataya sa evangelio.' Kaya't ang mensahe ng ebanghelyo, na ibinigay mismo ng Tagapagligtas, ay nakabatay sa mga propesiya. Ang 'panahon' na ipinahayag Niya na natupad ay ang panahong ipinaalam ng anghel na si Gabriel kay Daniel. . . . Ang isang araw sa propesiya ay kumakatawan sa isang taon. Tingnan ang Mga Bilang 14:34; Ezekiel 4:6. Ang pitumpung linggo, o apat na raan at siyamnapung araw, ay kumakatawan sa apat na raan at siyamnapung mga taon."—*The Desire of Ages,* p. 233.

## 4. ANG PAGSISIMULA AY IPINAHAYAG — Miy, Mayo 6

a. **Anong mahalagang utos ng hari ang siyang magiging simula ng pitumpung linggo? Daniel 9:25.**

"Ang utos na muling itayo at ayusin ang Jerusalem, na natapos sa pamamagitan ng utos ni Artaxerxes Longimanus (tingnan ang Ezra 6:14; 7:1, 9, margin), ay nagkabisa noong taglagas ng b.c. 457. Mula sa panahong ito, apat na raan at walumpu't tatlong taon ang umaabot hanggang sa taglagas ng a.d. 27."—*The Desire of Ages,* p. 233.

b. **Ilarawan ang mga probisyong ginawa sa utos na naging katuparan ng propesiyang ito. Ezra 7:11–13, 21–27.**

"Ang Panginoon. . . ay kumilos sa puso ng hari, kaya't si Ezra ay nakasumpong ng biyaya sa kanya. Ang hari ay naglagay sa kanyang mga kamay ng masaganang pamamaraan para sa muling pagtatayo ng templo, at ginawang posible para sa mga Judio ang makabalik."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 3, p. 1134.

c. **Ano rin ang inihula ng propesiya tungkol sa ministeryo ng Mesiyas? Daniel 9:26 (first part), 27 (first part).**

"Ayon sa propesiya, ang panahong ito ay aabot hanggang sa Mesiyas, ang Isang Pinahiran. Noong A.D. 27, si Jesus sa Kaniyang bautismo ay tumanggap ng pagpapahid ng Banal na Espiritu, at hindi nagtagal ay sinimulan ang Kaniyang ministeryo. Pagkatapos ay ipinahayag ang mensahe. 'Naganap na ang panahon.'

"Kung gayon, sinabi ng anghel, 'Pagtitibayin niya ang tipan sa marami sa loob ng isang sanglinggo [pitong taon].' Sa loob ng pitong taon mula ng simulan ng Tagapagligtas ang Kaniyang ministeryo, ang ebanghelyo ay ipangangaral lalo na sa mga Judio; sa loob ng tatlo at kalahating taon ni Kristo mismo; at pagkatapos ay ng mga apostol. 'at sa kalahati ng sanglinggo ay kaniyang ipatitigil ang hain at ang alay.' Daniel 9:27. Noong tagsibol ng A.D. 31, si Kristo ang tunay na hain ay inialay sa Kalbaryo. Sa panahong iyon ang tabing ng templo ay napunit sa dalawa, na nagpapakita na ang kabanalan at kahalagahan ng paglilingkod sa paghahain ay natapos na. Ang panahon ay dumating na upang itigil na ang paghahain at ang pag-aalay sa lupa.

Ang isang linggo—pitong taon—ay natapos noong A.D. 34. Sa panahong iyon, sa pamamagitan ng pagbato kay Esteban, ay tuluyang tinatakan ng mga Judio ang kanilang pagtanggi sa ebanghelyo; ang mga alagad na nangalat dahil sa pag-uusig na 'nagsipangalat nga ay nagsipaglakbay, na ipinangangaral ang salita' (Mga Gawa 8:4)."—*The Desire of Ages,* p. 233.

## 5. ANG PITUMPUNG LINGGO AY NATUPAD NA — Huw, Mayo 7

a. Anong trahedya ang nakatakdang maganap pagkatapos ng 490 na mga taon? Daniel 9:26 (huling bahagi), 27 (huling bahagi); Lucas 21:20.

"Ang mahabang pagtitiis ng Dios sa Jerusalem ay lalo lamang nagpatibay sa mga Judio sa kanilang katigasan ng hindi pagsisisi. . . . Sa kanilang bulag at mapangahas na kapusungan, hayagang ipinahayag [ng kanilang mga pinuno] na wala silang takot na ang Jerusalem ay mawawasak, sapagkat ito ang lungsod na pag-aari ng Dios. Upang mas matibay na maitatag ang kanilang kapangyarihan, sinuhulan nila ang mga bulaang propeta upang ipahayag, kahit na habang kinukubkob ng mga hukbo ng Romano ang templo, na ang bayan ay dapat maghintay ng pagliligtas mula sa Dios. Hanggang sa huli, ang karamihan ay nanghawakan nang mahigpit sa paniniwala na ang Kataas-taasan ay mamamagitan upang matalo ang kanilang mga kaaway. Ngunit ang Israel ay tinanggihan ang banal na proteksyon, kaya't wala na siyang depensa. Kaawa-awang Jerusalem! nasira dahil sa panloob na pagtatalo, ang dugo ng kanyang mga anak na pinatay ng mga kamay ng isa't isa ay nagpakulay-pula sa kanyang mga lansangan, habang ang mga dayuhang hukbo ay winawasak ang kanyang mga kuta at pinapatay ang kanyang mga lalaking mangdirigma!"—*The Great Controversy*, pp. 28, 29.

b. Sa pag-unawa sa unang bahagi ng mga araw na ito, ano ang maaari nating matukoy ngayon? Daniel 8:14; 9:24.

"Hanggang sa ngayon, ang bawat detalye ng mga propesiya ay maliwanag na natupad, at ang simula ng pitumpung linggo ay itinakda nang walang pag-aalinlangan sa 457 B.C., at ang kanilang pagtatapos noong A.D. 34. Mula sa datos na ito ay madaling matukoy ang pagtatapos ng 2300 na mga araw. Ang pitumpung linggo—490 na mga araw—dahil inihiwalay mula sa 2300, ay mayroong 1810 araw na natitira. Pagkatapos ng 490 araw, ang 1810 na mga araw ay kailangan pang matupad. Mula A.D. 34, 1810 taon ay umaabot hanggang 1844. Kaya't ang 2300 araw ng Daniel 8:14 ay nagtapos noong 1844. Sa pagtatapos ng dakilang panahong ito ng propesiya, sa patotoo ng anghel ng Dios, 'kung magkagayo'y malilinis ang santuario..' Sa gayon ang panahon ng paglilinis ng santuario . . . ay tiyak na itinuro."—Ibid., p. 328.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Mayo 8

1. Bagama't siya'y isang propeta, ano ang masigasig na hinangad na maunawaan ni Daniel?
2. Bakit isinama ni Daniel ang kaniyang sarili sa mga panalangin ng pagsisisi para sa mga kasalanan ng Israel?
3. Paano natin tiyak na nalalaman na ang Daniel 9 ang kasagutan ng hiwaga ng Daniel 8?
4. Ipaliwanag ang kaganapang naging tanda ng pagsisimula ng 490-na taong propesiya.
5. Ilarawan ang pagkawasak ng Jerusalem, na inihula nina Daniel at Hesus.

# Ang Natatatakang Aklat ay Muling Binuksan

**SAULUHING TALATA:** ""At ako'y naparoon sa anghel na nagsabi ako sa kaniya na ibigay sa akin ang maliit na aklat. At kaniyang sinabi sa akin, Kunin mo ito, at ito'y kanin mo; at papapaitin ang iyong tiyan, datapuwa't sa iyong bibig ay magiging matamis na gaya ng pulot" (Pahayag 10:9).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 391–408.

"Ang makapangyarihang anghel na nagturo kay Juan ay walang iba kundi si Jesucristo."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 971.

## 1. ANG PANTAS AY SISILANG — Lin, Mayo 10

a. Ilarawan ang pagsubok at tagumpay na inihayag sa pagtatapos ng huling pangitain ni Daniel. Daniel 12:1, 2.

b. Paano makikita ang mga pantas kumpara sa mga masasama sa araw na iyon? Daniel 12:3; Mateo 13:41–43.

"Ang kaluluwang nabago ay nabubuhay kay Cristo. Ang kanyang kadiliman ay lumilipas na, at isang bago at makalangit na liwanag ang sumisinag sa kanyang kaluluwa. 'Siyang pantas ay humihikayat ng mga kaluluwa.' 'At silang mga pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan man.' Ang nagagawa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga tao sa Dios ay isang gawaing hindi kailanman mawawala, kundi magpapatuloy sa walang hanggang mga panahon. Siya na ginagawang karunungan ang Dios, na lumalago hanggang sa ganap na sukat ng isang tao kay Jesu-Cristo, ay makatatayo sa harap ng mga hari, sa harap ng tinatawag na mga dakilang tao ng sanlibutan, at ipapakita ang mga papuri Niya na tumawag sa kanya mula sa kadiliman patungo sa Kanyang kamangha-manghang liwanag. Ang agham at panitikan ay walang kakayahang makapagdala sa madilim na isipan ng mga tao ng liwanag na maaaring dalhin ng maluwalhating ebanghelyo ng Anak ng Dios. Ang Anak ng Dios lamang ang makakagawa ng dakilang gawain ng pagliliwanag sa kaluluwa. Hindi nakakapagtaka na sinabi ni Pablo, 'Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagka't siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya.' Ang ebanghelyo ni Cristo ay nagiging bahagi ng pagkatao ng mga nananampalataya, at ginagawa silang mga buhay na sulat, na nakikilala at nababasa ng lahat ng tao."—*Fundamentals of Christian Education,* pp. 199, 200.

## 2. ANG AKLAT AY SINARHAN

Lun, Mayo 11

a. Ano ang ipinag-utos kay Daniel na gawin sa panahong iyon? Daniel 12:4 (unang bahagi), 8, 9 (unang bahagi).

“Pinarangalan si Daniel ng mga tao ng mga tungkulin sa pamahalaan at sa mga lihim ng mga kaharian na may pandaigdigang impluwensya, si Daniel ay pinarangalan ng Dios bilang Kanyang kinatawan, at binigyan ng maraming kapahayagan ng mga hiwaga ng mga darating na panahon. Ang kanyang mga kahanga-hangang propesiya, gaya ng naitala niya sa mga kabanata 7 hanggang 12 ng aklat na may pangalan niya, ay hindi lubos na naunawaan kahit ng propeta mismo; ngunit bago nagtapos ang kanyang mga gawain sa buhay, binigyan siya ng mapalad na katiyakan na ‘sa katapusan ng mga araw’—sa nagtatapos na panahon ng kasaysayan ng sanlibutang ito—muli siyang pahihintulutang tumayo sa kanyang bahagi at tungkulin. Hindi ibinigay sa kanya ang pag-unawa sa lahat ng ipinahayag ng Dios tungkol sa banal na layunin. . . .

“Habang tayo’y papalapit sa pagtatapos ng kasaysayan ng sanlibutang ito, ang mga propesiya na naitala ni Daniel ay dapat nating pagtuonan ng natatanging pansin, dahil ang mga ito ay nauugnay sa mismong panahon na ating kinalalagyan. Dapat silang maiugnay sa mga aral ng huling aklat ng Bagong Tipan.”—*Prophets and Kings,* p. 547.

b. Ano ang nagpapakita na ang mga salita ng anghel ay tumutukoy sa hiwaga ng 2300 na mga araw, at kailan ang hiwagang iyon mahahayag? Daniel 8:17; 12:4, 9 (huling bahagi).

“Ang mga propesiya ay naglalahad ng sunod-sunod na mga pangyayari na aabot sa pagsisimula ng paghuhukom. Ito ay lalong maliwanag sa aklat ni Daniel. Ngunit ang bahaging iyon ng kanyang propesiya na may kaugnayan sa mga huling araw, ay iniutos kay Daniel na isara at tatakan ‘hanggang sa panahon ng kawakasan.’ Hindi pa maaaring ipahayag ang mensahe tungkol sa paghuhukom hanggang sa marating natin ang panahong ito, batay sa katuparan ng mga propesiyang ito. Ngunit sa panahon ng kawakasan, sinabi ng propeta, ‘marami ang tatakbo ng paroo’t parito, at ang kaalaman ay lalago.’ Daniel 12:4. . . .

“Simula noong 1798, ang aklat ni Daniel ay nabuksan na, ang kaalaman sa mga propesiya ay lumago, at marami ang nagpahayag ng solemneng mensahe na malapit na ang paghuhukom.

“Tulad ng malaking Repormasyon noong ika-labing-anim na siglo, ang *advent movement* ay lumitaw sa iba’t ibang bansa ng Sangkakristiyanuhan nang sabay-sabay. Sa Europa at Amerika, ang mga taong may pananampalataya at debosyon ay inakay sa pag-aaral ng mga propesiya, at, sa pagsubaybay sa kinasihang talaan, nakakita sila ng matibay na ebidensya na ang katapusan ng lahat ng bagay ay malapit na. Sa iba’t ibang lupain ay may mga ilang grupo ng mga Kristiyano na, sa pamamagitan lamang ng pag-aaral ng mga Kasulatan, ay naniwala na ang pagbabalik ng Tagapagligtas ay malapit na.”—*The Great Controversy,* pp. 356, 357.

## 3. ANG PANAHON NG KAWAKASAN

Mar, Mayo 12

a. Habang nakatingin at nakikinig si Daniel, anong taimtim na utos ang tumukoy sa panahong patungo sa panahon ng kawakasan?Daniel 12:5–7.

b. Sa pag-uugnay ng iba pang mga talata, tukuyin ang tamang panahon ng propesiyang ito. Daniel 7:25; Pahayag 11:2, 3; 12:6, 14; 13:5.

"Si apostol Pablo ay binabalaan ang iglesia na huwag asahan ang pagdating ni Kristo sa kaniyang kapanahunan. 'Sapagka't ito'y hindi darating,' aniya, 'maliban nang dumating mula ang pagtaliwakas, at mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan.' 2 Tesalonica 2:3. Hindi natin maaasahan ang pagdating ng ating Panginoon hangga't hindi pa natatapos ang malaking pagtalikod sa pananampalataya, at ang mahabang panahon ng paghahari ng 'taong makasalanan,' maaari natin maasahan ang pagdating ng ating Panginoon. Ang 'taong makasalanan,' na tinatawag ding 'hiwaga ng kasamaan,' 'ang anak ng kapahamakan,' at 'ang tampalasan,' ay kumakatawan sa kapapahan, na, gaya ng inihula sa propesiya, ay mananatili sa kanyang pangingibabaw sa kapangyarihan sa loob ng 1260 taon. Ang panahong ito ay natapos noong 1798. Ang pagdating ni Kristo ay hindi maaaring maganap bago ang panahong iyon. Si Pablo ay sinaklaw ng kanyang paalala ang buong kapanahunan ng Kristiyano hanggang sa taong 1798. Sa panig na ito ng panahong iyon ang mensahe ng ikalawang pagparito ni Kristo ay ipapahayag."—*The Great Controversy,* p. 356.

c. Paano ang panahon ng 1260 na mga taon inilarawan ng anghel? Daniel 12:10 (unang bahagi).

"Noong ikalabintatlong siglo ay itinatag ang pinakakakila-kilabot sa lahat ng mga kasangkapan ng kapapahan—ang Paglilitis ng kapapahan. Ang prinsipe ng kadiliman ay nakipagtulungan sa mga pinuno ng pamunuan ng papa. Sa kanilang mga lihim na konseho si Satanas at ang kanyang mga anghel ay pinangangasiwaan ang mga isipan ng masasamang tao, habang hindi nakikita sa gitna nila ay nakatayo ang isang anghel ng Dios, na itinatala ang kanilang walang-katarungang mga utos at isinusulat ang kasaysayan ng mga gawa na labis na nakakapanghilakbot sa mga mata ng tao. Ang 'Dakilang Babilonia' ay 'lasing sa dugo ng mga banal.' Ang mga pira-pirasong bahagi ng katawan ng milyun-milyong martir ay sumisigaw sa Dios para sa hustisya sa tumalikod na kapamahalaang iyon. . . .

"Ang kalagayan ng sanlibutan sa ilalim ng kapangyarihan ng Roma ay nagpakita ng nakakakilabot at kapansin-pansing katuparan ng mga salita ng propetang si Oseas. . . . 'sapagka't walang katotohanan, ni kaawaan man, ni kaalaman man tungkol sa Dios sa lupain.' Wala kundi pagsumpa at kawalan ng pagtatapat, at pagpatay, pagnanakaw, at pangangalunya; sila'y nagsisidaluhong, at nagkakabubuan ng dugo.' Oseas 4:6, 1, 2. Gayon ang mga resulta ng pagtakwil sa salita ng Dios."—Ibid., pp. 59, 60.

## 4. ANG AKLAT NA NAKABUKAS
Miy, Mayo 13

a. Sa pag-uugnay sa pagkakatulad sa Daniel 12:7, paano nakita ni propeta Juan ang pagbubukas ng tinatakang pangitain ni Daniel? Pahayag 10:1, 2, 5, 6.

"Ang makapangyarihang anghel na nagturo kay Juan ay walang iba kundi si Jesu-Cristo. Ang paglalagay ng Kanyang kanang paa sa dagat, at ang Kanyang kaliwa sa tuyong lupa, ay nagpapakita ng bahaging ginagampanan Niya sa mga huling kaganapan ng matinding pakikipagtunggali kay Satanas. Ang katayuang ito ay nagpapahiwatig ng Kaniyang pinaka-mataas na kapangyarihan at kapamahalaan sa buong kalupaan. . . .

"Nakita ni Juan na ang maliit na aklat ay nabuksan. Doon ang mga propesiya ni Daniel ay nagkaroon ng tamang lugar para sa una, pangalawa, at pangatlong mensahe ng mga anghel na ibibigay sa sanlibutan. Ang pagbubukas ng maliit na aklat ay ang mensaheng may kaugnayan sa panahon. . . .

"Ang panahong ito, na ipinahayag ng anghel sa pamamagitan ng taimtim na pagpapatunay, ay hindi ang katapusan ng kasaysayan ng sanlibutang ito, ni ng panahon ng awa, kundi ng nakahulang panahon, na dapat mauna bago ang pagdating ng ating Panginoon. Ibig sabihin, ang bayan ay hindi na muling magkakaroon ng mensahe tungkol sa tiyak na panahon. Pagkatapos ng panahong ito, na umaabot . . . hanggang 1844, ay wala ng tiyak na pagtutukoy ng nakahulang panahon. Ang pinakamahabang pagbibilang ay umabot hanggang sa taglagas ng 1844.

"Ang katayuan ng anghel, na ang isang paa ay nasa dagat, ang isa ay nasa lupa, ay nagpapahiwatig ng malawak na nasasaklaw ng pagpapahayag ng mensahe. Ito ay tatawid sa malawak na katubigan at ipahahayag sa ibang mga bansa, sa buong sanlibutan."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 971.

b. Ipaliwanag kung paano ang karanasan ni Juan sa pangitain ng pagkain ng maliit na aklat ay naging kahalintulad ng karanasan ng *Advent movement* noong dekada 1840. Pahayag 10:9–11.

"Ang pag-unawa sa katotohanan, ang masayang pagtanggap sa mensahe, ay inilalarawan sa pagkain ng maliit na aklat. Ang katotohanan patungkol sa panahon ng pagdating ng ating Panginoon ay isang napakahalagang mensahe sa ating mga kaluluwa."—Ibid.

"Lumipas ang panahon ng paghihintay, at si Kristo ay hindi nagpakita para sa kaligtasan ng Kaniyang bayan. Yaong mga may matapat na pananampalataya at pag-ibig na nanabik sa kanilang Tagapagligtas, ay nakaranas ng mapait na kabiguan. Gayunpaman, ang mga layunin ng Dios ay natutupad; sinusubok Niya ang mga puso ng mga nagsasabing naghihintay sa Kanyang pagpapakita. . . .

"Ngunit si Jesus at ang buong makalangit na hukbo ay nakatingin nang may pag-ibig at pagmalasakit sa mga sinusubok at matapat bagaman sila ay nabigo. Kung natanggal lamang ang tabing na naghihiwalay sa nakikita mula sa di-nakikitang daigdig, makikita sana ang mga anghel na lumalapit sa mga matatag na kaluluwang ito at pinoprotektahan sila mula sa mga palaso ni Satanas."—*The Great Controversy*, p. 374.

## 5. SA GITNA NG PANTAS

Huw, Mayo 14

a. Paano inilarawan si Daniel ni Ezekiel, isa sa kanyang mga kapanabayan sa panahon? Ezekiel 14:14.

b. Paano tayo mapapabilang sa mga pantas tulad ni Daniel? Daniel 12:10 (huling bahagi); Kawikaan 9:10; Mateo 7:24, 25.

"Ang 'panahon ng kabagabagan, na hindi pa nangyayari kailanman,' ay malapit nang dumating sa atin; at kakailanganin natin ang isang karanasang wala pa tayo ngayon at marami ang napaka-tamad na makamit ito. Madalas na ang kabagabagan ay mas matindi sa inaasahan kaysa sa kaganapan; ngunit hindi ganoon ang krisis na darating sa atin. Ang pinakamalinaw na paglalarawan ay hindi kayang abutin kalakhan ng pagsubok. Sa panahong iyon ng pagsubok, ang bawat kaluluwa ay kailangang makapanindigan nang mag-isa sa harapan ng Dios. 'Bagaman si Noe, si Daniel, at si Job, ay nangandoon, 'buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, hindi sila mangagliligtas ng mga anak na lalake o babae man; ang kanila lamang ililigtas ay ang kanilang sariling kaluluwa sa pamamagitan ng kanilang katuwiran..' Ezekiel 14:20.

"Ngayon, habang ang ating dakilang Pangulong Saserdote ay gumagawa ng pagbabayad-sala para sa atin, dapat nating sikaping maging sakdal kay Cristo. Kahit sa kaisipan man ay hindi nadala ang ating Tagapagligtas na magpasakop sa kapangyarihan ng tukso. Si Satanas ay nakakahanap sa mga puso ng tao ng ilang punto upang panghawakan; ang ilang masamang pagnanasa ay tinataglay, kung saan ang kanyang mga tukso ay iginigiit ang kanilang kapangyarihan. Ngunit ipinahayag ni Kristo ang tungkol sa Kaniyang sarili: 'Sapagka't dumarating ang prinsipe ng sanglibutan: at siya'y walang anoman sa akin;.' Juan 14:30. Si Satanas ay walang matagpuan sa Anak ng Dios na magbibigay-daan sa kaniya upang magtagumpay. Tinupad Niya ang mga kautusan ng Kaniyang Ama, at walang kasalanan sa Kanya na maaaring magamit ni Satanas para sa kanyang kalamangan. Ito ang kalagayan kung saan dapat matagpuan ang mga taong makakapanindigan sa panahon ng kabagabagan."—*The Great Controversy,* pp. 622, 623.

c. Paano sa huli pinaalis ng anghel si Daniel? Daniel 12:13.

---

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Mayo 15

1. Kailan ang pagkabuhay na mag-uli ayon sa Daniel 12:2 magaganap?
2. Ano ang nangyari upang mabuksan ang propesiya ni Daniel?
3. Anong kaganapan ang naging tanda ng pagsisimula ng panahon ng kawakasan?
4. Anong propesiya ang naghayag ng pagbubukas ng aklat ni Daniel?
5. Paano ako makakatiyak na mapabilang sa mga pantas?

# Ang Propeta ng Patmos

**SAULUHING TALATA:** "Sa dulang ay may isa sa kaniyang mga alagad, na minamahal ni Jesus na nakahilig sa sinapupunan ni Jesus." (Juan 13:23).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Acts of the Apostles,* pp. 539–556.

"Pagkatapos ng pag-akyat sa langit ni Cristo, si Juan ay nanindigan bilang isang matapat at masigasig na manggagawa para sa Panginoon."—*The Acts of the Apostles,* p. 546.

## 1. ANG ALAGAD NA MINAMAHAL NI JESUS — Lin, Mayo 17

a. Anong mga halimbawa ang nagpapakita ng malapit na kaugnayan ng alagad na si Juan kay Jesus? Mateo 17:1; Marcos 14:33; Lucas 8:51.

---

"[Si Juan] ay tila naranasan ang isang natatanging antas ng pakikipagkaibigan kay Kristo, at nakatanggap siya ng maraming tanda ng pagtitiwala at pag-ibig ng Tagapagligtas. Isa siya sa tatlong pinahintulutang masaksihan ang kaluwalhatian ni Kristo sa bundok ng pagbabagong-anyo at ang Kaniyang matinding paghihirap sa Getsemani, at sa kaniya rin ipinagkatiwala ng ating Panginoon ang pangangalaga ng Kaniyang ina sa mga huling oras ng matinding paghihirap sa krus."—*The Acts of the Apostles,* p. 539.

b. Paano si Juan natatangi sa mga alagad? Juan 13:23; 21:20 (unang bahagi), 24.

"Sina Juan at Santiago, Andres at Pedro, kasama sina Felipe, Natanael, at Mateo, ay mas malapit na nakaugnay sa Kaniya kaysa sa mga iba, at nasaksihan ang mas marami sa Kaniyang mga himala. Sina Pedro, Santiago, at Juan ay may mas malapit pang ugnayan sa Kaniya. Halos palagi silang kasama Niya, nasasaksihan ang Kanyang mga himala, at napapakinggan ang Kaniyang mga salita. Si Juan ay mas lalong malapit kay Hesus, kaya't siya ay nakikilala bilang ang minamahal ni Hesus. Ang Tagapagligtas ay iniibig silang lahat, ngunit si Juan ang may espiritung pinakahandang tumanggap. Siya ay mas bata kaysa sa mga iba, at dahil sa pagtitiwalang tulad ng isang bata binuksan niya ang kaniyang puso kay Hesus. Sa gayon ay lalo siyang napalapit kay Kristo, at sa pamamagitan niya ang pinakamalalim na espirituwal na aral ng Tagapagligtas ay naipahayag sa Kaniyang bayan."—*The Desire of Ages,* p. 292.

## 2. ANG UGALING NABAGO

Lun, Mayo 18

a. Ano ang kahulugan ng pangalang ibinigay ni Jesus kina Juan at sa kaniyang kapatid na si Santiago? Marcos 3:17.

---

"Si Juan ay hindi likas na nagtataglay ang kagandahan ng ugali na ipinakita ng kanyang mga karanasan kalaunan. Sa kaniyang likas na ugali siya ay may malulubhang mga depekto. Hindi lamang siya mapagmataas, may tiwala sa sarili, at mapaghangad ng karangalan, kundi mapusok, at madaling magalit kapag nasasaktan. Siya at ang kaniyang kapatid ay tinawag na 'mga anak ng kulog.' Ang pagiging mainitin ang ulo, ang pagnanais na maghiganti, ang espiritu ng pamumuna, ay pawang nasa minamahal na alagad. Ngunit sa ilalim ng lahat ng ito, nakita ng banal na Guro ang masigasig, matapat, at mapagmahal na puso. Sinaway ni Hesus ang kanyang pagka-makasarili, binigo ang kaniyang mga hangarin, sinubukan ang kaniyang pananampalataya. Ngunit inihayag Niya sa kanya ang pinakaninanais ng kaniyang kaluluwa—ang kagandahan ng kabanalan, ang nakapagpapabagong kapangyarihan ng pag-ibig."—*The Acts of the Apostles,* p. 540.

b. Paano ni Juan natutunan ang isang bagong paraan ng pakikitungo sa kapwa? Juan 13:34; 1 Juan 4:7, 8.

---

"Ang mga aral ni Cristo, na nagpapakita ng kaamuan, kapakumbabaan, at pag-ibig bilang mahalaga sa paglago sa biyaya at pagiging angkop para sa Kaniyang gawain, ay napakahalaga kay Juan. Pinahahalagahan niya ang bawat aral at patuloy na sinikap na iayon ang kaniyang buhay sa banal na huwaran. Nagsimulang makita ni Juan ang kaluwalhatian ni Cristo—hindi ang makamundong karangyaan at kapangyarihan na kanyang natutunang dapat asahan, kundi 'ang kaluwalhatian na gaya ng sa Bugtong ng Ama, na puspos ng biyaya at katotohanan.' Juan 1:14."—Ibid., p. 544.

c. Ilarawan ang mga bunga ng isang pusong puspos ng pag-ibig sa ating kapwa. 1 Juan 3:10, 11; Juan 13:35.

---

"Ang lalim at alab ng pag-ibig ni Juan sa kaniyang Panginoon ay hindi ang sanhi ng pag-ibig ni Kristo sa kanya, kundi ang epekto ng pag-ibig na iyon. Ninais ni Juan na maging katulad ni Hesus, at sa ilalim ng nagpapabagong impluwensya ng pag-ibig ni Kristo, siya ay naging maamo at mapagkumbaba. Ang sarili ay nakatago kay Hesus. Higit sa lahat ng kanyang mga kasama, isinuko ni Juan ang kanyang sarili sa kapangyarihan ng kamangha-manghang buhay na iyon. . . . Nakilala ni Juan ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng isang personal na kaalaman. Ang mga aral ng kaniyang Panginoon ay nakaukit sa kaniyang kaluluwa. Nang siya ay magpatotoo tungkol sa biyaya ng Tagapagligtas, ang kanyang simpleng pananalita ay naging mahusay dahil sa pag-ibig na pumuno sa kaniyang buong pagkatao."—Ibid., pp. 544, 545.

## 3. IPINATAPON SA PATMOS

Mar, Mayo 19

a. Matapos hindi magtagumpay ang mga pagtatangka na kitilin ang buhay ni Juan, saan siya sa kalaunan ipinadala? Pahayag 1:9.

"Si Juan ay . . . ipinatawag sa Roma upang litisin dahil sa kanyang pananampalataya. Doon, sa harap ng mga pinuno ang mga aral ng apostol ay kanilang pinasinungalingan. Ang bulaang mga saksi ay inakusahan siya ng pagtuturo ng mga mapanghimagsik na maling paniniwala. Sa pamamagitan ng mga paratang na ito, ang kaniyang mga kaaway ay umasang maisakatuparan ang kamatayan ng alagad.

"Si Juan ay sumagot para sa kanyang sarili nang malinaw at sa nakakakumbinsing paraan, at sa gayong kasimplehan at katapatan kaya't ang kanyang mga salita ay nagkaroon ng makapangyarihang epekto. Ang kaniyang mga tagapakinig ay namangha sa kaniyang karunungan at kahusayan sa pagsasalita. Subali't habang mas nakakakumbinsi ang kaniyang patotoo, mas lumalalim ang poot ng kaniyang mga kaaway. . . .

"Si Juan ay inihagis sa kawa ng may kumukulong langis; ngunit iningatan ng Panginoon ang buhay ng Kaniyang matapat na lingkod, tulad ng pag-iingat Niya sa tatlong Hebreo sa nagliliyab na hurno. Habang sinasabi ang mga salita, Ganito mapapahamak ang lahat ng naniniwala sa manlilinlang na iyon, na si Jesu-Cristo ng Nazareth, ipinahayag ni Juan, Ang aking Panginoon ay matiising nagpasakop sa lahat ng pagpapahirap na inimbento ni Satanas at ng kanyang mga anghel upang ipahiya at pahirapan Siya. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay upang iligtas ang sanlibutan. Isang karangalan ang pahintulutang magtiis para sa Kaniya. . . .

"Ang mga salitang ito ay nagkaroon ng epekto sa kanila, at si Juan ay inalis mula sa kumukulong kawa ng mismong mga taong naghagis sa kanya roon. . . .
"Sa utos ng emperador, si Juan ay ipinatapon sa Isla ng Patmos. . . .

"Dito, naisip ng kaniyang mga kaaway, ang kaniyang impluwensya ay hindi na makakaapekto, at sa huli ay mamamatay siya sa hirap at pagkabalisa."—*The Acts of the Apostles*, pp. 569, 570.

b. Anong mahalagang pribilehiyo ang hatid ng pagkakatapon sa kaniya? Pahayag 1:1–3, 10, 11.

"Ang Patmos, isang tigang at mabatong isla sa Dagat Aegean, ay pinili ng pamahalaan ng Roma bilang isang lugar kung saan itinatapon ang mga kriminal; ngunit para sa lingkod ng Dios, ang madilim na lugar na ito ay naging pintuan ng langit. Doon, ay malayo mula sa abalang mga kaganapan ng buhay, at mula sa mahirap na mga gawain ng mga nagdaang taon, ay taglay niya ang pakikisama ng Dios at ni Cristo at ng mga anghel sa langit, at mula sa kanila ay tumanggap siya ng tagubilin para sa iglesia para sa lahat ng panahon sa hinaharap. Ang mga pangyayaring magaganap sa mga huling kaganapan ng kasaysayan ng kalupaang ito ay nakabalangkas sa harap niya; at doon niya isinulat ang mga pangitaing natanggap niya mula sa Dios."—Ibid., pp. 570, 571.

## 4. ANG PAKIKIPAGTAGPO KAY KRISTO

Miy, Mayo 20

a. Paano si Kristo nagpakita kay Juan sa pangitain sa Patmos? Pahayag 1:12–16.

“[Ang minamahal na alagad] ay nakita ang kaniyang Panginoon sa Getsemani, ang Kanyang mukha ay may bakas ng mga patak ng dugo ng matinding paghihirap, ang Kaniyang ‘mukha . . . ay nadungisan nang higit kaysa sa sinumang tao, at ang Kaniyang anyo higit kaysa sa mga anak ng mga tao.’ Isaias 52:14. Nakita niya Siya sa mga kamay ng mga kawal ng Roma, na nabibihisan ng isang lumang balabal na kulay-ube at may koronang tinik. Nakita niya Siyang nakapako sa krus ng Kalbaryo, naging tampulan ng malupit na pangungutya at pang-aabuso. Ngayon si Juan ay muling pinahintulutang makita ang kaniyang Panginoon. Ngunit lubhang nagbago ang Kaniyang anyo! Hindi na Siya ang Tao sa Kapanglawan, na hinamak at ipinahiya ng mga tao. Siya ay nabibihisan ng kasuotan ng makalangit na liwanag. . . . Ang Patmos ay naging maningning sa kaluwalhatian ng nabuhay na Panginoon.”—*The Acts of the Apostles,* p. 582.

b. Ano ang reaksyon ni Juan, at anong utos ang ibinigay sa kaniya ni Hesus? Pahayag 1:17–19.

“Si Juan ay pinalakas upang mabuhay sa harap ng kaniyang niluwalhating Panginoon. Sa oras na iyon bago ang kaniyang nakakamanghang pangitain ay nabuksan ang mga kaluwalhatian ng langit. Siya ay pinahintulutang makita ang luklukan ng Dios at, habang nakatingin sa kabila ng mga tunggalian sa lupa, upang mamasdan ang mga nakasuot ng puting damit na karamihan. Narinig niya ang himig ng mga anghel sa langit at ang mga awit ng kagalakan ng mga nagtagumpay sa pamamagitan ng dugo ng Kordero at ng salita ng kanilang patotoo. Sa pahayag na ibinigay sa kaniya, mayroong mga kaganapan na sunod-sunod na nabuksan ng kapanapanabik na karanasan ng bayan ng Dios, at ang kasaysayan ng iglesia ay inihula hanggang sa katapusan ng panahon. Sa mga anyo at simbolo, ang mga paksang may napakalaking kahalagahan ay ipinahayag kay Juan, na kanyang itatala, upang ang bayan ng Dios na nabubuhay sa kaniyang panahon at sa mga darating na panahon ay magkaroon ng matalinong pag-unawa sa mga panganib at tunggalian sa hinaharap nila.”—Ibid., pp. 582, 583.

c. Paano ang aklat ng Pahayag nagiging mensahe para sa bawat isa sa atin? Pahayag 1:4–6; 3:22.

---

“Ang kapahayagang ito ay ibinigay para sa patnubay at kaaliwan ng iglesia sa buong kapanahunan ng Kristiyano. Gayunpaman, ipinahayag ng mga guro ng relihiyon na ito ay isang aklat na natatakan at ang mga lihim nito ay hindi maipapaliwanag. Kaya marami ang tumalikod sa mga isinulat ng propeta, tumatangging maglaan ng oras at pag-aralan ang mga hiwaga nito. Ngunit hindi nais ng Dios na ang Kaniyang bayan ay ituring nang gayon ang aklat na ito.”—Ibid., p. 583.

## 5. ANG PRESENSYA NI CRISTO AY TINIYAK

Huw, Mayo 21

a. Ano ang kahulugan ng pangitain ni Cristo sa gitna ng pitong gintong kandelero? Pahayag 1:20.

"Si Kristo ay binanggit na lumlakad sa gitna ng mga ginintuang kandelero. Sa gayon sinisimbolohan ang Kaniyang kaugnayan sa mga iglesia. Siya ay palaging nakikipag-ugnayan sa Kaniyang bayan. Nalalaman Niya ang kanilang tunay na kalagayan. Pinagmamasdan Niya ang kanilang kaayusan, ang kanilang kabanalan, ang kanilang debosyon. Bagama't Siya ang pangulong saserdote at tagapamagitan sa santuario sa itaas, Siya ay kumakatawan na naglalakad pataas at pababa sa gitna ng Kaniyang mga iglesia sa lupa. Taglay ang walang kapagurang pagbabantay at walang humpay na pangangalaga, Siya ay nagmamasid upang makita kung ang ilaw ng sinuman sa Kaniyang mga bantay ay malamlam o namamatay. Kung ang mga kandelero ay hahayaan lamang sa pangangalaga ng tao, ang nag-aandap-andap na apoy ay manghihina at mamamatay; ngunit Siya ang tunay na bantay sa bahay ng Panginoon, ang tunay na katiwala sa mga looban ng templo. Ang Kanyang patuloy na pangangalaga at tumutustos na biyaya ang pinagmumulan ng buhay at liwanag."—*The Acts of the Apostles*, p. 586.

b. Ilarawan ang layunin ng mga mensahe ng Dios sa buong iglesia, na kinakatawanan ng pitong iglesia sa Pahayag kabanata 2 at 3.

"Ang mga pangalan ng pitong iglesia ay sumisimbolo sa iglesia sa iba't ibang yugto ng kapanahunan ng Kristiyano. Ang bilang na 7 ay nagpapahiwatig ng pagiging ganap, at sumisimbolo sa katotohanan na ang mga mensahe ay umaabot hanggang sa katapusan ng panahon, habang ang mga simbolong ginamit ay nagpapakita ng kalagayan ng iglesia sa iba't ibang kapanahunan sa kasaysayan ng sanlibutan."—Ibid., p. 585.

"Ang iglesia ay may mga depekto at nangangailangan ng mahigpit na pagsaway at pagtutuwid, at si Juan ay kinasihan na itala ang mga mensahe ng babala at pagsaway at pagsusumamo sa mga, nawawala ang paningin sa mga pangunahing prinsipyo ng ebanghelyo, na isinasapanganib ang kanilang pag-asa sa kaligtasan. Subali't ang mga salita ng pagsaway na nakikita ng Dios na kinakailangang ipaabot ay dapat palaging binibigkas nang may magiliw na pag-ibig at may pangako ng kapayapaan sa bawat nagsisising mananampalataya."—Ibid., p. 587.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Mayo 22

1. Bagama't walang mga paborito si Jesus, bakit tinawag si Juan na ang minamahal na alagad?
2. Ano ang nagdulot ng pagbabago sa buhay at ugali ni Juan?
3. Paano hinadlangan ng Dios ang mga layunin ng masasamang taong nagtangkang ipahamak si Juan?
4. Bagama't madalas na napagkakamaliang tawaging ang aklat na natatakan, ano ang kahulugan sa atin ng Pahayag?
5. Ilarawan ang layunin ng Dios sa pagpapadala ng mga mensahe ng pagsaway sa Kaniyang iglesia.

SABBATH, MAYO 30, 2026

LEKSIYON 9

# Ang Dragon, ang Babae, at ang Nalabi

**SAULUHING TALATA:** "At nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kaniyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at mga may patotoo ni Jesus." (Pahayag 12:17).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 582–592.

"Ang kalayaan ng konsensya, na nagdulot ng napakalaking sakripisyo, ay hindi na igagalang. Sa nalalapit na tunggalian ay makikita natin ang mga katuparan ng mga salita ng propeta."—*The Great Controversy,* p. 592.

## 1. ANG IGLESIA AY INIHAYAG

Lin, Mayo 24

a. Ano ang makikita sa pagsisimula ng ikaapat na pangitain ni Juan? Pahayag 12:1.

b. Sa mga simbolo sa Biblia, ano ang inilalarawan ng isang babae? 2 Corinto 11:2; Ezekiel 23:2–4; Pahayag 17:3–6.

---

"Sa Pahayag 17, ang Babilonia ay inilalarawan tulad ng isang babae—isang anyo na ginagamit sa Biblia bilang simbolo ng isang iglesia, isang mabuting babae na kumakatawan sa isang dalisay na iglesia, isang masamang babae sa isang tumalikod na iglesia.

"Sa Biblia, ang sagrado at walang hanggang katangian ng ugnayang umiiral sa pagitan ni Cristo at ng Kanyang iglesia ay inihahalintulad sa pag-aasawa. Ang Panginoon ay pinag-isa ang Kaniyang bayan sa Kaniyang sarili sa pamamagitan ng isang solemneng tipan, na nangangako Siya na magiging kanilang Dios, at ipinangangako nila ang kanilang sarili na magiging Kaniya at Kaniya lamang. Ipinahayag Niya: 'At ako'y magiging asawa mo magpakailan man; oo, magiging asawa mo ako sa katuwiran, at sa kahatulan, at sa kagandahang-loob, at sa mga kaawaan.' Oseas 2:19. At, muli: 'Ako'y asawa ninyo;.' Jeremias 3:14. At ginamit ni Pablo ang parehong anyo sa Bagong Tipan nang sabihin niya: 'Sapagka't kayo'y Aking pinapagasawa sa isa, upang kayo'y maiharap ko kay Cristo na tulad sa dalagang malinis.' 2 Corinto 11:2."—*The Great Controversy,* p. 381.

a. Paano ang iglesia dumaan sa paghihirap sa paghihintay sa Mesiyas na anak? Pahayag 12:2; Isaias 9:6; Lucas 2:25–32.

"Ang mga huling salita ni Jacob ang pumuno [sa mga matapat sa mga Judio] ng pag-asa: 'Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda, Ni ang tungkod ng pagkapuno sa pagitan ng kaniyang mga paa, Hanggang sa ang Shiloh ay dumating.' Genesis 49:10. Ang humihinang kapangyarihan ng Israel ay nagpatotoo na ang pagdating ng Mesiyas ay malapit na. Ang propesiya ni Daniel ay naglalarawan sa kaluwalhatian ng Kaniyang paghahari sa isang imperyo na papalit sa lahat ng mga kaharian sa lupa; at, sinabi ng propeta, 'Ito ay mananatili magpakailanman.' Daniel 2:44. Bagama't kakaunti ang nakaunawa sa katangian ng misyon ni Kristo, mayroong malawakang inaasahan na isang makapangyarihang prinsipe na magtatatag ng kaniyang kaharian sa Israel, at darating bilang tagapagligtas ng mga bansa.

"Dumating na ang kaganapan ng panahon. Ang sangkatauhan, na lalong nalugmok sa kasalanan sa paglipas ng mga panahon ng pagsalangsang, ay nananabik para sa pagdating ng Manunubos."—*The Desire of Ages,* p. 34.

b. Anong kapangyarihang pang-pamahalaan ang inilalarawan ng malaking pulang dragon? Pahayag 12:3.

"Sa ilalim ng mga simbolo ng isang malaking pulang dragon, isang mabangis na hayop na katulad ng leopardo, at isang hayop na may mga sungay na katulad ng kordero, ang mga pamahalaan sa lupa na lalong makikibahagi upang yurakan ang kautusan ng Dios at ang pag-uusig sa Kaniyang bayan, ay ipinakita kay Juan."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, p. 972.

c. Dahil sa kapangyarihang ito na katulad ng dragon, anong panganib ang hinarap ng iglesia at ng Mesiyas? Pahayag 12:4.

"Si Satanas ay kumikilos upang gawing malalim ang bangin at hindi matatawid ang agwat sa pagitan ng lupa at langit. Sa pamamagitan ng kanyang mga kasinungalingan ay pinalakas niya ang loob ng mga tao sa kasalanan. Layunin niya na maubos ang pagtitiis ng Dios, at mapawi ang Kaniyang pag-ibig sa tao, upang iwanan Niya ang sanlibutan sa pamamahala ni Satanas."—*The Desire of Ages,* pp. 34, 35.

"Si Satanas sa langit ay kinapootan si Kristo dahil sa Kaniyang posisyon sa kaharian ng Dios. Lalo niya Siyang kinapootan nang siya mismo ay maalis sa trono. Kinamuhian niya Siya na ipinangako ang Kaniyang sarili upang tubusin ang lahi ng mga makasalanan. Gayunman sa sanlibutang inaangkin ni Satanas na kanyang nasasakupan ay pinahintulutan ng Dios ang Kaniyang Anak na dumating, bilang isang walang magawang sanggol, nakibahagi sa kahinaan ng sangkatauhan. Pinahintulutan Niya Siyang harapin ang panganib ng buhay na karaniwan sa bawat kaluluwa ng tao, na makipagbaka sa digmaan tulad ng dapat pakikibaka ng bawat anak ng sangkatauhan, kahit na may panganib ng pagkabigo at walang hanggang pagkawala."—Ibid., p. 49.

## 3. PAGBABAKA SA LANGIT

Mar, Mayo 26

a. Anong pananaw sa nakaraan ang ipinahayag kay Juan, at ano ang ibig sabihin nito? Pahayag 12:7–9.

"Ang pagsalungat sa kautusan ng Dios ay nagsimula sa mga korte ng langit, kasama si Lucifer, ang nagtatakip na kerubin. Si Satanas ay determinadong maging una sa mga kapulungan ng langit, at maging kapantay ng Dios. Sinimulan niya ang kanyang gawain ng paghihimagsik kasama ang mga anghel sa ilalim ng kanyang pamumuno, na sinikap na ipalaganap sa kanila ang espiritu ng kawalan ng kasiyahan. At siya ay kumilos sa mapanlinlang na paamamaraan kaya't marami sa mga anghel ang nahikayat na sumunod sa kanya bago pa man lubos na malaman ang kanyang mga layunin. Kahit ang mga tapat na anghel ay hindi lubos na nakilala ang kanyang katangian, ni nakita kung ano ang patutunguhan ng kanyang gawain. Nang magtagumpay si Satanas sa paghikayat ng maraming anghel sa kaniyang panig, dinala niya ang kanyang usapin sa Dios, na inihaharap na ito ang nais ng mga anghel na siya ang dapat umokupa sa posisyon na hawak ni Kristo.

"Ang kasamaan ay patuloy na gumawa hanggang sa ang espiritu ng kawalan ng kasiyahan ay tuluyang naging lantad na paghihimagsik. Pagkatapos ay nagkaroon ng pagbabaka sa langit, at si Satanas, kasama ang lahat ng nakisimpatya sa kanya, ay inihagis."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, pp. 972, 973.

b. Paano ang pahayag sa Apocalipsis 12:10, 11 ipinakita ang katuparan ng pagpapalayas kay Satanas sa panahon ng ministeryo ni Jesus?

"Sa pananaw ng propesiya, sinundan ni Kristo ang mga kaganapang mangyayari sa Kaniyang huling matinding pakikipagtunggali. Alam Niya na kapag sinabi Niyang, 'Naganap na,' ang buong kalangitan ay magdiriwang. Naririnig ng Kaniyang tainga ang malayong himig at ang mga hiyaw ng tagumpay sa mga bulwagan sa langit. Alam Niya na ang hudyat pagbagsak ng imperyo ni Satanas ay maririnig, at ang pangalan ni Kristo ay itatanyag mula sa sanlibutan patungo sa iba pang sanlibutan hanggang sa buong kalangitan."—*The Desire of Ages,* p. 679.

"Ang plano ng pagtubos ay may mas malawak at mas malalim na layunin kaysa sa kaligtasan ng tao. Hindi lamang ito ang dahilan ng pagparito ni Kristo sa lupa; hindi lamang upang igalang ng mga naninirahan sa maliit na mundong ito ang kautusan ng Dios ayon sa nararapat; kundi upang ipagtanggol ang katangian ng Dios sa harap ng sansinukob. . . . Ang ginawa ni Kristo sa pagkamatay para sa kaligtasan ng tao ay hindi lamang upang magbukas ng daan sa mga tao patungo sa langit, kundi sa harap ng buong sansinukob ay patutunayan ang kautwiran ng Dios at ng Kaniyang Anak laban sa paghihimagsik ni Satanas. Itatatag nito ang pagiging walang hanggan ng kautusan ng Dios at ihahayag ang likas at mga bunga ng kasalanan."—*Patriarchs and Prophets,* pp. 68, 69.

## 4. PAGBABAKA SA LUPA

Miy, Mayo 27

a. Anong mas malaking panganib ang ipapakita ngayon sa iglesia? Pahayag 12:12, 13.

“Si Satanas, na batid ang kahariang kaniyang inagaw ay sa huli ay aagawin mula sa kaniya, ay determinadong gawin ang lahat ng kanyang makakaya upang lipulin ang pinakamaraming nilalang na nilikha ng Dios ayon sa Kaniyang wangis. Kinamumuhian niya ang tao dahil ipinakita ni Kristo para sa kaniya ang gayong mapagpatawad na pag-ibig at awa, kaya’t ngayon ay naghanda siyang magsagawa sa kanya ng lahat ng uri ng panlilinlang na maaaring magdulot sa kanya ng kapahamakan; “at lalo niyang pinagbuhusan ng lakas ang kanyang gawain dahil sa kawalan ng pag-asa sa sariling kalagayan.”—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7, pp. 973, 974.

“Ang malaking tunggalian sa pagitan ng mabuti at masama ay titindi pa hanggang sa katapusan ng panahon. Sa lahat ng panahon, ang poot ni Satanas ay naipapakita laban sa iglesia ni Cristo; at ipinagkakaloob ng Dios ang Kaniyang biyaya at Espiritu sa Kaniyang bayan upang palakasin sila upang makapanindigan laban sa kapangyarihan ng isang napakasama. Kapag ang mga apostol ni Cristo ay magdadala ng Kaniyang ebanghelyo sa sanlibutan at itatala ito para sa lahat ng mga darating na panahon, sila ay pagkakalooban ng natatanging kaliwanagan ng Espiritu. Subali’t habang papalapit ang iglesia sa kaniyang huling pagliligtas, si Satanas ay kikilos nang may mas higit na kapangyarihan. . . . At lahat ng kalaliman ng kasanayan at kahusayan ni Satanas na natamo, lahat ng kalupitan na nabuo, sa mga panahong ito ng pakikibaka, ay gagamitin laban sa bayan ng Dios sa huling tunggalian. At sa panahong ito ng panganib, ang mga tagasunod ni Cristo ay magdadala sa sanlibutan ng babala ng ikalawang pagdating ng Panginoon; at ang bayan ay dapat maging handang tumayo sa harap Niya sa Kaniyang pagdating, ‘na walang dungis, at walang kapintasan.’ 2 Pedro 3:14. Sa panahong ito, ang natatanging kaloob ng banal na biyaya at kapangyarihan ay mas higit na kinakailangan pa rin ng iglesia kaysa noong mga panahon ng mga apostol.”—*The Great Controversy,* pp. ix, x.

b. Ilarawan ang karanasan ng iglesia sa loob ng 1,260 na mga taon ng matinding paghihirap at pag-uusig. Pahayag 12:6, 14.

c. Anong tulong ang dumating upang hadlangan ang pagsalakay ng mga ahensya ng tao na nais ng dragon na gamitin laban sa mga matapat? Pahayag 12:15, 16

“Habang ang pabalita ay kumakalat sa mga bansa ng Europa, tungkol sa isang lupain kung saan maaaring tamasahin ng bawat tao ang bunga ng kaniyang sariling pagpapagal at sundin ang tinig ng kaniyang sariling konsensya, libu-libo ang nagdagsaan sa mga baybayin ng Bagong Mundo.”—Ibid., p. 296.

## 5. ANG MGA NALABI

Huw, Mayo 28

a. Habang ang galit ng dragon ay umaabot na sa sukdulan nito, paano ang mga matapat inilalarawan? Pahayag 12:17.

---

"Ang tagapagpahayag, na nakatingin sa mga kapanahunan hanggang sa katapusan ng panahon, ay nagpahayag, 'At nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kaniyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at mga may patotoo ni Jesus.' Pahayag 12:17. Ang ilan sa mga nabubuhay ngayon sa lupa ay makikita na ang mga salitang ito ay matutupad. Ang parehong espiritu noong mga nakaraang panahon na nag-udyok sa mga tao na usigin ang tunay na iglesia, ay sa hinaharap ay magtutulak sa pagsasagawa ng katulad na gawain laban sa mga nananatiling matapat sa Dios. Kahit ngayon ay ginagawa na ang mga paghahanda para sa huling matinding tunggaliang ito."—*Prophets and Kings*, p. 605.

b. Paano inilalarawan ng mga katangian ng nalabi ang iglesia sa mga huling araw? Pahayag 14:12; 19:10.

---

"Ang nalalabing iglesia ay kikilalanin ang Dios sa pamamagitan ng Kaniyang kautusan at magtataglay ng kaloob ng propesiya. Ang pagsunod sa kautusan ng Dios, at ang espiritu ng hula ay palaging nagiging pagkakakilanlan ng tunay na bayan ng Dios, at ang pagsubok ay karaniwang ibinibigay sa kasalukuyang mga pangyayari."—*Loma Linda Messages,* p. 33.

"Ang nalalabing iglesia ay dadalhin sa matinding pagsubok at paghihirap. Ang mga sumusunod sa kautusan ng Dios at sa pananampalataya ni Jesus ay makakaramdam ng galit ng dragon at ng kaniyang mga hukbo. Ibinibilang ni Satanas ang sanlibutan bilang kanyang mga sakop, nakuha niya ang kontrol sa mga tumalikod na iglesia; ngunit narito ang isang maliit na pangkat na matatag na lumalaban sa kanyang kapangyarihan."—*Testimonies for the Church,* vol. 9, p. 231.

"Ang pagtangging sumunod sa kautusan ng Dios, at ang determinasyon na magtanim ng poot laban sa mga nagpapahayag ng kautusang ito, ay humahantong sa pinakamatinding digmaan mula sa dragon, na ang buong lakas ay ginagamit upang labanan ang mga taong sumusunod sa kautusan ng Dios."—Ibid., vol. 8, p. 117.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Mayo 29

1. Bakit ang iglesia ay sinisimbolohan ng isang babae sa Biblia?
2. Ipaliwanag ang panganib na tinanggap ng Anak ng Dios upang pumarito sa lupa bilang isang tao.
3. Kailan ganap na natapos ang pagpapalayas kay Satanas mula sa langit?
4. Ilarawan ang dahilan ng matinding galit ng dragon laban sa iglesia.
5. Anong mga katangian ang dapat hanapin upang makilala ang nalabi?

# Handog sa Unang Sabbath

**Hunyo 6, 2026**



## Bahay-Panalanginan sa Prague, Czech Republic

Ang Czech Republic ay isang bansa sa pinakasentro ng Europa, na nasa hangganan ng Germany, Poland, Austria, at Slovakia. Sa loob ng bansang ito matatagpuan ang Bohemia, isang makasaysayang rehiyon na may mga kaakit-akit na nayon, marilag na mga kastilyo, at isang mayamang pamana ng kultura at pananampalataya kung saan nagpasimula si John Huss (1369–1415) ng kanyang dakilang mga reporma. Sa kasalukuyan, ito ay isang modernong sekular na estado na may populasyon na humigit-kumulang 10.9 milyong tao, kung saan mahigit 1.4 milyon ang naninirahan sa kabiserang lungsod, ang Prague.

Ang Prague ay hindi lamang isang sentro ng kasaysayan at kultura, kundi isa ring lugar kung saan libu-libong tao ang may pangangailangan sa espirituwal, at marami ang naghahanap ng kahulugan ng buhay, pag-asa, at kapayapaan sa kanilang mga puso. Sa mga naninirahan dito, 47.8% ang itinuturing na walang relihiyon, 11.7% ang kinikilala ang Kristiyanismo (kung saan 9.3% ang nagsasabing Katoliko at 2.4% ang iba pang denominasyong Kristiyano), at 10.8% ang kinikilala ang ibang mga relihiyon.

Ang gawain ng SDA Reform Movement sa lungsod na ito ay nagsimula noong Mayo 2014, tatlong tao lamang ang nagtipon para sa unang pagpupulong. Kalaunan, noong Agosto 2020, isang pastor at ang kaniyang pamilya ang ipinadala rito upang ipahayag ang mensahe ng pang-kasalukuyang katotohanan ng kaligtasan sa mga nawawaglit na kaluluwa.

Sa kasalukuyan, ang kongregasyon sa Prague ay may 30 na kaanib ng iglesia, at kasama ang mga interesado at naghahanda para sa bautismo, mayroong humigit-kumulang 70 katao. Ang pagsamba ay kasalukuyang ginaganap sa isang inuupahang lugar, ngunit taimtim na nananalangin ang kongregasyon para sa pagkakataong makabili o makapagtayo ng sarili nilang bahay-panalanginan—isang lugar kung saan maaaring magtipon ang bayan ng Dios, mapatibay ang kanilang pananampalataya, at maibahagi ang liwanag ng katotohanan sa mga nakapaligid sa kanila.

"Ang bahay kung saan sinasamba ang Dios ay dapat na naaayon sa Kaniyang katangian at kadakilaan."—*Testimonies for the Church,* vol. 5, p. 268.

Mahal na mga kapatid, ngayon ay mayroon tayong isang mapalad na pagkakataon na makibahagi sa dakilang gawaing ito ng Dios. Ang inyong handog ay isang pamumuhunan sa walang-hanggan, sa kaligtasan ng mga kaluluwa, at sa pagpapatibay ng iglesia sa pinakasentro ng Europa. Ipanalangin natin ang patnubay ng Dios, suportahan ang proyektong ito, at ibahagi ang pangangailangang ito sa iba. Pagpalain nawa ng Panginoon ang bawat isa na may pag-ibig na nakikibahagi sa gawaing ito!

"Kami ay laging nagpapasalamat sa Dios para sa inyong lahat, na binabanggit kayo sa aming mga panalangin" (1 Tesalonica 1:2).

*Ang inyong mga kapatid sa Prague*

SABBATH, HUNYO 6, 2026

LEKSIYON 10

# Ang Hayop at ang Tanda

**SAULUHING TALATA:** "At ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo" (Pahayag 13:16).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 439–450.

"Ang mga sungay na katulad ng sa kordero at ang simbolong tinig ng dragon ay tumutukoy sa isang kapansin-pansing pagkakaiba sa pagitan ng mga ipinapahayag at tunay na pamumuhay ng bansang kinakatawanan nito."—*The Great Controversy,* p. 442.

## 1. ANG HAYOP NA MARAMING ANYO

Lin, Mayo 31

a. Ano ang nakita ni Juan sa Pahayag 13:1 (unang bahagi), at paano natin ito mauunawaan batay sa ating pag-aaral ng Daniel 7:3?

b. Ano ang matututunan natin mula sa kung paano ang ilan sa mga pisikal na katangian ng hayop nauugnay sa apat na hayop na ating napag-aralan noon? Pahayag 13:2; Daniel 7:4–6.

"Sa kabanata 13 (mga talata 1-10) ay inilarawan ang isa pang hayop, 'katulad ng isang leopardo,' kung saan ibinigay ng dragon ang 'kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan.' Ang simbolong ito, gaya ng pinaniniwalaan ng karamihan sa mga Protestante, ay kumakatawan sa kapapahan, na pumalit sa kapangyarihan, luklukan, at kapamahalaan na dating hawak ng sinaunang imperyo ng Roma. Tungkol sa hayop na katulad leopardo ay ipinahayag: 'At binigyan siya ng isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay at mga kapusungan. . . . At ibinuka niya ang kaniyang bibig sa pamumusong laban sa Dios, upang lapastanganin ang Kaniyang pangalan, at ang Kaniyang tabernakulo, at ang mga nananahan sa langit. At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal, at pagtagumpayan sila; at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawa't angkan at bayan at wika at bansa.' Ang propesiyang ito, na halos kapareho ng paglalarawan ng maliit na sungay ng Daniel 7, ay walang alinlangang tumutukoy sa kapapahan."—*The Great Controversy,* p. 439.

"Sa maraming bansa sa Europa, ang mga kapangyarihang namuno sa iglesia at estado sa loob ng maraming siglo ay kontrolado ni Satanas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kapapahan."—Ibid., pp. 268, 269.

## 2. KAPANGYARIHANG MAPANG-USIG

Lun, Hun 1

a. **Paano ang pagkakakilanlan ng hayop napatunayan batay sa panahon ng kaniyang pangingibabaw? Pahayag 13:5; Daniel 7:25.**

"'Binigyan siya ng kapamahalaan, upang magpatuloy na apat na pu't dalawang buwan.' At, sinabi ng propeta, 'Nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay.' At muli: 'Ang magdadala sa pagkabihag, ay dadalhin din sa pagkabihag: kung ang sinoman ay papatay sa tabak, ay dapat siyang mamatay sa tabak.' Ang apatnapu't dalawang buwan ay kapareho ng 'isang panahon, at mga panahon at kalahati ng isang panahon,' tatlong taon at kalahati, o 1260 na mga araw, ng Daniel 7—ang panahon kung kailan pahihirapan ng kapangyarihan ng papa ang bayan ng Dios. Ang panahong ito, . . . ay nagsimula sa pangingibabaw ng kapangyarihan ng papa, noong 538 A.D., at nagtapos noong 1798. Sa panahong iyon, ang papa ay binihag ng hukbong Pranses, ang kapangyarihan ng papa ay tumanggap ng nakamamatay na sugat, at ang hula ay natupad, 'Ang magdadala sa pagkabihag, ay dadalhin din sa pagkabihag.'"—*The Great Controversy,* p. 439.

b. **Paano ang mawawala pangingibabaw ng kapangyarihan ng hayop na katulad ng leopardo? Pahayag 13:3 (unang bahagi), 10.**

c. **Anong mga pagkilos ang isasagawa ng hayop? Pahayag 13:6–8.**

---

---

"Ang impluwensya ng Roma sa mga bansang dating kumilala sa kanyang kapangyarihan ay malayo pa sa tuluyang pagkawasak. At ipinahayag ng propesiya ang muling pagbabalik ng kaniyang kapangyarihan. 'At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay; at ang kaniyang sugat na ikamamatay ay gumaling: at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop.' Talata 3. Ang pagkakasugat na ikamamatay ay tumutukoy sa pagbagsak ng kapapahan noong 1798. Pagkatapos nito, sinabi ng propeta, 'ang kanyang sugat na ikamamatay ay gumaling: at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop.' Malinaw na ipinahayag ni Pablo na ang 'taong makasalanan' ay magpapatuloy hanggang sa ikalawang pagparito. 2 Tesalonica 2:3–8. Hanggang sa wakas ng panahon ay ipagpapatuloy niya ang gawain ng panlilinlang. At sinabi ng tagapagpahayag, na tumutukoy din sa kapapahan: 'At ang lahat ng nananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay.' Pahayag 13:8. Sa parehong Luma at Bagong Mundo, ang kapapahan ay tatanggap ng parangal sa pagbibigay-galang sa institusyon ng Linggo, na nakasalalay lamang sa kapangyarihan ng iglesiang Romano."—Ibid., p. 579.

## 3. ANG HAYOP NA KATULAD NG KORDERO Mar, Hun 2

a. Anong bagong kapangyarihang pampulitika ang nakitang lumilitaw habang tinatanggap ng kapangyarihan ng papa ang ikamamatay nitong sugat? Pahayag 13:11.

"Ang hayop na may mga sungay na katulad ng sa isang kordero ay nakitang 'umaahon mula sa lupa.' Sa halip na pabagsakin ang ibang mga kapangyarihan upang itatag ang sarili, ang bansang kinakatawanan nito ay dapat bumangon sa teritoryong dating walang naninirahan at unti-unting lumago sa mapayapang paraan. Kung gayon, hindi ito maaaring bumangon sa gitna ng siksikan at naghihirap na mga bansa ng Lumang Mundo—ang magulong dagat ng 'mga tao, at mga karamihan, at mga bansa, at mga wika.' Ito ay dapat mahanap sa Kanlurang Kontinente.

"Aling bansa sa Bagong Mundo ang noong 1798 ay umaangat sa kapangyarihan, na nagbibigay ng pangako ng lakas at kadakilaan, at umaakit ng pansin ng sanlibutan? Ang pag-uugnay ng simbolo ay hindi mapag-aalinlanganan. Isang bansa, at iisa lamang, ang nakakatugon sa mga detalye ng propesiyang ito; walang pag-aalinlangang itinuturo nito ang Estados Unidos ng Amerika. Paulit-ulit na ang kaisipan, halos eksaktong mga salita, ng banal na manunulat ay hindi sinasadyang ginamit ng mananalumpati at mananalaysay sa paglalarawan ng paglitaw at paglago ng bansang ito. Ang hayop ay nakitang 'umaahon mula sa lupa;' at, ayon sa mga tagalimbag, ang salitang isinalin dito na 'umaahon' ay literal na nangangahulugang 'tumubo o sumibol na parang halaman.' At, gaya ng nakita natin, ang bansa ay dapat lumitaw sa teritoryong dating walang naninirahan. . . .

"'At siya ay may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero.' Ang mga sungay na katulad ng sa isang kordero ay nagpapahiwatig ng pagiging-kabataan, kamusmusan, at kaamuan, na angkop na kumakatawan sa katangian ng Estados Unidos nang ipakita sa propeta na 'umaahon' noong 1798. Kabilang sa mga Kristiyanong ipinatapon na unang tumakas patungong Amerika at humingi ng kanlungan mula sa pang-aapi ng hari at hindi pagtanggap ng mga pari ay marami ang nagpasyang magtatag ng isang pamahalaan sa malawak na pundasyon ng kalayaan ng tao at pananampalataya. Ang kanilang mga pananaw ay nakapaloob sa Declaration of Independence, na nagpapahayag ng dakilang katotohanan na 'ang lahat ng tao ay nilikhang pantay-pantay' at pinagkalooban ng hindi maaalis na karapatan sa 'buhay, kalayaan, at paghahangad ng kaligayahan.' At ang Konstitusyon ay nagbibigay ng katiyakan sa mga tao ng karapatan sa sariling pamamahala, na nagtatakda na ang mga kinatawan na inihalal sa pamamagitan ng publiko ay siyang magpapatibay at mamamahala sa mga batas. Ipinagkaloob din ang kalayaan sa pananampalatayang pangrelihiyon, bawat tao ay pinahihintulutang sumamba sa Dios ayon sa dikta ng kanyang konsensya. Ang Republikanismo at Protestantismo ay naging mga pangunahing prinsipyo ng bansa. Ang mga prinsipyong ito ang sikreto ng kapangyarihan at kasaganaan nito. Ang mga inuusig at pinhihirapan sa buong Sangkakristiyanuhan ay bumaling sa lupaing ito nang may pananabik at pag-asa. Milyun-milyon ang naghanap sa mga baybayin nito, at ang Estados Unidos ay umangat sa isang kalagayang kabilang sa mga pinakamakapangyarihang bansa sa mundo."—*The Great Controversy,* pp. 440, 441.

## 4. NAGSASALITANG GAYA NG DRAGON
Miy, Hun 3

a. Anong nakakakilabot na pangyayari ang magaganap, na ipapatupad ng hayop na katulad ng isang kordero? Pahayag 13:12, 16.

"Ang mga sungay na katulad ng sa kordero at ang simbolong tinig ng dragon ay tumutukoy sa isang kapansin-pansing pagkakaiba sa pagitan ng mga ipinapahayag at tunay na pamumuhay ng bansang kinakatawanan nito. Ang 'pagsasalita' ng bansa ay tumutukoy sa mga pagkilos ng mga lehislatura at hukuman nito. Sa pamamagitan ng gayong pagkilos, ibibigay nito ang kasinungalingan sa mga liberal at mapayapang prinsipyong inilahad nito bilang pundasyon ng patakaran nito. Ang hula na ito ay magsasalita 'gaya ng isang dragon' at gagamitin ang 'lahat ng kapangyarihan ng unang hayop' ay malinaw na nagbabadya ng pag-unlad ng espiritu ng hindi pagtanggap at pag-uusig na ipinakita ng mga bansang kinakatawanan ng dragon at ng hayop na katulad ng leopardo. At ang pahayag na ang hayop na may dalawang sungay na 'pinasasamba niya ang lupa at ang mga nanganganahan dito sa unang hayop' ay nagpapahiwatig na ang kapangyarihan ng bansang ito ay gagamitin upang ipatupad ang ilang pagtalima na magiging tanda ng pagbibigay-galang sa kapapahan.

"Ang gayong pagkilos ay tuwirang salungat sa mga prinsipyo ng pamahalaang ito, sa matalinong kaisipan ng malayang mga institusyon nito, sa tuwiran at solemneng mga pahayag ng *Declaration of Independence*, at sa Konstitusyon. Ang mga tagapagtatag ng bansa ay matalinong nagsikap na magbantay laban sa paggamit ng pang-gobyernong kapangyarihan sa panig ng iglesia, kasama ang hindi maiiwasang resulta nito—ang hindi pagtanggap at pag-uusig. Nakasaad sa Konstitusyon na 'Ang Kongreso ay hindi gagawa ng batas na may kinalaman sa pagtatatag ng relihiyon, o pagbabawal sa malayang paggamit nito,' at 'walang anumang pagsubok sa relihiyon ang kakailanganin bilang kwalipikasyon sa anumang katungkulan ng pampublikong tungkulin sa ilalim ng Estados Unidos.' Tanging sa tahasang paglabag lamang sa mga pananggalang na ito sa kalayaan ng bansa, maaaring ipatupad ng pamahalaan ang anumang panrelihiyong gawain."—*The Great Controversy,* p. 442.

b. Paano magiging sanhi ng pagbagsak ng Estados Unidos ang pagpapatupad ng tanda ng hayop ? Kawikaan 14:34; Awit 119:126.

"Ang bawat siglo ng matinding kasamaan ay nag-titipon ng poot laban sa araw ng kapootan; at kapag dumating na ang panahon, at ang kasamaan ay umabot na sa sukdulan, gagawin ng Dios ang Kaniyang kakaibang gawain. Mapapatunayang isang kakila-kilabot na bagay ang maubos ang banal na pagtitiis; sapagkat ang poot ng Dios ay babagsak nang napakalakas at napaka-tindi na ito ay inilalarawang walang halong awa; at ang buong lupa ay mawawasak. Ito ay ang panahon ng laganap na pagtalikod sa pananampalataya, kung kailan, sa pagkilos ayon sa patakaran ni Satanas, ang mga pinuno ng lupain ay ihahanay ang kanilang mga sarili sa panig ng taong makasalanan—sa panahong iyon ay aabot na sa sukdulan ang kasamaan; ang malawakang pagtalikod sa pananampalataya ang hudyat para sa malawakang pagkawasak."—*Selected Messages,* bk. 2, p. 373.

## 5. ANG TANDA NG HAYOP — Huw, Hun 4

### a. Ano ang tanda ng kapangyarihan ng Roma?

"Bilang tanda ng kapangyarihan ng Iglesiang Katoliko, binabanggit ng mga manunulat ng papa ang 'mismong pagbabago ng Sabbath tungo sa Linggo, na pinahihintulutan ng mga Protestante; . . . dahil sa pamamagitan ng pangingilin ng Linggo, kinikilala nila ang kapangyarihan ng iglesia na magtakda ng mga kapistahan, at iutos ang mga ito bilang kasalanan kung lalabagin.'—Henry Tuberville, *An Abridgment of the Christian Doctrine*, pahina 58. Ano nga ba ang pagbabago ng Sabbath, kundi ang tanda, o marka, ng kapangyarihan ng Iglesiang Romano—'ang tanda ng hayop'? . . .

"Kapag ang pangingilin ng Linggo ay ipinatupad sa pamamagitan ng batas, at ang sanlibutan ay maliwanagan tungkol sa tungkulin ng tunay na Sabbath, kung gayon ang sinumang lalabag sa utos ng Dios, upang sundin ang isang tuntuning walang mas mataas na awtoridad kundi ang Roma, sa gayon ay pinararangalan ang kapapahan higit sa Dios."—*The Great Controversy*, pp. 448, 449.

### b. Ilarawan ang kasukdulan ng magkasalungat na pagkilos—isa upang maliwanagan ang mga kaluluwa tungkol sa katotohanan at ang isa naman ay upang ipatupad ang tanda ng hayop. Pahayag 13:13–15; 16:13, 14; Mateo 24:14, 24.

"Ang iglesia ay humihingi ng tulong sa malakas na bisig ng kapangyarihan ng pamahalaam, at, sa gawaing ito, ang kapapahan at Protestante ay magkakaisa. Habang ang kilusan para sa pagpapatupad ng Linggo ay nagiging mas matapang at determinado, ang batas ay ilalapat laban sa mga tumutupad ng kautusan. Sila ay pagbabantaan ng mga multa at pagkakabilanggo, at ang ilan ay bibigyan ng mga katungkulan, at iba pang mga gantimpala at kapakinabangan, bilang mga panghihikayat upang talikuran ang kanilang pananampalataya. Ngunit ang kanilang matatag na sagot ay: 'Ipakita mo sa amin mula sa salita ng Dios ang aming pagkakamali'—ang parehong pakiusap na ginawa ni Luther sa ilalim ng katulad na mga kalagayan. Ang mga dinadala sa mga hukuman ay gumagawa ng matibay na pagtatanggol sa katotohanan, at ang ilan sa mga nakakarinig sa kanila ay maaakay na manindigan upang sundin ang lahat ng kautusan ng Dios. Sa gayon, ang liwanag ay madadala sa harap ng libu-libo na kung hindi ay wala sanang kaalaman tungkol sa mga katotohanang ito."—Ibid., p. 607.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Hun 5

1. Paano ang ilang katangian ng mga hayop sa Daniel 7 lumitaw sa Roma?
2. Suriin ang iba't ibang paraan kung paano natukoy ang 1260 na mga taon ng pangingibabaw kapangyarihan ng papa.
3. Bakit ang ikamamatay na sugat ay hindi nagdulot ng kamatayan ng hayop?
4. Anong mga natatanging katangian ng Estados Unidos ang inilalarawan ng mga sungay ng kordero?
5. Ang mga tao bang sumasamba sa Linggo ngayon ay mayroon ng tanda ng hayop?

# Ang Tatlong Anghel

**SAULUHING TALATA:** "Narito ang pagtitiyaga ng mga banal, ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at ng pananampalataya kay Jesus" (Pahayag 14:12).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Early Writings,* pp. 232–261.

"Ipinakita sa akin ang tatlong mga paghakbang—ang una, pangalawa, at pangatlong mga mensahe ng anghel. Sinabi ng aking kasamang anghel, 'Sa aba niya na magtatangkang baguhin ang isang bahagi o gagalaw ng isang tulos ng mga mensaheng ito. Ang tamang pagkaunawa sa mga mensaheng ito ay napakahalaga.'"—*Early Writings,* p. 258.

## 1. ANG MGA ANGHEL SA PAHAYAG — Lin, Hun 7

a. Paghambingin at ipaliwanag ang iba't ibang uri ng mga mensahero na kinakatawanan ng mga anghel. Pahayag 1:20; 10:1, 5; 11:1; 22:8.

b. Paano ang Dios nagpapadala ng mensahe sa lahat ng mga tao sa kalupaan? Roma 10:13–15.

"Bilang Kaniyang mga kinatawan sa mga tao, ang Dios ay hindi pinili ang mga anghel na hindi kailanman nahulog, kundi mga tao, mga taong may kahalintulad na mga damdamin ng mga taong nais nilang iligtas. . . . At sa mga kalalakihan at kababaihan ay ipinagkatiwala ang banal na tungkulin na ipahayag ang 'ang mga di malirip na mga kayamanan ni Cristo.' Efeso 3:8."—*The Acts of the Apostles,* p. 134.

"Tayo ay dapat maging mga manggagawang kasama ng mga makalangit na anghel sa langit sa pagpapakilala kay Jesus sa sanlibutan . . . sapagkat ang tao ang dapat na maging daluyan upang makipag-ugnayan sa tao. At kapag ibinibigay natin ang ating mga sarili kay Cristo nang may buong pusong pagtatalaga, ang mga anghel ay nagagalak na makapagsasalita sa pamamagitan ng ating mga tinig upang ipahayag ang pag-ibig ng Dios."—*The Desire of Ages,* p. 297.

c. Sino ang sinisimbolohan ng mga anghel sa Pahayag 14:6–12 at ano ang kanilang misyon? Mateo 28:19, 20; Mga Gawa 1:8.

"Ang mga anghel ay inilalarawan na lumilipad sa kalangitan, na nagpapahayag sa sanlibutan ng mensahe ng babala. . . . Walang nakakarinig sa tinig ng mga anghel na ito, sapagkat sila ay isang simbolo upang kumatawan sa bayan ng Dios na gumagawa nang naaayon sa kalangitan."—*Selected Messages,* bk. 2, p. 387.

## 2. ANG UNANG ANGHEL

Lun, Hun 8

a. Kanino ipinahayag ng unang anghel ang kaniyang mensahe? Pahayag 14:6.

"Isang napakalaking panggising tungkol sa relihiyon sa ilalim ng pagpapahayag ng nalalapit na pagdating ni Kristo ang inihula sa propesiya ng mensahe ng unang anghel sa Pahayag 14. . . . Ang paglipad ng anghel 'sa gitna ng langit,' ang 'malakas na tinig' na ginagamit sa pagpahayag ng babala, at ang pagpapahayag nito sa lahat ng 'nananahan sa lupa'—'sa bawat bansa, at angkan, at wika, at bayan'—ay nagbibigay ng patunay ng bilis at pandaigdigang saklaw ng pagkilos."—*The Great Controversy,* p. 355.

b. Paano itinuro ng unang anghel na ang Dios ang Maylalang? Pahayag 14:7; Genesis 1:1; Efeso 3:9.

c. Pagnilayan kung paano iniangkop ng *Advent Movement* ang mensahe ng unang anghel at ang paghuhukom sa kanilang pangangaral ng nalalapit na pagdating ni Kristo. Daniel 7:26, 27; 8:14; Mga Gawa 17:30, 31.

---

"Kay William Miller at sa kanyang mga kasamahan, ibinigay ang tungkulin ng pangangaral ng babala sa Amerika. Ang bansang ito ang naging sentro ng malaking *advent movement.* Dito natupad ang propesiya ng mensahe ng unang anghel. Ang mga sulat ni Miller at ng kanyang mga kasamahan ay dinala sa malalayong lupain. Saanman makarating ang mga misyonero sa buong mundo, ay ipinadadala ang mabuting balita ng nalalapit na pagbabalik ni Kristo. Lumaganap sa malalayong lugar ang mensahe ng walang hanggang ebanghelyo: 'Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol.'

"Ang patotoo ng mga propesiya na tila tumutukoy sa pagdating ni Kristo sa tagsibol ng 1844 ay malalim na nakaapekto sa isipan ng mga tao. Habang ang mensahe ay lumalaganap sa bawat estado, napukaw ang malawakang interes sa lahat ng dako. Marami ang nakumbinsi na ang mga argumento ng mga nakahulang panahon ay tama, at, isinakripisyo ang kanilang ipinagmamalaking opinyon, malugod nilang tinanggap ang katotohanan. Ang ilang ministro ay isinantabi ang kanilang mga pananaw at damdamin sa kanilang sekta, iniwan pati ang kanilang mga suweldo at ang kanilang mga iglesia, at nakisama sa pagpapahayag ng pagdating ni Jesus. Gayunpaman, kakaunti lamang ang mga ministro na nais tumanggap sa mensaheng ito; kaya ito ay ipinagkatiwala sa mga mapagpakumbabang mangangaral. . . . Ang kalagayan ng isang hindi makadiyos na iglesia at ng isang mundong nakahandusay sa kasamaan, ay nagpabigat sa mga kaluluwa ng mga tunay na bantay, at kusang-loob nilang tiniis ang pagpapagal, kakapusan, at kahirapan, upang himukin nila ang mga tao sa pagsisisi para sa kanilang kaligtasan. Bagama't hinahadlangan ni Satanas, ang gawain ay patuloy na sumulong, at ang katotohanan tungkol sa pagdating ay tinanggap ng libu-libong mga tao."—Ibid., p. 368.

## 3. ANG IKALAWANG ANGHEL

Mar, Hun 9

**a. Ano ang sinasabi ng ikalawang anghel tungkol sa espirituwal na kalagayan ng nag-aangking iglesia ni Cristo? Pahayag 14:8.**

---

"Ano ang alak na iyon?—Ang kanyang mga maling doktrina. Siya ay nagbigay sa sanlibutan ng isang huwad na sabbath sa halip ng Sabbath ng ikaapat na utos, at inulit ang kasinungalingan na unang sinabi ni Satanas kay Eva sa Eden—ang likas na kawalan ng kamatayan ng tao. Maraming kahalintulad na kamalian ang kanyang ikinalat sa lahat ng dako, 'Na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ang mga utos ng mga tao' (Mateo 15:9)."—*Selected Messages,* bk. 2, p. 118.

"Ang Babilonia ay nagpapalaganap ng mga nakalalasong doktrina, ang alak ng kamalian. Ang alak na ito ng kamalian ay binubuo ng mga maling doktrina, tulad ng likas na kawalan ng kamatayan ng tao, ang walang hanggang pagpapahirap sa masasama, ang pagtanggi sa pag-iral ni Kristo bago ang Kaniyang kapanganakan sa Bethlehem, at pagtataguyod at pagdakila sa unang araw ng linggo kaysa sa banal at pinabanal na araw ng Dios. Ang mga ito at ang mga kaugnay na pagkakamali ay ipinapahayag sa sanlibutan ng iba't ibang iglesia, at sa gayon ay natutupad ang Kasulatan na nagsasabing, 'Sapagkat ang lahat ng mga bansa ay uminom ng alak ng galit ng kanyang pakikiapid.'"—*Testimonies to Ministers,* pp. 61, 62.

**b. Ilarawan kung paano naunawaan ng mga mananampalataya sa *Advent Movement* ang kanilang unang pagkabigo, ang pagtuklas sa tunay na katapusan ng 2300 na mga araw, at ang kanilang panawagan na humiwalay sa mga tumanggi sa mensahe. Habakuk 2:3; Mateo 25:6.**

---

"Noong tag-araw ng 1844, sa kalagitnaan ng panahong una nilang naisip na magtatapos ang 2300 na mga araw, at ng taglagas ng parehong taon, kung saan kalaunan ay natuklasang umaabot ang mga ito, ang mensahe ay ipinahayag sa mismong mga salita ng Kasulatan: 'Narito, dumarating ang Kasintahang Lalaki!'

"Ang nag-udyok sa samahang ito ay nagsimula nang matuklasan ang utos ni Artaxerxes para sa muling pagtatayo ng Jerusalem, na siyang panimulang punto para sa panahon ng 2300 na mga araw, ay nagkabisa sa taglagas ng taon 457 b.c., at hindi sa simula ng taon, gaya ng dating pinaniniwalaan. Mula sa taglagas ng 457, ang 2300 na mga taon ay nagtapos sa taglagas ng 1844."—*The Great Controversy,* pp. 398, 399.

"Habang ang mga iglesia ay tumangging tanggapin ang mensahe ng unang anghel, tinanggihan nila ang liwanag mula sa langit at nawala sa biyaya ng Dios. Sila ay nagtiwala sa kanilang sariling kalakasan, at sa pagtutol sa unang mensahe ay inilagay nila ang kanilang mga sarili kung saan hindi nila makita ang liwanag ng mensahe ng pangalawang anghel. Ngunit ang mga iniibig ng Dios, bagaman inuusig, ay tinanggap ang mensahe, 'Naguho ang Babilonia,' at iniwan ang mga iglesia."—*Early Writings,* p. 237.

## 4. ANG IKATLONG ANGHEL — Miy, Hun 10

a. **Anong nakakakilabot na mensahe ang nagmula sa ikatlong anghel? Pahayag 14:9–11.**

"Ang pinaka-nakakatakot na pagbabala na ipinaabot kailanman sa mga tao ay nakapaloob sa mensahe ng ikatlong anghel. Iyon ay tumutukoy sa isang matinding kasalanan na pupukaw sa poot ng Dios na walang halong awa. Ang mga tao ay hindi dapat iwan sa kadiliman tungkol sa mahalagang bagay na ito; ang babala laban sa kasalanang ito ay dapat ipahayag sa sanlibutan bago dumating ang kahatulan ng Dios, upang ang lahat ay makaalam kung bakit ito ipapataw, at magkaroon ng pagkakataong makatakas sa mga ito. . . . Ito ay inilalarawan sa propesiya na ipinapahayag nang may malakas na tinig, ng isang anghel na lumilipad sa gitna ng langit; at ito ay makakakuha ng pansin ng buong sanlibutan."—*The Great Controversy,* pp. 449, 450.

b. **Sa panahon ng mensahe ng ikatlong anghel, paano makikilala ang mga banal? Pahayag 14:12.**

---

"Ang mga sumasamba sa Dios ay makikilala sa pamamagitan ng kanilang pagpapahalaga sa ikaapat na utos, dahil ito ang tanda ng malikhaing kapangyarihan ng Dios at ang patotoo sa Kaniyang pag-angkin sa paggalang at pagsamba ng tao. . . . Sa punto ng tunggalian, ang lahat ng Sangkakristiyanuhan ay mahahati sa dalawang malalaking uri, yaong mga sumusunod sa kautusan ng Dios at ng pananampalataya kay Hesus, at yaong mga sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tumatanggap ng kanyang tanda. Bagama't pagsasamahin ng iglesia at estado ang kanilang kapangyarihan upang pilitin ang lahat, 'maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin,' na tanggapin ang tanda ng hayop, subali't hindi ito tatanggapin ng bayan ng Dios. Pahayag 13:16."—*Testimonies for the Church,* vol. 9, pp. 16, 17.

c. **Paano inilarawan ang paglitaw ng mensahe ng ikatlong anghel? Pahayag 7:2, 3.**

---

"Sa isang pagpupulong na ginanap sa Dorchester, Mass., Nobyembre 1848, binigyan ako ng pangitain sa pagpapahayag ng mensahe ng pagtatatak, at ang tungkulin ng mga kapatid na ilathala ang liwanag na sumisinag sa ating landas.

"Pagkatapos ng pangitain, sinabi ko sa aking asawa: 'May mensahe ako para sa iyo. Dapat kang magsimulang mag-imprenta ng isang maliit na pahayagan at ipamahagi ito sa mga tao. Hayaan itong maliit sa simula; ngunit habang nagbabasa ang mga tao, padadalhan ka nila ng tulong upang maipagpatuloy ang palilimbag, at ito ay magiging matagumpay mula sa simula. Mula sa munting simulang ito, ipinakita ito sa akin na gaya ng mga dumadaloy na liwanag na kumakalat sa buong sanlibutan.'"—*Life Sketches,* p. 125.

## 5. ANG SUKDULAN NG MENSAHE — Huw, Hun 11

a. Paano matutupad ang pagpapalang ipinahayag tungkol sa mga namatay na may pananampalataya sa panahon ng pangangaral ng mensahe ng ikatlong anghel? Pahayag 14:13; Daniel 12:2.

---

"Sa hatinggabi pinili ng Dios na iligtas ang Kaniyang bayan. Habang ang mga masasama ay nanunuya sa paligid nila, ay biglang lilitaw ang araw, nagniningning sa kaniyang kalakasan, at ang buwan ay titigil. Ang masasama ay tumingin sa tanawin nang may pagkamangha, habang ang mga banal ay nagmamasid nang may taimtim na kagalakan sa mga tanda ng kanilang pagliligtas. Ang mga tanda at mga kababalaghan ay sunod-sunod na lumitaw. Ang lahat ay tila lumihis sa natural nitong takbo. Ang mga sapa ay huminto sa pagdaloy. Ang madilim at makakapal na ulap ay lumitaw at nagbabanggaan sa isa't-isa. Ngunit may isang malinaw na dako ng panatag na kaluwalhatian, kung saan nagmumula ang tinig ng Dios na gaya ng lagaslas ng maraming tubig, na yumayanig sa langit at lupa. Nagkaroon ng napakamalakas na lindol. Ang mga libingan ay nabuksan, at ang mga namatay na may pananampalataya sa ilalim ng mensahe ng ikatlong anghel, na nangingilin ng Sabbath, ay bumangon mula sa kanilang maruming mga higaan, niluwalhati, upang pakinggan ang tipan ng kapayapaan na gagawin ng Dios sa mga tumupad ng Kaniyang kautusan."—*Early Writings*, p. 285.

b. Ano ang magaganap sa pagtatapos ng mga mensahe ng tatlong anghel? Pahayag 14:14–16; Marcos 4:26–29.

---

"Nakita ko ang mga anghel na nagmamadaling paroo't parito sa langit. Isang anghel na may tintero ng manunulat sa kanyang tagiliran ang bumalik mula sa lupa at nag-ulat kay Jesus na ang kanyang gawain ay natapos na, at ang mga banal ay nabilang at natatakan na. Kasunod ay nakita ko si Jesus, na gumagawa ng gawain sa harap ng kaban na naglalaman ng sampung utos, na inihagis ang pangsuob ng kamangyan. Itinaas Niya ang Kaniyang mga kamay, at sa malakas na tinig ay nagsabi, 'Naganap na.'"—Ibid., p. 279.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Hun 12

1. Bakit ginawa ng Dios na ang pangangaral ng ebanghelyo ay nakadepende sa mga tao?
2. Paano ang mensahe ng unang anghel makakaabot sa buong sanlibutan?
3. Ilarawan ang dahilan ng pagbibigay ng mensahe ng ikalawang anghel.
4. Anong pagkakaiba ang binibigyang-diin ng mensahe ng ikatlong anghel?
5. Anong kaganapan ang mangyayari matapos maipahayag ang mensahe ng tatlong mga anghel?

# Ang Pang-Huling Panawagan

**SAULUHING TALATA:** “Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian” (Pahayag 18:1).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 603–612.

“Ang dakilang gawain ng ebanghelyo ay hindi magtatapos nang may mas kaunting pagpapakita ng kapangyarihan ng Dios kaysa sa ipinakita sa pagbubukas nito.”—*The Great Controversy,* p. 611.

## 1. ANG DAKILANG BABILONIA

Lin, Hun 14

a. Ilarawan ang nakakamanghang pangitain na nakita ni Juan sa tungkol sa iglesiang tinatawag na ang Dakilang Babilonia. Pahayag 17:1–6.

“Ang babae (ang Babilonia) sa Pahayag 17 ay . . . inilarawan na ‘nararamtan ang babae ng kulay-ube at ng pula, at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato at mga perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng mga kasuklamsuklam, at ng mga bagay na marurumi . . . At sa kaniyang noo ay nakasulat ang isang pangalan, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA PATUTOT. . . .’ Ang kapangyarihang sa loob ng napakaraming siglo ay nagpapanatili ng mapang-usig na pamamaran sa mga namumuno ng Sangkakristiyanuhan ay ang Roma. Ang kulay lila at pula, ang ginto at mahahalagang bato at mga perlas, ay malinaw na naglalarawan sa karilagan at higit pa sa maharlikang karangyaan na naapektuhan ng mapagmataas na pananaw ng Roma. At walang ibang kapangyarihan ang tunay na angkop tawagin na ‘lasing sa dugo ng mga banal’ kundi ang iglesiang iyon na malupit na umusig sa mga tagasunod ni Cristo. Ang Babilonia ay pinaratangan din ng hindi matuwid na pakikipag-ugnayan sa ‘mga hari ng lupa.’ Sa pamamagitan ng pagtalikod sa Panginoon, at pakikipagkasundo sa mga pagano, ang iglesia ng Judio ay naging patutot; at ang Roma, na nagpakasama sa sarili sa gayunding paraan sa pamamagitan ng paghahanap ng suporta ng mga makamundong kapangyarihan, ay tumanggap ng katulad na paghatol.”—The Great Controversy, p. 382. [Italics ng may-akda.]

b. Paano magtatapos ang kapangyarihang ito? Pahayag 17:15–18.

## 2. ANG IBANG ANGHEL

Lun, Hun 15

### a. Ilarawan ang pagdating ng anghel na lumitaw sa Pahayag 18:1.

---

"Ang mga mensahe ng tatlong anghel ay dapat pagsasama-samahin, upang maibigay ang kanilang tatlong liwanag sa sanlibutan. Sa Pahayag, sinabi ni Juan, 'Nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian.' [Sinipi ang Pahayag 18:2–5.] Ito ay naglalarawan sa pagbibigay ng huli at tatlong mensahe ng babala sa sanlibutan."—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 7 p. 985.

"Ang iglesia ang imbakan ng mga kayamanan ng biyaya ni Cristo; at sa pamamagitan ng iglesia ay maipakikita, maging sa 'mga pamunuan at mga kapangyarihan sa sangkalangitan,' ang panghuli at ganap na pagpapakita ng pag-ibig ng Dios."—*The Acts of the Apostles,* p. 9.

### b. Ano ang kahulugan ng kaluwalhatian ng anghel, at sa paanong paraan ito naipapakita? Awit 29:1, 2; Juan 17:22, 23.

"Kapag ang pagbuo ng pag-uugali ay napapabayaan, kapag ang pagkakagayak ng kaluluwa ay nagkukulang, kapag ang pagiging payak ng kabanalan ay hinahamak, ang pagmamataas at pag-ibig na iyon sa pagpapasikat ay humihiling ng mga magagarang gusali ng simbahan, mga mararangyang palamuti, at mga magagarbong seremonya. Ngunit sa lahat ng ito ang Dios ay hindi napararangalan. Pinahahalagahan Niya ang Kaniyang iglesia, hindi dahil sa mga panlabas na anyo nito, kundi dahil sa buong-pusong kabanalan na nagtatangi rito mula sa sanlibutan. Sinusukat Niya ito ayon sa paglago ng mga kaanib nito sa kaalaman kay Cristo, ayon sa kanilang pag-unlad sa espirituwal na karanasan."—*Prophets and Kings,* pp. 565, 566.

### c. Paano inilarawan ng Dios ang Kaniyang sariling kaluwalhatian, nang hilingin ni Moises na makita ito? Exodo 33:18, 19; 34:5–7.

"Ang kaluwalhatian ng mga likas ng Dios ay ipinapahayag sa Kaniyang katangian. Bawat pahina ng Banal na Kasulatan ay nagniningning sa Kaniyang liwanag. Ang katuwiran ni Cristo, gaya ng isang dalisay at maputing perlas, ay walang depekto, walang bahid. Walang gawa ng tao ang makapagdaragdag sa dakila at napakahalagang kaloob ng Dios. Ito ay walang kapintasan."—*Christ's Object Lessons,* p. 115.

"Ang katangiang ito ay nahayag sa buhay ni Cristo. Upang sa pamamagitan ng Kaniyang sariling halimbawa ay mahatulan Niya ang kasalanan sa laman, tinanggap Niya sa Kaniyang sarili ang wangis ng makasalanang laman. Patuloy Niyang tinitingnan ang katangian ng Dios; patuloy Niyang inihahayag ang katangiang ito sa sanlibutan.

"Nais ni Cristo sa Kaniyang mga tagasunod na ipakita sa kanilang buhay ang parehong katangiang ito."—*God's Amazing Grace,* p. 322.

## 3. ANG MENSAHE NG PAGSAWAY

Mar, Hun 16

a. Paano ipinahayag ng anghel ang kanyang mensahe sa mga nananahan sa Babilonia? Pahayag 18:2.

---

“Dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian ang ibinigay sa anghel, at habang siya ay bumababa, ang lupa ay naliliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian. Ang liwanag na sumama sa anghel na ito ay tumagos sa lahat ng dako, habang siya ay sumisigaw nang malakas, nang may malakas na tinig. . . . Ang mensahe ng pagbagsak ng Babilonia, na ibinigay ng ikalawang anghel, ay inulit, kasama ang karagdagang pagbanggit ng mga kasamaan na pumapasok sa mga iglesia mula noong 1844.”—*Early Writings,* p. 277.

b. Ano ang pagbabagong naganap sa Babilonia mula sa panahon nang unang ipahayag ang mensahe ng unang anghel? Pahayag 18:3.

“Ang mensahe ng ikalawang anghel sa Pahayag 14 ay unang ipinangaral noong tag-araw ng 1844, at noon ay nagkaroon ito ng mas direktang aplikasyon sa mga iglesia ng Estados Unidos, kung saan ang mensahe ng paghuhukom ay pinakamalawak na ipinahayag at napakaraming tumanggi, at kung saan ang pagbagsak ng mga iglesia ay napakabilis. Subali’t ang mensahe ng ikalawang anghel ay hindi pa lubos na natupad noong 1844. Ang mga iglesia noon ay nakaranas ng pagbagsak sa moralidad, bunga ng kanilang pagtanggi sa liwanag ng mensahe ng pagbabalik; ngunit ang pagbagsak na iyon ay hindi pa lubusan. Habang patuloy nilang tinatanggihan ang mga natatanging katotohanan para sa panahong ito, sila ay bumagsak nang pababa nang pababa. Gayunpaman, hindi pa masasabing bumagsak na ang Babilonia, . . . sapagkat pinainom niya ang lahat ng mga bansa ng alak ng kagalitan ng kaniyang pakikiapid.’ Hindi pa niya nagagawa ito sa lahat ng mga bansa. Ang espiritu ng pag-ayon sa sanlibutan at pagpapabaya sa mga pagsubok na katotohanan para sa ating panahon ay umiiral at lumalaganap sa mga iglesia ng pananampalatayang Protestante sa lahat ng mga bansa ng Sangkakristiyanuhan; at ang mga iglesiang ito ay kabilang sa solemne at nakakakilabot na panawagan ng ikalawang anghel. Ngunit ang gawa ng pag-apostasiya ay hindi pa umaabot sa kasukdulan nito.

“Ang Biblia ay nagpapahayag na bago ang pagdating ng Panginoon, si Satanas ay gagawa ‘na may buong kapangyarihan at mga tanda at mga kahangahangang kasinungalingan, at may buong daya ng kalikuan;’ at silang ‘hindi tinanggap ang pagibig sa katotohanan, upang sila’y mangaligtas,’ ay maiiwan upang tumanggap ng ‘matinding panlilinlang, magsisipaniwala sila sa kasinungalingan.’ 2 Tesalonica 2:9–11. Hanggang sa marating ang kalagayang ito, at ang pakikipagkaisa ng iglesia sa sanlibutan ay lubos na maisakatuparan sa buong Sangkakristiyanuhan, saka lamang magiging lubusan ang pagbagsak ng Babilonia. Ang pagbabago ay unti-unti, at ang ganap na katuparan ng Pahayag 14:8 ay darating pa lamang.”—*The Great Controversy,* pp. 389, 390. [Author’s italics]

## 4. ANG HULING PANAWAGAN

Miy, Hun 17

a. Anong mahalagang panawagan ang naririnig ng mga nananatili pa rin sa Babilonia? Pahayag 18:4.

"Ang Pahayag 18 ay tumutukoy sa panahon na, bilang resulta ng pagtanggi sa tatlong mensahe ng Pahayag 14:6–12, ang iglesia ay lubos nang makakarating sa kalagayang inihula ng ikalawang anghel, at ang bayan ng Dios na nasa Babilonia pa rin ay tatawagin na humiwalay sa kaniyang pakikisama. Ang mensaheng ito ang huling ibibigay sa sanlibutan; at maisasagawa nito ang gawain nito. Kapag ang mga 'hindi nagsisampalataya sa katotohanan, kundi nangalugod sa kalikuan' (2 Tesalonica 2:12), ay maiiwan upang tumanggap ng matitinding panlilinlang at maniwala sa kasinungalingan, sa gayon ang liwanag ng katotohanan ay sisinag sa lahat ng mga pusong bukas upang tanggapin ito, at lahat ng mga anak ng Panginoon na nasa Babilonia ay makikinig sa panawagang: 'Magsilabas kayo sa kaniya, bayan ko' (Pahayag 18:4)."—*The Great Controversy,* p. 390.

b. Sino ang mga taong tinatawag na "Bayan ko," at tinutukoy sa panawagan na magsilabas sa Babilonia? Juan 10:16.

"Sa kabila ng espirituwal na kadiliman at paglayo sa Dios na umiiral sa mga iglesiang bumubuo sa Babilonia, ang malaking bilang ng mga tunay na tagasunod ni Cristo ay matatagpuan pa rin sa kanilang samahan. Marami sa mga ito ang hindi pa nakakakita ng mga natatanging katotohanan para sa panahong ito. Hindi iilan ang hindi nasisiyahan sa kanilang kasalukuyang kalagayan at nananabik para sa mas malinaw na liwanag. Hinahanap nila ngunit hindi makita ang wangis ni Cristo sa mga iglesiang kanilang kinabibilangan. Habang ang mga ito ay patuloy na lumalayo nang lumalayo sa katotohanan, at lalong nakikipag-ugnay sa sanlibutan, ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang uri ay lalawak, at sa huli ay magreresulta ito sa paghihiwalay. Darating ang panahon na ang mga umiibig sa Dios nang lubos ay hindi na maaaring manatiling may kaugnayan sa mga taong 'maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios; na may anyo ng kabanalan, datapuwa't tinatanggihan ang kapangyarihan nito.' "—Ibid., p. 390.

c. Bakit ang panawagang lisanin ang Babilonia ay kailangang-kailangan? Pahayag 18:5–8.

"Ang liwanag na ibinigay sa mga naghihintay ay lumalaganap na sa lahat ng sulok, at ang mga nasa iglesia na may kaunting liwanag, na hindi pa nakarinig at tumanggi sa tatlong mensahe, ay sumunod sa panawagan at iniwan ang mga bumagsak na iglesia."—*Early Writings,* p. 278.

## 5. HANDA NANG IPAHAYAG ANG PANAWAGAN — Huw, Hun 18

a. Ilarawan ang kahalagahan ng isang malinaw at tiyak na mensahe ng babala. Isaias 58:1; 1 Corinto 14:7, 8.

"Ang ikalabingwalong kabanata ng Pahayag ay naghahayag ng kahalagahan ng pangangaral ng katotohanan nang walang mga kondisyon kundi nang may katapangan at kapangyarihan. . . . . Napakaraming paligoy-ligoy sa pagpapahayag ng mensahe ng ikatlong anghel."—*Evangelism,* p. 230.

"Nangako ang Dios na ang mga bantay ay dapat bumangon at may nagkakaisang tinig na magpadala ng isang tiyak na mensahe, na ang trumpeta ay magbigay ng malinaw na tunog, upang ang bayan ay tumindig sa kanilang tungkulin at gampanan ang kanilang bahagi sa dakilang gawain. Kung gayon, ang malakas at malinaw na liwanag ng isa pang anghel na bumababa mula sa langit na may dakilang kapangyarihan, ay pupuno sa buong lupa ng kanyang kaluwalhatian. Tayo ay maraming taon nang nahuhuli; at ang mga nakatayo sa pagkabulag at humahadlang sa pagsulong ng mismong mensahe na nais ng Dios na lumabas mula sa pagpupulong sa Minneapolis na parang isang ilawang nagniningas, ay kinakailangang magpakumbaba ng kanilang mga puso sa harap ng Dios at makita at maunawaan kung paano ang gawain nahahadlangan dahil sa pagkabulag ng kanilang isipan at katigasan ng puso."—*The Ellen G. White 1888 Materials,* p. 1070.

b. Anong taimtim na panawagan ni Jesus ang maaaring isapuso nang bawat isa sa atin? Juan 12:35, 36.

"Ang ibang anghel ay nakisama ng kanyang tinig sa ikatlong anghel, at ang lupa ay naliwanagan ng kanyang kaluwalhatian. Ang liwanag ay lumalakas, at ito ay sumisinag sa lahat ng mga bansa sa kalupaan. Ito ay lalabas na parang isang ilawang nagniningas. Ito ay sasamahan ng dakilang kapangyarihan, hanggang sa ang mga gintong sinag nito ay dumampi sa bawat wika, bawat tao, at bawat bansa sa ibabaw ng buong kalupaan. Hayaan ninyong tanungin ko kayo, Ano ang inyong ginagawa upang maghanda para sa gawaing ito? Kayo ba ay nagpapatatag para sa walang-hanggan? Dapat ninyong tandaan na ang anghel na ito ay kumakatawan sa bayang taglay ang mensaheng ito upang ibigay sa sanlibutan. Kayo ba ay kabilang sa bayang iyon?"—*The Review and Herald,* August 18, 1885.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Hun 19

1. Ipaliwanag kung paanong ang Roma ay tumutugma sa paglalarawan ng Babilonia, ang ina ng mga patutot.
2. Ano ang tunay na kaluwalhatian ng Dios na ihahayag ng ibang anghel?
3. Bakit kailangang muling ipahayag ang mensahe ng pangalawang anghel?
4. Nasaan ang karamihan sa mga tunay na tagasunod ni Jesus sa kasalukuyan?
5. Paano ako magiging isang mabuting impluwensya sa halip na isang hadlang sa gawain ng Dios sa panahon natin ngayon?

# Ang Inihulang Katapusan

**SAULUHING TALATA:** "At yaong nakaluklok sa luklukan ay nagsabi, Narito, ginagawa kong bago ang lahat ng mga bagay. At sinabi niya, Isulat mo: sapagka't ang mga salitang ito ay tapat at tunay" (Pahayag 21:5).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Early Writings,* pp. 279–295.

"Ang ating munting daigdig, na nasa ilalim ng sumpa ng kasalanan ang nagiisang maitim na batik sa Kaniyang nakakamanghang nilikha, ay pararangalan nang higit sa lahat ng iba pang mga mundo sa kalawakan ng Dios."—*The Desire of Ages,* p. 26.

## 1. ANG PITONG HULING SALOT

Lin, Hun 21

a. Ano ang ipinahayag tungkol sa mga kahatulan ng Dios na ibubuhos sa lupa? Pahayag 15:1; kabanata 16.

"Nakita ko na ang pitong huling salot ay malapit nang ibuhos sa mga walang masisilungan; ngunit hindi ito pinapansin ng sanlibutan na tila mga patak lamang ng tubig na malapit ng babagsak. Noon ay nagawa kong tiisin ang nakakakilabot na tanawin ng pitong huling salot, ang galit ng Dios. Nakita ko na ang Kaniyang galit ay nakakakilabot at napakatindi, at kung iuunat Niya ang Kaniyang kamay, o itataas ito sa galit, ang mga nananahan sa sanlibutan ay mawawala na parang hindi sila nabuhay kailanman, o magdurusa sa mga sugat na walang lunas at mga salot na nakamamatay na darating sa kanila, at hindi sila makakatagpo ng kaligtasan, kundi tuluyang malilipol nila."—*Early Writings,* p. 64.

b. Sa anong magka-ibang paraan inilarawan ang parehong kaganapan? Jeremias 25:30–33; Pahayag 19:17–21.

"Ang masasama ay lumampas na sa hangganan ng kanilang pagkakataon; ang Espiritu ng Dios, na pauli-ulit na tinatanggihan, sa huli ay tuluyan ng aalisin. Dahil walang kanlungan ng banal na biyaya, wala silang proteksyon mula sa isang napakasama. Si Satanas ay itutulak ang mga nananahan sa lupa sa isang napakatindi at huling kapighatian. Kapag ang mga anghel ng Dios ay tumigil na sa pagpigil sa mabagsik na hangin ng pagnanasa ng tao, lahat ng elemento ng kaguluhan ay pakakawalan. Ang buong mundo ay malulugmok sa pagkawasak na mas nakakakilabot kaysa sa nangyari sa Jerusalem noong unang panahon."—*The Great Controversy,* p. 614.

## 2. ANG IKALAWANG PAGPARITO

Lun, Hun 22

a. Paano inilalarawan ng aklat ng Pahayag ang ikalawang pagparito ni Kristo? Pahayag 1:7; 6:15–17.

“Hindi nagtagal, ang aming mga mata ay napabaling sa silangan, sapagka’t may isang maliit na maitim na ulap ang lumitaw, halos kalahati ng laki ng kamay ng isang tao, na alam naming lahat na tanda ng Anak ng tao. Tahimik naming lahat na tinitigan ang ulap habang ito ay papalapit at nagiging mas maliwanag, nakakamangha, at lalong nakakamangha, hanggang sa ito ay maging isang malaking puting ulap. Ang ilalim ay tila nagliliyab; isang bahaghari ang nasa ibabaw ng ulap, habang sa paligid nito ay sampung libong mga anghel, na umaawit ng isang napakagandang awit; at nakaupo roon ang Anak ng tao. Ang Kaniyang buhok ay puti at kulot at nakalapat sa Kaniyang mga balikat; at sa Kaniyang ulo ay maraming korona. Ang Kanyang mga paa ay tila nagliliyab; sa Kaniyang kanang kamay ay may isang matalas na karit; sa Kaniyang kaliwa, ay isang pilak na trumpeta. Ang Kaniyang mga mata ay gaya ng nagliliyab na apoy, na nagsisiyasat sa Kaniyang mga anak nang lubusan. Nang magkagayo’y namutla ang lahat ng mukha, at ang mga itinakwil ng Dios ay namutla. Kasunod ay sumigaw kaming lahat, ‘Sino ang makakatayo? Malinis ba ang aming kasuotan?’ Pagkaraan ay tumigil ang mga anghel sa pag-awit, at nagkaroon ng ilang sandali ng nakakakilabot na katahimikan, nang si Jesus ay magsalita: ‘Yaong may malilinis na mga kamay at dalisay na puso ay makatatayo; Ang Aking biyaya ay sapat para sa inyo.’ Dahil dito, ang aming mga mukha ay nagliwanag, at napuspos ng kagalakan ang bawat puso. At ang mga anghel ay umawit muli nang mas mataas, habang ang ulap ay lalo pang lumalapit sa lupa.”—*Early Writings*, pp. 15, 16.

b. Ano ang gagawin ng mga anghel sa sandaling iyon? Mateo 24:31; 1 Tesalonica 4:16, 17.

“Ang kasalanan ay sinira at halos pinawi ang banal na wangis; subali’t naparito si Kristo upang ibalik ang nawala. Babaguhin Niya ang ating mga hamak na katawan at gagawin ang mga ito na katulad ng Kaniyang maluwalhating katawan. Ang mortal, marupok na anyo, na walang kagandahan, na dating nadungisan ng kasalanan, ay magiging ganap, napakaganda, at walang kamatayan. . . .

“Ang mga anghel ‘ay kanilang titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila.’ Ang maliliit na bata ay dadalhin ng mga banal na anghel sa mga bisig ng kanilang mga ina. Ang mga magkakaibigang matagal nang pinaghiwalay ng kamatayan ay muling magkakasama, hindi na maghihiwalay pa, at sa mga awit ng may kagalakan ay sama-samang aakyat sa Lungsod ng Dios.”—*The Great Controversy*, p. 645.

c. Saan ilalagay si Satanas? Pahayag 20:1, 2.

“Dito ang magiging tirahan ni Satanas kasama ang kaniyang masasamang anghel sa loob ng isang libong taon. Dito lang siya sa lupa, hindi siya makakapunta sa ibang mga daigdig upang tuksuhin at gambalain ang mga hindi kailanman nagkasala.”—Ibid., p. 659.

## 3. ANG PAGHUHUKOM

Mar, Hun 23

a. Ano ang gagawin ng mga banal sa loob ng 1,000 taon habang nakagapos si Satanas? Pahayag 20:4–6; 1 Corinto 6:2, 3.

---

"Sa loob ng isang libong taon sa pagitan ng una at pangalawang muling pagkabuhay, magaganap ang paghatol sa masasama. Itinuturo ni apostol Pablo ang paghuhukom na ito bilang isang kaganapang kasunod ng ikalawang pagdating. . . . Ipinahayag ni Daniel na nang dumating ang Matanda sa mga Araw, 'ang kahatulan ay ibinigay sa mga banal ng Kataastaasan.' Daniel 7:22. Sa panahong ito, ang mga matuwid ay maghahari bilang mga hari at mga saserdote sa Dios. . . . Sa panahong ito, gaya ng inihula ni Pablo, 'ang mga banal ay hahatol sa sanlibutan.' 1 Corinto 6:2. Kasama si Cristo, ay hahatulan nila ang masasama, inihahambing ang kanilang mga gawa sa aklat ng kautusan, ang Bibliya, at pinagpapasyahan ang bawat kaso ayon sa mga gawang ginawa sa katawan. Kasunod, ay ang bahaging dapat danasin ng masasama ay itatakda, ayon sa kanilang mga gawa; at ito ay itinatala sa harap ng kanilang mga pangalan sa aklat ng kamatayan.

"Si Satanas din at ang masasamang anghel ay hahatulan ni Cristo at ng Kaniyang bayan. Sinabi ni Pablo: 'Hindi baga ninyo nalalaman na ating hahatulan ang mga anghel?' Talata 3. At ipinahayag ni Judas na 'At ang mga anghel na hindi nangagingat ng kanilang sariling pamunuan, kundi iniwan ang kanilang sariling tahanan, ay iniingatan niya sa mga tanikalang walang hanggan sa paghuhukom sa dakilang araw.' Judas 6."—*The Great Controversy,* pp. 660, 661.

b. Ano ang magaganap sa katapusan ng 1,000-taong paghuhukom? Pahayag 21:2; 20:7, 8.

---

"Sa pagtatapos ng isang libong taon, magaganap ang pangalawang muling pagkabuhay. Kasunod, ang masasama ay muling bubuhayin mula sa kamatayan at haharap sa Dios para sa pagsasakatuparan ng 'paghatol na nakasulat. . . .' Ipinahayag ni Isaias, tungkol sa masasama: 'At sila'y mangapipisan, gaya ng mga bilanggo na mangapipisan sa hukay, at masasarhan sa bilangguan, at pagkaraan ng maraming araw ay dadalawin sila.' Isaias 24:22."—Ibid., p. 661. [Italics ng may-akda.]

c. Ano ang magiging huling kahahantungan ng masasama? Pahayag 20:9; Malakias 4:1.

---

"Sa naglilinis na apoy, ang masasama ay tuluyang malilipol, ang ugat at sanga—si Satanas ang ugat, ang kaniyang mga tagasunod ang mga sanga. Ang buong kaparusahan ng kautusan ay maisasakatuparan na; ang mga hinihingi ng hustisya ay matutugunan na; at ang langit at lupa, na nakasaksi, ay magpapahayag ng katuwiran ni Jehova."—Ibid., p. 673.

## 4. ANG BAGONG LUPA

Miy, Hun 24

a. **Ilarawan ang pangako ng Dios na gagawin muling bago ang lahat ng mga bagay. Pahayag 21:1, 5; 22:1, 2; Isaias 65:17.**

"Ang gawain ng pagtubos ay matatapos na. Sa dakong kung saan laganap ang kasalanan, ang biyaya ng Dios ay lalong sasagana. Ang kalupaan mismo, ang mismong lupang inaangkin ni Satanas na kanyang pag-aari, ay hindi lamang tutubusin kundi pararangalin din. Ang ating maliit na daigdig, sa ilalim ng sumpa ng kasalanan, ang nag-iisang maitim na batik sa Kaniyang maluwalhating nilikha, ay pararangalan nang higit sa lahat ng iba pang mga daigdig sa kalawakan ng Dios. Dito, kung saan ang Anak ng Dios ay nanahan sa pagiging tao; kung saan ang Hari ng kaluwalhatian ay nabuhay at nagtiis at namatay—dito, kapag ginawa na Niyang bago ang lahat ng mga bagay, ang tabernakulo ng Dios ay makakasama ng mga tao, 'at Siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan Niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila.' At sa walang hanggang panahon habang ang mga tinubos ay lumalakad sa liwanag ng Panginoon, pupurihin nila Siya dahil sa Kaniyang hindi masayod na Kaloob—si Emmanuel, 'Ang Dios ay sumasa atin.' "—*The Desire of Ages,* p. 26.

b. **Ano ang magiging pagbabago sa bagong lupa? Isaias 65:21–25; Pahayag 21:4.**

---

"Ang sakit ay hindi na maaaring umiral sa kalangitan. Wala nang mga pagluha, wala ng mga prusisyon ng paglilibing, wala ng mga tanda ng pagdadalamhati. . . .

"Sa Lungsod ng Dios ay 'hindi na magkakaroon ng gabi.' Walang mangangailangan o magnanais ng kapahingahan. Wala ng kapaguran sa paggawa ng kalooban ng Dios at pag-aalay ng papuri sa Kaniyang pangalan. Mararamdaman natin ang sariwang simoy ng umaga na hindi na matatapos. 'At sila'y hindi nangangailangan ng liwanag ng ilawan, ni ng liwanag man ng araw; sapagka't liliwanagan sila ng Panginoong Dios.' Pahayag 22:5. Ang liwanag ng araw ay mapapalitan ng sinag na hindi nakakasilaw, subali't hindi masukat na nakahihigit sa liwanag ng ating katanghaliang tapat."—*The Great Controversy,* p. 676.

"Sa Biblia, ang pamana ng mga naligtas ay tinatawag na 'lupain.' Hebreo 11:14–16. Doon, ang makalangit na Pastol ay ihahatid ang Kaniyang kawan patungo sa mga bukal ng buhay na tubig. Ang punongkahoy ng buhay ay namumunga bawat buwan, at ang mga dahon ng puno ay para sa kagalingan ng mga bansa. May mga batis na patuloy na dumadaloy, na kasinglinaw ng kristal, at sa tabi ng mga ito ay may mga punong nagwawagayway na nagbibigay ng lilim sa mga daan na inihanda para sa mga tinubos ng Panginoon. Doon, ang malawak na kapatagan ay umaangat tungo sa mga burol ng kagandahan, at ang mga kabundukan ng Dios ay nagtataas ng kanilang matatayog na taluktok. Sa mga payapang kapatagang iyon, sa tabi ng mga nagbibigay-buhay na batis na iyon, ang bayan ng Dios, na matagal nang mga manlalakbay at naging mga gala, ay makakahanap ng tahanan."—Ibid., p. 675.

## 5. PAANYAYA AT PAGPAPALA

Huw, Hun 25

a. Sa anong mga salita sinikap ni Jesus na hikayatin ang mga bumabasa ng mga propesiya ng Pahayag? Pahayag 22:7, 12–14.

"Ang Panginoon Mismo ang naghayag sa Kaniyang lingkod ng mga hiwagang nakapaloob sa aklat na ito, at nilayon Niya na ang mga ito ay magiging bukas sa pag-aaral ng lahat. Ang mga katotohanan nito ay nakatuon para sa mga nabubuhay sa mga huling araw ng kasaysayan ng mundong ito, gayundin sa mga nabubuhay sa panahon ni Juan. Ang ilan sa mga kaganapang inilalarawan sa propesiyang ito ay nakaraan na, ang ilan ay nagaganap na sa kasalukuyan; ang ilan ay naglalarawan ng pagtatapos ng malaking tunggalian sa pagitan ng mga kapangyarihan ng kadiliman at ng Prinsipe ng kalangitan, at ang ilan ay nagpapakita ng mga tagumpay at kagalakan ng mga tinubos sa lupang ginawang bago.

"Huwag nawang isipin ninuman, dahil hindi nila maipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolo sa Pahayag, ay wala nang saysay para sa kanila na saliksikin ang aklat na ito upang pagsikapang maunawaan ang kahulugan ng katotohanang nilalaman nito. Ang Isa na naghayag ng mga hiwagang ito kay Juan ay magbibigay sa masigasig na nagsasaliksik ng katotohanan ng isang sulyap ng mga bagay na makalangit. Yaong mga bukas ang puso sa pagtanggap ng katotohanan ay magkakaroon ng kakayahang maunawaan ang mga aral nito, at pagkakalooban ng pagpapalang ipinangako sa mga 'nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon.'"—The Acts of the Apostles, pp. 584, 585.

b. Paano tayo inaanyayahan ni Cristo na matagpuan ang walang hanggang buhay at kapayapaan sa pamamagitan Niya? Pahayag 22:17; Isaias 55:1; Juan 7:37, 38.

"Ang panawagan ni Kristo sa nauuhaw na kaluluwa ay patuloy pa ring naririnig, at ito ay nagsusumamo sa atin nang may higit na kapangyarihan kaysa sa mga nakarinig nito sa templo noong huling araw ng kapistahan. Ang bukal ay bukas para sa lahat. Ang mga pagod at nanghihina ay inaalok ng nakakapagpasiglang inumin ng buhay na walang hanggan. Si Jesus ay patuloy pa ring nananawagan, 'Kung ang sinumang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa Akin, at uminom.'"—The Desire of Ages, p. 454.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Hun 26

1. Paano ang mga salot maghahatid ng katapusan ng kasaysayan ng sanlibutan?
2. Sino ang makatatayo sa pagbabalik ni Kristo?
3. Ilarawan ang layunin ng paghuhukom sa loob ng 1,000 mga taon.
4. Ano ang magiging tunay na tahanan ng mga tinubos?
5. Nais ko ba nang buong puso na maging bahagi ng walang hanggang kaharian ng Dios?

# Mga Handog sa Unang Sabbath



## Sabbath, Abril 4, 2026

### Para sa Headquarters sa Italian Field

Panahon na upang palawakin ang kapakinabangan ng sentrong ito ng impluwensya sa Italya, para sa kaluwalhatian ng Dios. (Tingnan ang p. 4)



## Sabbath, Mayo 2, 2026

### Para sa mga Mission sa buong Mundo

Ang mga mahahalagang kaluluwa sa kadiliman ay lubhang nangangailangan ng pang-kasalukuyang katotohanan para sa ngayon—at maaari natin silang matulungang makatanggap nito. (Tingnan ang p. 25)



## Sabbath, Hun 6, 2026

### Para sa Isang Bahay-Panalanginan sa Prague

Tayo'y bumangon at magtayo ng isang monumento para sa kaluwalhatian ng Dios sa makasaysayang lungsod na ito na tanyag sa repormasyon! (Tingnan ang p. 51)